

Mga Katulong

NEMESIO E. CARAVANA

JESUS S. ESGUERRA

GEMILIANO PINEDA

LINA FLOR

Tagapangasiwa ng Anunsiyo

CONRADO M. ALVAREZ

ILANG-ILANG

"Ligaya't Aliw ng Lahat ng Tahanan"

Inilalathala tuwing araw ng Linggo ng
ILANG-ILANG PUBLICATION, INC.

Pasulatan at Pangasiwaan: Gusaling Roces,
1055 Soler, Sta. Cruz, Maynila

INIGO ED. REGALADO
Patnugot

PEDRO SANZ
Tagapamahala

HALAGA NG SUSKRISYON

6 na buwan P 7.00

1 taon P14.00

Ibayo (doble) ang halaga sa ibang bansa.

*Nakatala sa Kawanihan ng
Koreo bilang Pangalawang Uri
sapul noong Enero 11, 1946.*

BAON II

OKTUBRE 12, 1947

BILANG 52

Huwag...

Huwag mong sukatin ang gawa ng iba
sapagka't ikaw ma'y masusukat nila;
langit man kung minsan, sa iyo'y maganda
sa kanila'y hindi at walang halaga...

—JESUS S. ESGUERRA





LIMANG KALULUWA

O ISANG BUHAY

Maikling Kathambuhay ni PAT. A. DIONISIO

I.

ANG pangungutang ng buhay ng kapwa, ayon sa paniniwala ng karamihan, ay isang kasalangan walang kapatawaran. Sa ganáng mga masambahin na nagising sa paniniwalang katoliko, kapag buhay ang inutang ay buhay rin ang kabayaran.

Ang huling pamamalagáy ay siyang patakarang pinagbatayan ng nagsipaglagda sa mula't mula pa ng batas na nagpaparusa ng kamatayan sa sinumang marapatang umutang ng buhay ng kapwa. Nguni, sa pagbabagu-bago ng mga patakaran at pagkakaunlad ng mga bansa, at sa pagkabihasa

ng mga mámamayan ang mga dalubhasa sa iba't ibáng panig ng sandaigdig, unang-una na ang mga pantás na mambabatas, ang parusang kamataya'y karaniwang pinapalitan na lamang ng pagkabilanggong habambuhay. At kung ang pagkakapatay ng isang salarin sa kapwa ay udyok lamang ng pagtatanggol at pagmamahal sa sariling buhay, karaniwan na ring hinahatulan lamang ng ilanang taong pagkabilanggo, kung di man pawalang-kasalanan.

Sa isang dako, ang tinatawag na "Ley del Talion" ay pinaniniwalaan naman ng mga pambihirang tao na isang batas ng Kalikasan. Sapagka't sa iba't-ibang ulat

ng iba-ibang pangyayari sa sandaigdig, ang pagbabayad-utang ay nagaganap diumano bilang batas na hindi maaaring labagin ng kahit sino. At ang paniniwalang iya'y ibinabatay sa mga pangyayaring hindi maunawaan kung bakit naganap at paanong naisagawa.

Isang pangyayari sa Olonggapo, Sambales, may dalawampu't-limang taon na ang nakalilipas, ang pinag-ukulan ng masusing paglilimi ng maraming naninindigan sa "Batas ng Talion". Sa pag-uuwuwi nila ng mga pangyayari, na di-pangkaraniwan, ay tiniyak na... ang pagkakapatay ng isang sanggol na bago pa lang naggagapang

Si Diosdado Ay Napaharap Sa Isang Katayuang Nangangailangan Ng Kanyang Maagap Na Pagpapasiya At Pagkilos...



Si Diosdado, sa harap ng Hukuman.

digmaan, at ng magkakalahi man sa panahon ng kaligaligan, ay siyang magpapasinungaling sa "Batas ng Talion" at sa iba pang batas na pinaniniwalaan ng maraming mapanampalataya.

Tunghan natin ang sumusunod na pangyayari at hatulan kung anong batas ang nasunod.

* * *

SI DIOSDADO BAYANI ay isang lalaking mabait at mapagmahal na ama sa kanyang mga supling, bukod sa pagka-masintahing asawa. Noong bago magdigmaan ng Hapon at Amerika, si Diosdado ay namamasukang isang kawani sa isang palingkuran ng Pamahalaan ng Komonwels. Siya'y sumasahod ng walumpong piso lamang sambuwan. At sa halagang iya'y nabuhay silang maganak sa loob ng dalawang panahon at minsan ma'y hindi nagdanas ng kagipitan ang kanyang maybahay at dalawang anak.

Nguni't nang mabawi nang muli ng mga amerikano sa mga kawayang buong Pilipinas, salamat sa pagpapakasakit at katapangan ng iba't ibang pangkat ng mga "guerrilla" na siyang nagtaboy at tumugis sa mga hapon hanggang sa mga kabundukan, ang tatlong kaluluwang binubuhay ni Diosdado ay naging lima na. Sapagka't sa panahon ng pananakop, ang kanyang asawa'y nagluwal pa ng dalawang anak na magkapanunod ng taon.

Dahil sa pangyayaring iyan, nang siya'y pabalikin sa palingkurang pinapasukan at pasahurin lamang ng walumpong piso rin, sa halip mamalagi at magtiis sa maliit na sahod, ang ginawa'y nagbitiw at naglingkod sa isang sangay ng hukbong amerikano. Gayon na lang ang kanyang kasiyahan. Sapagka't ang walumpong pisong tinawanan lamang niya ay naging

(Nasa pah. 42 ang karugtong)

sa kanyang inang natutulog na ang ginamit ay isang gunting na napabayaang din ng ina na kumalat-kalat sa sahig na tinutulugan, ay isang maliwanag na patunay na itinatakdang "Batas ng Talion". Sapagka't diumano, ang kaluluwa ng bata na sumalin sa katawang iniluwal ng inang pinatay, ay siyang kaluluwa ng taong pinatay naman ng taong nangutang ng buhay na namatay nang hindi nakapagbayad. Pagkaraan ng maraming panahon, ang kaluluwa ng salarin na sumalin sa katawan ng babaing naging ina, at tinakdaan o tinadhanaang magbabayad ng kanyang pagkakautang sa kapanahunan, ay siningil ng kanya na ring anak upang masunod ang itinatakdang "Batas ng Talion".

Ang sumusunod na pangyayari ay hindi pagbabayad-utang, bilang katugon ng tinukoy sa unahan. Kung may inutang na buhay ang nasawi na dapat niyang pagbayaran, sa pagkakataong ito'y hindi na ang "Ley del Talion" ang nasunod. Sapagka't kung ang batas na iyan ang pagbabatayan sa lahat ng pangyayari at pagkakataon, ang pagpapatayan ng magkakalabang lahi sa panahon ng



Si Diosdado'y namili na sa palengke at galak na nagsisalubong ang kanyang asawa't mga anak.



Maging Si Mascardo Ay Napapaniwala Ni Marta Na Siya Nga Si Estrellang Nagbangon Mula Sa Kinalibingan

— XXV —

UMAGANG-UMAGA.

Samantalang abalang-abala sa pagbabalitaan ang maraming kapalagayang-loob ng mga Magsalin sa hindi nila maubus-isiping pagkabuhay na pamuli ni Estrella Madrid, ang namamatay-galak na si Marta Makairog ay pangiting nakaharap sa malaking salamin ng kanyang tokador. Binubulay-bulay ang lahat ng pangyayaring kanyang nasaksihan sa mga dinahang nite club. Nagunita niya ang pagbati ng ilang maharlikang babae at matitikas na lalaki ng lipunan, na ginanti namán niya nang bahagyang yuko ng ulo at ngiting pinamilaylay sa kanyang mga labi.

—Talagang paniwalang-paniwalala sila—ang naibulong sa sarili ni

Marta,—na ako nga si Estrella Madrid na asawa ni Dr. Medel Magsalin.

Parang baliw na humalakhak si Marta sa harap ng salamin.

—Mga hibang!!!—ang naibuntot pa sa kanyang halakhak.—Daratang ang araw na maisasakutaparan na ng kahabag-habag na manggagamot ang kanyang paghihiganti sa tunay na salarin. Walang salang ang pagkabuhay ng kagandahang ito ni Estrella Madrid, na nakuhang mailagay sa akin ni Magsalin, ay siyang bitag na kahuhulugan ng walang pusong salarin.

Binuksan ni Marta Makairog ang kanyang bag na nakapatong sa tokador. Inilabas ang "sigarette case" at kumuha ng isang sigarilyo at inilagay sa bibig, saka nagkiskis ng posporo at sinin-

dihan. Hinitit at pinailanlang pagkatapos ang usok. Muntik na siyang masamid sa pangalawang paghinitit at pagpapalabas ng usok sa ilong.

—Ang paninigarilyo lamang ang siyang kulang na kulang pa sa akin—ang bulong sa sarili ni Marta,—upang ganap na maging si Estrella Madrid na ako. Gayunma'y gasino nang pag-aralan ang bagay na ito. Sa dalawa pang maghapon ay matututuhan kong ganap ang paraang ginagawa ni Estrella sa paninigarilyo.

Nang muling magpailanlang ng usok si Marta ay biglang-biglang sumagi sa kanyang dilidili ang mukha ng isang lalaking pangahas na bumati sa kanya sa El Cairo nang mga sandaling papasakay na lamang sila ni Rosendo sa run-about. Buhay na buhay na nagbalik sa kanyang pandinig ang sinabi ng naturang lalaki: "Salamat at buhay ka pala. Akala ko'y tuluyang tinakasan ka ng hininga. May isang linggo lamang ako ngayon sa Maynila. Namalagi ako sa Hongkong nang mahigit sa santaong singkad. Naná-

nalg akong buhay pa sa iyong puso ang ating kahapon. Sinasabi ng aking káluwawang patatawarin mo ang aking mga kasalanan." Nagunita rin ni Marta Makairog ang kanyang isinagot sa naturang lalaki: "Wala kang nagagawang kasalanan sa akin. Maari ko bang malimot ang kahapong yaon?"


Isa pa uling halakhak ang narinig sa mga labi ni Marta Makairog pagdating sa bahaging ito ng kanyang pagdidilidili. Nang mga sandaling yaon sa harap ng salamin ay saka niya nagunita ang kahihyang gumapang sa kanyang mukha. Nahiya siya, sa-pagka't ni sa guniguni'y hindi niya nakikilala ang lalaking tinugon niya nang naukol sa "kahapong" binanggit.

—Talagang isa akong mabuting artista—ang nabigkas ni Marta sa wakas ng kanyang pagdidilidili.—Naniniwala akong hindi nahalata ng nasabing lalaki ang aking pagkukunwari. Sino kayang matikas na lalaki ang bumating yaon sa akin?

Biglang naipitlag ni Marta Makairog ang kanyang kanang kamay. Paano'y parang naramdamán niya ang nakapapasong daliri ng naturang lalaking inihawak sa kanyang bisig nang alalayan siyang pumasok sa awtong sinakyan ni Rosendo.

—Kataká-taká—ang muling naibulong sa sarili ng dalaga.—At anong kahapon kaya ang ibig niyang sabihin... saka anong kasalanan ang inihingi niya ng tawad?

Biglang nanlaki ang mga mata ni Marta Makairog. Nagunita niya ang aklát na kinapapalamnan ng talambuhay ni Dr. Magsalin. Sinapantaha niyang maaring ang bumati sa kanyang lalaki'y may malaking kinalaman sa kamatayan ni Estrella Madrid.



Kamukhang-kamukha si Marta ni Estrella, matapos sumailalim sa operasyong ginawa ni Dr. Medel.

Mga NAGSISIGANAP SA "ANG KAMAY NG DIYOS"

Marta	CARMEN ROSALES
Estrella	" "
Medel	LEOPOLDO SALCEDO
Mascardo	GERARDO DE LEON
Amado	ROBERTO ROSALES
Nila	Teresita Martinez
Elena	Rosie Lorenzan
Rosendo	Oscar Frasenda
Mario	Bert Olivas
Don Alfonso	Jose Luz Bernardo
Dña Felicidad	Candida Valderama

Direksiyon ni EDDIE ROMERO

Produksiyon ng Sampaguita Pictures, Inc.

ISINASAPELIKULA NA NGAYON!

Dugtong ni NEMESIO E. CARAVANA

Napatid ang pagninilay-nilay ni Marta dahil sa sunud-sunod na katok sa pinto na kanyang nárinig. Walang anu-ano'y humahangos na pumasok si Ursula at nangangatál ang mga labing nagsalita:

—Hinahanap kayo ni ispektor Mascardo. Sinabi kong wala kayo... nguni't nagpupumilit na buksin ko raw ang pinto at magsisiyasat siya sa bahay. Kung di ko raw bubuksán ay mapipilitan siyang wasakin ang pintuan.

Matagal na sandaling si Marta'y nag-isip-isip. Gayunmá'y hindi siya nasraan ng loob. Hinitit ang sigarilyong bago pa lamang kasisindi. Pinalabás ang usok sa ilong, saka...

—Papasukin mo ang dimonyong tiktik na iyán—ang wika ni Martang sabáy sa pagtayo sa luklukang nakapaharáp sa tokador.

Umalis ang utusan sa silid. Hindi naglipat-sandali at nárinig niya ang lagutok ng sapatos ni ispektor Mascardo. Ang tagibang na kalatog sa tablá ng takong ng sapatos ay siyang maliwanag na palátandaan na nasa malaking bulwagan na ang dalubhasang sekreteta. Pinuno muna ng hangin ni Marta ang kanyang dibdib, at sabáy sa pagpapabulalás ng isang buntung-hiningá ay binuksán ang pinto ng kanyang silid upang harapin ang kinayámutang panauhín.

Nanlaki sa pagkamanghá ang mga matá ni ispektor Mascardo. Matagal, matagal niyang minalas-malas ang kagandahang bumulaga sa kanyang paningin, saka pamanghang nalaglág sa kanyang mga labi:

—Estrella Madrid!

—Oo—ang walang kagatul-gatol na sagot ni Marta Makairog, —ako'y si Estrella Madrid. Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo?

Ikinuráp-kuráp ng dalubhasang tiktik ang kanyang mga matá. Banay-banay na lumapit sa nakatayong babae, na ipinalagáy niyang isang malikmatang nagkawatáng tao. Sinuring mabuti ng kanyang mga paningin kung ang babaing kaharáp ay nababalatkayuán lamang. Hindi nagsisinungaling ang kanyang mga matá: si Estrella Madrid nga ang kanyang kaharáp. Akala ni Mascardo nang mga sandaling yao'y sapupo siya ng isang magdarayang panaginip.

Inangát ni Mascardo ang kanyang kanang kamáy at sinalát ang kaliwang pisngi ng babaing mumámalikmata sa kanya. Ang manipis na balát ng kanyang mga daliri'y siyang nagpatunay, na hindi nababalatkayuan ang nilikhang nangungusap na kagandahan ng asawa ni Dr. Medel Magsalin. Pinabayaan ni Marta ang lahat ng ibig gawin ni Mascardo, pati na ang ginawang pagsalát sa tulis ng kanyang matangos na ilong, hanggang sa...

—Ano ang ibig sabihin ng kapangahasang inyong ginagawa?—

ang sa wakás ay náitanong ni Marta.

—Tunay palá ang tinanggáp kong balita: nabuhay si Estrella Madrid!—ang nagugulumihanang wika ng tiktik.—Nguni't paano makababangon sa ilalim ng lupa ang katawang bangkáy na sa aking palagáy ay tunaw nang ma-laon?

—Ang katarungan ang siyang bumuhay sa akin—ang wikang buung-buo ang tinig ni Marta,—upang isigaw sa harap ng mga alagad ng batás ang isang katotohanan, na hindi salarin si Dr. Medel Magsalin. Dárating ang araw na iháharáp ko sa iyo ang tunay na salaring umutang ng isang buhay.

Gulung-gulo ang isip ni Mascardo. Nang mga sandaling yao'y nágunita niya ang ginawang pagdakip kay Dr. Medel Magsalin. Ang mga katagang binigkás nito habang nilalagyan niya ng posas ang mga kamáy: "Kung binigyán ninyo ako ng pagkakataong máiturok man lamang ang huling inyeksiyon kay Estrella, sana'y mabubuhay siya at tátayo sa harap ng maykapangyarihan upang isigaw ang tunay na salarin." Nágunita rin namán ni Mascardo ang táhasang sinabi ni Dr. Medel Magsalin, matapos na igawad dito ang hatol na kamatayan ng mababang hukuman, na: "Dárating ang araw na papagbabalikin ko sa daigdig

na ito si Estrella Madrid, upang pagkatapos, ikaw na sumaksi at naglubog sa akin ay siyang sumigaw, na hindi ako ang kriminal na pumatáy sa aking asawa."

—Násaán si Marta Makairog? —ang sa di-kawasa at kung sa anong dahiláy náitanong ni Mascardo.

Isang matunog na halakhák ang namutawi sa mga labi ng nagpanganggáp na si Estrella Madrid, at...

—Itinago ko siya... upang sa mga huling sandali ng pag-uusig sa salari'y siyang maging pangunahing saksi.

—Kung gayo'y bakit hindi mo ipagtapát sa akin kung sino ang salarin?—ang táhasang amuki ni Mascardo sa kaharáp.

—Para kang hindi dalubhasang tiktik—ang paiwas na hadlang ni Marta Makairog.—Huwág nating bulabugin ang mailáp na ibon. Nasa mga kamáy ko ang silong huhuli sa kanya. Wala kang nárarapat gawin kundi... gampanán na lamang ang pagdakip sa mga huling sandali.

Natubigan at ginapangan ng kahihiyán ang dalubhasang ispektor.

—Tila magiging maliit akong lubha sa tungkuling ibig mong ipaganáp sa akin?—ang madalang na nábigkás ng tiktik.

—Nagkakamali ka—tugong nakangiti ni Marta.

—Nguni't... hintáy palá—ang

nábigkás ng tiktik nang biglang may gumuhit sa kanyang isipang isang mahalagang bagay.—Paanong nálanan ninyong isá akong alagad ng batás?

—Ha-ha-ha-ha-ha!—ang náibulalás ni Marta.—May maílingngid ba sa isang káluluwang nag balik sa lupa upang umusig ng isang salarin? Walang maáaring ilihim sa akin.

Lalo nang námanghá at nagtaká si Mascardo. Ibig-ibig na siyang maniwalang ganáp na si Estrella Madrid na nga ang kanyang kaharáp, na pinabalik ng mga Kamáy ng Diyos sa lupa upang alisán ng piring ang nakapikit na katarungang humatol kay Dr. Medel Magsalin. Gayon ma'y natátangáy pa rin siya ng bahid ng pag-aalinlangan na ang babaing kaharáp ay hindi siyang tunay na si Estrella Madrid, kundi isang likhang-sining na gawa ng isang dalubhasang kamáy. Tila masisiraan ng bait ang matunog na tiktik.

—Utang na loob—ang sa wakás ay násabing may-himig pakiusap ni Mascardo,—maáari bang máalaman ko kung násaán si Dr. Medel Magsalin?


Umiling-iling na nakangiti si Marta Makairog, saka...

—Bayaan mong masarili ko na lamang ang kanyang kinaroroonan—ang tugon ni Marta.—Magkikita rin kayo sa sandaling hinihingi na ng pangyayari. Wala akong maipakikiusap sa iyo, kundi tantanan mo na ang pag-uusig sa aking asawa. Táhasan kong masasabi sa iyo na wala siyang kasalanan... hindi siya salarin na katulad ng pagpapalagáy ng mga alagad ng batás at ng hukumang humatol sa kanya. Dárating ang araw, uulitin ko sa iyo: maáalsán ng piring ang bulág na matá ng katarungang nagparusa kay Dr. Medel Magsalin.

Halos matunaw sa harap ni Marta Makairog si Mascardo. Aywan ba't parang nawawalán ng lakás ang kanyang buong katawán sa mga pangungusap na binitawan ng ipinalalagáy niyang si Estrella Madrid. Nang mga sandaling yao'y naniniwala siyang nagbangon sa libingan ang isang patáy at nagsasalita ng katotohanan. Halos masisi ng batikang tiktik ang kanyang sarili sa ginawang pagdirin kay Dr. Magsalin sa harap ng hukumang lumitis.

—Isinusumpa ko sa iyo, Estrella Madrid, na tutulong ako sa iyo upang malutas ang mahiwagang usaping ito. Susundin ko ang iyong tagubilin, na tantanan ang pag-uusig sa manggagamot na tumakas sa bilangguan. Subali't araw-araw na ginawa ng Diyos ay dádalaw ako sa iyo upang magbaka-sakaling mabigyán ako ng himaton sa madaling ikadarakip ng kriminal na pumasláng sa iyong kamahalan.

—Hindi na kailangan, ispektor Mascardo—ang matatág na panangalanan (Nasa pah. 25 ang karugtong).



Isang mahiwagang lalaki ang natutop sa táhanan ni Dr. Medel.

SARUNG BANGGI

(ISANG GABI)

Nobela ni SUSANA C. de GUZMAN

(Ika-12 Labás)

Lumalapit Na Ang Kapalaran Kay

Nanding At Sa Malas Ay Maluluwas

Siya Sa Maynila Upang Maging Mang-aawit

SIP mo'y pistáng dakila ng nasyon nang magsirating ang ibá pang pangkát ng mga artista. Masayang-masayá namán ang lahá ng taga-nayon at langkáy-langkáy na nagdátingan sa may tindahan niná Bestre. Iniwan nilá ang mga gáwain at nagsisipanghaba ang mga liig sa panonood sa mga artistang noon lamang nápagawi sa kaniláng pook. Palibhasa'y kapuwa mabait ang magasawang Bestre at Sepa, kayá't ang sino ma'y malayang nakapasok sa tindahan upáng magsipanonood.

Naguguluhán man ang mga bagong dating, sinásagilahan man ng bahagyang pagkayamot ang direktor at mga pángunahing artista ay hindi silá makapagpahalata, nangakangiti lamang at malugod ra bináhati ang lahá pagká't nálalaman niláng mga waláng malay ang mga taga-nayon at galák na galák na silá'y mákita.

Nang magpánaugan na upáng magsimula sa pagkuha ng pelikula ang mga dumating ay saka natiyák ng mga ito na sadyáng waláng kamuwáng-muwáng sa gayong uri ng sining ang mga taganayon ng T. Ang ibá'y hindi na halos kumukuráp sa pagmamasid sa mga artista at tila nangamalik-matang kung paano.

—Magandang babae iyán!— anáng ibá, nang magdaán sa tabi nilá si Rosa Rosál,—kay-gandá ng balát at... anong haba ng pilikmatá!

Ang ibáng hindi makatiis ay kumákalabit kahit sa damit upáng matiyák na silá'y talagáng gising at hindi nangángarap.

Kung nahirapan ang direktor sa pagkuha ng pelikula ay dahil kay kapitáng Bestre na nanginginig nang mápaharáp na sa kámara at waláng tinig na lumabás sa bibig nang turuan ng kanyáng sásabihin, gayong sa itátanong ni Rosa Rosál kung maári siyang itawid sa kabiláng pampang ang isásagot lamang ay: "Opo, sa halagáng sansalapi."

—Artista na si Bestre ko—ang paghahambog ni kapitana Sepa sa mga kanayon,—pakinggán ninyo at magsásalita.

Dátapwá't nang simulán at dapat nang sumagot si Bestre ay gumaláw lamang ang bibig ngu-

ni't waláng tinig na lumabás.

—Natátakot po ako diyán, eh! —ang sagot ni Bestre sa nagtátanong na direktor na ang itinuturo ay ang "mike" na nakabitin sa kanyáng ulunán.—Hindi po ba maáaring alisin na iyán?

—Hindi maári, kapitán—ang

mahinahong sagot ng direktor bagamá't nag-iinit na ang ulo pagká't iká-limáng ulit na ng maikling tagpong yaon,—ang "mike" pong iyán ang sumásagap sa inyong tinig. Huwág ninyong pansinin, ulitin natin.

Anupá't sa ika-anim na pag-ulit



Kay-gandá ng balát at anong haba ng pilikmatá!—anáng ibá nang mákita sa hárapan si Rosa Rosál (nasa itaás).

ay nakapagsalita nga si Bestre, nguni't pasulyáp-sulyáp namán sa kámara at sa mga nanonood sa kanyá, kayá't pinutol na namán at nang maging ika-siyám na ulit ay saka pa lamang nabuo.

—Nákita na ninyo?—ang paghahambog ni kapitana Sepa,—mahusay si Bestre ko, pinaulit tuloy ng direktor dahil sa naiinaman siyá sa kilos ng aking asawa.

—Kailán kaya natin mápaganood?—ang tánungan namán ng mga kanayon.

—Málalaman natin—anáng kapitana;—tiyák namáng tayo'y áanyayahan pagká't kabilang na artista si Bestre ko!

Anupá't papalubog na ang araw nang tumigil ang kuhanán at mag-uwian ang lahá.

Nang gabing iyon...

Sa pagtutulung-tulong ng lahá ay náayos ang malaki-laki rin namáng looban niná kapitáng Bestre ukol sa palátuntunang inihanda pará sa mga pánauhing artista.

Isinasapelikula ng LVN

Tinátampukán niná

ROGELIO DE LA ROSA

MILA DEL SOL

TONY ARNALDO

Pinamatnugutan ni

SUSANA DE GUZMAN

—Kayo na po ang bahalang magpápaumanhin sa ano mang aming magiging kakulangán—ani Marina sa mga panauhin,—sabik na sabik po lamang ang mga tagaritong mákita kayo nang hárapan kung kayá't nagkákagulo.

—Sanáy na kami riyán!—ani Rosa namán,—wala kang áalalahanin, Marina.

—Mayroon po kaming inihandang palátuntunan pará sa inyo—ang patuloy ni Marina;—ináasahan kong kami'y inyong pauunlakán.

—Mangyari pa!—ang sagot ng "leading man" na si Alfonso Castelvi,—anong oras?

—Mámaya pong makahapunan ang sagot ni Marina.

—Oo—ani Rosa,—kung nári-riyán na silá'y tawagin mo kami.

Tuwáng-tuwáng nanaog si Marina sa tindahan at ibinalita kiná Nanding ang pagsang-ayon ng mga panauhin.

Masiglang-masigla ang lahat habang nagsisipaghanda at nagbibihis.

Bahagya pa lamang nagpáki-ta ang buwáng nasa kabilugan ay nagkakatipon na ang lahat sa looban niná kapitáng Bestre.

Huling nagsirating ang mga artistang parárangalán.

Sinimulán ang palátuntunan.

Sumayáw ng polka siná Nanding, Marina, Maneng at ang kasintahan nitong si Celia na matagál ding nanatili sa Maynila at biglaan ang pagkakáwi nang lihaman ni Maneng at ibalitang may kasayahan siláng idaraos.

Masayang-masaya ang sayáw nilá na sinásaliwan ng rondalya at áwitan ng mga kasama.

Libáng na libáng ang lahat.

Náhilingán namáng umawit si Bb. Rosa Rosál.

—Paunlakán namán ninyo kami, Bb. Rosál—ang hiling niná kapitáng Bestre.

Mahilig din namán palibhasa sa kasayahan kayá't nagtindig si Rosa, niyakag ang kasintahan sa pinilakang tabing na si Alfonso at ang wika:

—Ipinakita ninyo sa amin ang sayáw ninyo ay ipakikita namán namin sa inyo ang sayáw na tan-

yág ngayon sa Maynila—ang wika at nilapitan ang kinároroonán ng rondalya.—Iyang katátapos ninyong tugtugin ay baguhin lamang ninyo nang bahagya ang himig. Ganito—anyá, at saka inihuni kung paano ang ibig niyang mangyari.

Nang mátutuhan na ng rondalya ay pumagitna na silá ni Alfonso at ang polka ay náuwi sa samba.

Ang katuwaan ng lahat!

—Mahusay na talagá!—anáng marami.

—Mabait namán!—wika ng ilán, marunong makisama.

Anupá't naging kasiyá-siyá ang sáyawan.

Bilang panghuli ng palátuntunan ay si Nanding namán ang umawit at ang ipinarinig niyá'y ang **SARUNG BANGGI** sa saliw ng tatluhan at ng rondalya.

Nátahimik ang lahat!

Ang kani-kaniná'y hindi nápa-pansing si Fernando Flores ay binalingan ng tingin ni Rosa Rosál at matamáng pinakinggán ang pag-awit. Ang nakikipagkuwentong direktor ay natigilan at tiningnán kung sino ang umáawit.

Nápansin namán agád ni Marina ang gayong pangyayari. Tuwáng-tuwáng kinalabit ang katating siná Maneng at Celia at ang bulong:

—Mukháng naiibigan ang pag-awit ni Nanding—aniyá,—tingnán mo ang direktor at nápapakumpás pa at pagmasdán mo si Bb. Rosál at waláng kakuráp-kuráp.

—Máibigan sana nilá ang tugtugin ni Nanding—ani Maneng namán.

—May palagáy akong naiibigan na—ang tugon ni Celia,—tahimik na tahimik silá sa pakikinig.

Hindi pa natatapos ang awit ay tinawag na ni Rosa ang kani-láng direktor:

—Magandáng lalaki—aniyá,—magandá pa ang tinig, mukháng pakikinabangan natin siyá, direktor...

—Ganyán din ang aking palagáy—anáng direktor namán,—hindi ko akalaing magandá palá ang tinig ng binatang iyán, husto pa ang taás at mabuti ang katawán.

—Baka pakinabangan natin sa susunod kong pelikula—ang giit na ni Rosa,—hindi ba't isáng probinsiyang nápadpád sa Maynila ang kasaysayan noon? Bagay na bagay ang lalaking iyán.

Sumama ang mukha ni Alfonso Castelvi.

—Masama na iyán, “darling”—anáng pangunahing bituing lalaki,—mukháng ikáw na ang kumu-kuha ng mákakapalit ko, ah!

—Mainggitin ka namán—ang pairáp na sagot ni Rosa,—maári ba namáng ikáw nang ikáw ang mákatambál ko, di pagsásawaan tayo ng mga tao?

—Baka namán ngayon pa kayo magkagalit? Kahiyá-hiya tayo sa mga tagarito—ang pagpapauna ng direktor,—huwág ka nga namáng seloso, Alfonso,—ang baling sa lalaki,—para kang hindi artis-

ta. Hindi na kumibo ang lalaki bagamá't masama ang loob pagká't kilaláng-kilalá na niyá ang ugali ni Rosa Rosál. Kung makailán na siláng nagkagalit at nagkákabating muli kapág hindi na siyá makatiis. Siyá na rin ang nanunuyo.

Natapos ang pag-awit ni Nanding!

Unang pumalakpák si Rosa at sinundán ng lahat.

—Tawagin mo—ang hiling ni Rosa sa kaniláng direktor,—paparituhin mo at nang mákausap, natin.

Tumalima namán ang direktor, palibhasa'y sadya siyang nagháhanáp ng bagong mukha sa pinilakang tabing at isá pa'y naging ugali na niyá ang sumunod sa mga hilig ng pangunahing bituin ng kanyáng samahán.

—Nilapitan na ng direktor si Nanding—ang galák na galák na wika ni Marina kiná Maneng at Celia,—naku, magkapalad sana, máipagbili na sana ang kanyáng tugtugin.

Nang manaog buhat sa inihandáng tanghalan si Nanding at yayain ng direktor ay dinaanan ang kanyáng katipán, hinawakan sa kamáy at ipinagsama sa kinalihkmuán niná Rosa at Alfonso.

Noon lamang nápansin ni Rosa ang matamis na pagtitinginan niná Marina at Nanding.

—Nápakahusay mo paláng umawit, ano ba ang pangalan mo?—
(Nasa pah. 17 ang karugtong)

LUCKY STRIKE

ang kinapigiliwan ng madla



L.S./M.F.T.
LUCKY STRIKE
MEANS FINE TOBACCO

SOLE DISTRIBUTORS:


THE CATHAY CO.

316 NUEVA, MANILA

TEL. 2-61-06

“Mga sigarilyong suabe ang kailangan ng mga kabataang humihitit. Ito ang dahilan kung bakit ang hinihitit ko'y Luckies” ani Mary Lou Villafranca, magandang paraluman ng lipunan sa Maynila.

Makinig sa palatuntunan ng “Lucky Strike Parade” sa ganap na 7:30-7:45 ng gabi tuwing Sabado sa himpilang KZRH.



Ang *Arceles*

NOBELA ni INIGO ED. REGALADO

— XVII —

Napatunayan Ni Dr. Arcelon Na Si

Martin Ay Nasa Kalagayang Marupok Ang
Kalooban Bagama't Di Nakalilimot Sa Asawa


MATAGAL na hindi nagkáimikan si Martín at si Dr. Arcelón.

Ang mapanuring matá ng manggagamot ay nakapako sa kaharáp na noó'y pinagdirimlán ng mukha, nakapatong sa mesita ang dalawang siko at ang baba'y nakasalalay sa dalawang palad. Bagamán tila hiyang-hiya si Martín sa panauhin niyang manggagamot sanhi sa di-hinihintáy na asalin ni Selina, si Dr. Arcelón ay panatag na panatag sa pagkakáupo at parang waláng anumán sa kanyá ang gayóng pangyayari. Náipagpasalamat pa nga ng manggagamot ang inasal pa yaón ng babaing nagawa niyang kasangkapan sa pagpapagaling kay Martín pagká't siyá'y nagkaroon ng isáng pagkakátaón upáng ang lalaking itó, na inalihan ng di-mabuting sakit, ay kanyang mapakiramdamán. Kaya, pagkatapos na masid-masirin si Martín, si Dr. Arcelón ay nakagawa ng isáng hinuha: na, si Martín ay hindi pa gaanong mabuti; kahalimbawa niyá'y sigáng namatayán ng apóy na may malinit pa ring baga na pag násagilahan ng malakás na hangin ay sápiritáng magdiringas.

Sa matagál na ring karanasán ni Dr. Arcelón at alinsunod sa kanyang masinop na pag-aaral sa sakit na naging sanhi ng kanyang mga katangian ay lubós siyang naniwala na ang isáng gaya ni Martín, na gumaling dahil sa kahimalingan sa isáng babaing, ay nagiging isáng lalaking marupók, ang puso at nagkakaroon ng isáng talusaling ugali.

Pará sa kanyá, kay Dr. Arcelón, ay di nga kataká-takáng si Martí'y maging dalá-dalahan ni Selina, maging bilanggo sa puso nitó at kung may másip na isáng bagay ay dagling malimutan sa isá lamang ngiti ng babaing kinahimalingan.

Nagpakaingat nga si Dr. Arcelón sa pakikiharáp kay Martín. Hindi mabuting biglaín itó pagká't maáring sa di-hinihintáy na sandali ay pag-alaban ng loób at pagsiklabán ng damdamin. Bukód



—Doktor—anyá,—hiyang-hiya akó sa inyó sa inasal ni Selina. Isinúsumpa ko ang oras na ipinag kita naming muli.



(Copyright, Manila, 1947)

sa rito'y nápakiramdamán niyang si Martín ay may isáng puso'ng mahilig na totoó sa lahat ng minámahál niyá sa buhay.

—Nápakadali niyang akayin sa landás na patungo sa pugad na sarili—ang sa-loób-loób ay násabi ni Dr. Arcelón.

Malakás na nábabuntúng-hiniingá si Martín.

—Doktor — anyá, — hiyang-hiya ako sa inyo sa inasal ni Selina. Isinúsumpa ko ang oras na ipinagkita naming muli. Oo ngá't siyá ang babaing káuná-unahan kong inibig, nguni't si Gundíng at ang aking dalawang anak ang tanging may pitak sa aking puso. Marahil ay nagtataká ang marami kung bakit akó'y napagapos at sukat sa mga bisig ni Selina, nguni't di nilá nababatíd na talibugso lamang ang buhól ng aming tali.

Ná pamangá si Dr. Arcelón. Ang mga pangungusap na yaón ni Martín ay ganáp na nagpahiwatig sa kanyá na itó'y madaling mahihikayat upáng manumbalik sa kanyang pinanggalingan. Kaya lamang nagkákagayón ay sapagká't umiiral ang karupukan ng puso at ang kahibangan sa matamis na alaalang pinapanariwa ng isáng pagkakátaón.

—Wala kang dapat alalahanin —ang pangiting wika kay Martín ni Dr. Arcelón,—hindi akó bago sa lakad ng mundó at alám ko ang ugali ng mga babaing kahalintulad ni Selina: dahil sa pagibig na malaong nakuyóm sa puso ay nagiging mainit sa kanilang pagmamahál.

—Nguni't ang init na iyá'y na-

Kasusunog sa isáng pag-ibig na hindi kanyá—itinugón ni Martín na ang mga matá'y nanlilisik.

—Magparaán ka ng araw—tugón ng manggagamot,—sa akala ko'y mátututo kang lumabás sa isáng bagay na iyóng pinasukan; kung papaanong waláng gusót na di naáayos ay gayundíng waláng taling di nakákalág.

Nápatindíg si Martín. Sa isáng panig ng bintanang libid ng mga rehas na bakal ay nápasandíg, na ang mga matá'y ipinukól sa dakong nápakalayo na wari bagáng nagbábaká-sakaling mátanáw ang bahay na kimároroonán ng kanyáng asawa at mga anak. Nápatindíg din si Dr. Arcelón at pumiling kay Martín sa tabí ng bintana.

Nasísiyaháng lubós ang manggagamot sa lahat ng nápapansín niyá kay Martín. Higit sa lahat ng pagkakataón ay nalubós ngayón ang kanyáng paniniwala na ang tanging nagiging kakulangán, upáng ganáp nang maging maaliwalas ang pag-iisip ni Martín, ay ang mábalik siyá sa piling ng lalong pinakamámahál niyá sa buhay. Hindi oras ay náipanata tulóy ng kanyáng sarili na iisip siyá ng lalong mabisang kaparaanan upáng magkálmután ang dalawáng sa kasalukuya'y nagtátamasa sa isáng ligayang hiram lamang.

Waláng anú-anó'y nátanáw ni Martín ang awtong kinasásakyán ni Selina. Bigláng nagbalík sa dating kinaupán na sinundán naman ng manggagamot na sumandalíng naligalig sa pag-aakalang inalihan na namán ng dating sakit ang kanyáng kaibigan.

—Bakit?—ang náitanóng ni Dr. Arcelón.

—Dumáratíng na si Selina—itinugón ni Martín,—magpatuloy tayo kunwa sa ating pag-uusap at huwág nating ipamalay sa kanyá, bahagya man, na nálalaman nating sinusian niyá ang mga pinto.

Nápangiti lamang si Dr. Arcelón.

Di naglipat-saglit at náramdamán na ng dalawá na si Selina'y nagpakaingat sa kanyáng pagkákákyát. Náramdamán din niláng nang umakyát ay dahan-dahang sumilip sa susián ng pinto at kapagkuwá'y binuksán itó, sa pamamagitan ng susi, at buóng kasiyanáng-loób na humaráp sa dalawá. Ang dalawáng dinatnán ay nagkurwa namáng tila pa nágulat.

—Hindi ko málamán—ang natutuwáng wika ni Selina,—kung nápakahaba ng inyóng pag-uusap o nápakadali ng aking pagkáká-uwi.

—Alín man sa dalawá!—ang tugón ni Martín;—nagtagál man kami sa pag-uusap o nápadali ka sa pag-uwi, ang totoó'y náritó ka na!

—E anó ba, doktor—malugód na baling ni Selina sa manggagamot.—nagkáhúsay na ba kayó sa inyóng pinag-usapan?

—Oo—ang sagót ng manggagamot,—at kung akó'y dinatnán mo'y sapagká't sinunód ko ang iyóng bilin na huwág akóng umalís nang di ka pa dumáratíng.

—Maraming salamat, doktor; tunay nga paláng kayó'y isáng taong lubós na mapagbigáy-loób...

Nápansin ng manggagamot na ang lagáy ng kalooban ni Martín ay ibá kaysa kaní-kanina lamang. Sa pagdating na yaón ni Selina ay naging isá siyáng parang korderong maamo. Nawalán ng siglá at kung itingín ang mga matá'y parang humihingi ng awa sa kanyáng tinitingnán. Ayon sa pakiwari ni Dr. Arcelón ay umiral na namán kay Martín ang karupukán ng kanyáng puso sa harap ni Selina.

Nguni't ang manggagamot ay di nagpahalata.

—Yamang náritó ka na, Selina—ang wikang sinabayán ng banayad na pagtayo,—ay áalis na akó.

—Abá, at tila yata nakasama pa ang aking pagdating...—ang tapóng sabi ni Selina.

—Hindi sa ganoón...—itinugón ng manggagamot at kinuha ang sumbrero,—may mga pasyente pa akóng bibisitahin.

Pagkaalis na pagkaalis ni Dr. Arcelón, di pa marahil nakasakáy itó sa kanyáng awto, ay isáng halakhák na mapagtagumpáy ang halos ikinágulat ni Martín.

—Bakit, anó ang nangyari?—itinanóng sa humalakhák.

—Wala—ang masayang sagót ni Selina;—nguni't magsabi ka ng totoó, Martín, nang akó ba'y makaalis na'y wala kayóng nápuná ni doktor?

—Wala, anó iyón?
—Talagáng wala?
—Wala nga!

Humalakhák na namán si Selina.

—Nang akó'y dumating at bago pumasok—ang wika uli,—wala rin ba kayóng nápuná?

—Wala rin.
—Kay-hihina palá ninyó!—ang wikang sabáy tawa.

—Bakit, anó iyón?
—Tingnán mo.

At binuksán ni Selina ang kanyáng bag, kinuha ang susi, tinungo ang pintuan ng silid at binuksán.

Pagkabukás ay pinagmasdán si Martín.

At muling humalakhák.
—Anó ang ibig mong sabihin?—ang nagkukunwaring tanóng ni Martín,—hindi kitá mawawaan...

—Kung gayo'y ipaliliwanag ko sa iyó.

Nagbalík si Selina, matiwásay na naupo sa silyang kaharáp ng kinaupán ni Martín at matapos na tawanan itó, ay...

—Sinusian ko ang lahat ng pinto, bago akó umalís—ang wikang nakatawa?

—At bakit?
—Sapagká't ibig kong matiyák

(Karug'ong ng nasa pah. 35)


MGA ORASANG

TUNAY NA KAHALIHALINA...!


* GRUEN * BULOVA * ELGIN

* HAMILTON * ESTRELLA at

Iba pang Orasang yari sa Swisa.



PRINCE
CURVEX
17 Jewels



CONCORDIA
17 Jewels

AT MATAAS
ANG URI

ANG LAHAT NG ORASAN AY
PINANANAGUTAN

PILIPINAS
JEWELRY & WATCH STORE
233 CARRIEDO, QUIAPO, MAYNILA

May Tagapagkumpuni

JOSE P. SILVERIO
Dalubhasang Relohero
at Alahero

May 20 taong karanasan

"You've got a way with you,
Betty"

She's a
LUX girl

Isinulat Ng TADHANA

Sa Panulat ni
ALBERTO SEGISMUNDO CRUZ

SIYA, si Mercedes—ang maganda, kaak't-akit, at may "mga matang may takip-silim"—ay isang prima donna. May isang panahong lumabas siya sa opera at naging walang katulad nang siya'y maging Madame Butterfly sa walang kamatayang likha ni Puccini. Pagkatapos, ay naging Mutya ng Dulaang-Tagalog at namayani sa mga zarzuela. Dilag, gandá, sining . . . at sa ibabaw ng lahat, ay nasa kanya pa "ang mah'wagang pipit sa lalamunan". Kaya't . . . isang daigdig ang kanyang tahanga. Isang hukbo ng kabataan ang kanyang mga alipir!

* * *

Nguni't hindi maaaring manatili sa habang panahon ang panahong nagumpay. Dumating ang kagilalasan ng Hollywood sa Pilipinas: ang sinematograpo, sa unang pagkakataon, at nahibang agad ang kabataan. Nang lumaon ay ang buong bayang dati'y tumatangkilik sa sariling dulaan! Dito na nagsimula ang pagkaubos ng salapi ni Mercedes, at kasabay n'yan ay ang pagkawala ng kanyang mga tagahanga. Saka . . . hindi ba may isang pantas na nag-sabing— "Tumawa ka't makikita-wa sa iyo ang daigdig; lumuha ka't ikaw lamang ang luluha!"

* * *

Sa mabilis na takbo ng panahon at ng mga pangyayari, ay naisipan ng isang empresaryo saka ng isa pang may-ari ng isang sinematograpo na pasinayaan ang tinatawag nilang bod-a-bil. May palagay silang hindi dapat na mainip ang mga mawilihin sa pinilakang tabing na laging "aninong gumagalaw" na lamang ang nakikita sa isa o isa't kalahating oras na pag-aaliw. Kaya't, walang iniwan sa tinatawag na intermedio, ang bod-a-bil ay pinasinayaan nga sa Maynila.

Gaya nang lahat ng bagay na nababago sa panlasa, ang bayang mhiligin sa sine'y madali namang naakit ng bod-a-bil. At, isang la-

long pantas sa uri ng palabas na ito, ang walang anu-ano'y dumating sa Pilipinas buhat sa baybayin ng Pasipiko at Haway. Sumapi siya sa may-kapakanan sa sinematograpo, at sa isang tanging dulaan—sa dating Opera House—itinanghal ang tanging palatuntunang nagsasarili: ang bod-a-bil ng mga bod-a-bil sa Pilipinas! Dito napasama si Mercedes; sa katunayan ay siya rin ang itinanghal na prima donna at tinagurian pang Madame Sweetness.

* * *

Kaiba si Mercedes sa ibang kabaro niyang artista. Habang nagtatagal at lumalaon ay lalong nagiging mayaman at makapangyarihin ang kanyang ting. At, nindi lamang ito: lalo siyang marilag kung nasa tanghalan! Kaya't kay dami ng pusong kanyang nabibihag. Ang isang baliw na asendero sa Timog, halimbawa, na gabi-gabi, halos, ay nanonood ng palabas at naging panata na ang matulog sa ibang bilang, nguni't hindi sa bilang na siya na—si Mercedes na ang tumutupad.

* * *

Kung saan naroon ang Luningning ay doon din naroon ang panginorin. Hindi batid ni Mercedes na kahalubilo niya sa paglabas at artista ring katulad niya ang sa mula't mula pang sila'y magkakilala't magkatagpo dahil sa tawag ni Talia—noong una pang ang dulaan ay nasa karurukan ng pagmamahal ng madla—ay nagingat na ng lihim sa dibdib—ng dakilang lihim ng kanyang pag-ibig! At, ang umiibig na ito ay walang iba kundi si Renato, ang Pavaaso, na nasisiyahan sa pagtupad, hindi sapagka't napasasakit niya ang tiyan ng madlang nanonood, kundi napatatawa si Mercedes.

* * *

Sa likod ng telon, isang gab'y hindi nakapagpigil si Renato. Hin-



Ipinagtapát ng mapagpatawáng payaso ang banál na lihim ng kanyang puso, nguni't nápatawá lamang si Mercedes.

di na niya napunang siya'y nakagayak ng Pierrot, noon. Hindi na niya napunang nanlalaki ang bibig n'ya sanhi sa makapal na kulapel ng pula at bahid-bahid ang kanyang mukha sa lalong makapal ding pahid ng albina. Ang Payaso, si Renato, ay naghihimutok, ilang saglit pa, bago itaas ang tabing.

—Mercedes, kailangan mong nabatid. Bago ako mamatay ay dapat kong ipagtapat na inibig kita.

Napagulantang si Mercedes. Ngumiti at minasdan ang Payaso, sa katauhan ni Renato:

—Diyos ko, Renato, hanggang d'to'y nag'biro ka. Pinatatawa mo na agad ako!

* * *

Hindi nagdamdam si Renato. Hindi talagang makapagdaramdam siya, may askad man at pait, kung lasapin niya ang ipinanguusap ni Mercedes. Si Mercedes

ay inibig niya; marahil, kung hindi isang kabulaanan o paghamak sa isang dakilang alaala, ang pag-ibig na ito'y higit pa sa iniukol sa kanyang nasirang ina.

Sa katotohanan, hindi salaping kinikita niya ang nakasisiya sa kanya. Mahal niya ang kanyang sining ang kanyang sining sa pagpapatawa: sa paglunas sa sugat ng puso, sa pagdaramdam, at sa lahat ng mahayap na damdamin ng tao! Datapwa't nasa kaugnyan nito kung bakit siya lalong nagiging katang-tangi sa lahat ng Payaso: nasisiyahan siya, nadarama niya ito at parang nakikita ang langit ng kaluwalhatian kung sa pagtupad niya'y natatawa rin si Mercedes.

* * *

Minsan, makalawa at kung ilang ulit, na sa l'kod d'n ng telon ay ipinagtapat niya ang kanyang pag-ibig kay Mercedes. Gaya rin ng dati, nagtatawa lamang ito at itinuring na siya'y nagbi-

Ang Bawa't Guhit Ng Panulat Ng Tadhana Ay Batas Na Sumasaklaw Sa Buhay Ng Lahat Ng Kinapal...

Bira. Subali't gaya rin ng dati, hindi nagdaramdam si Renato, bagkus lalo pang naging masugid siya at itinuring na ang kanyang hakbangin sa pagsamba sa Mutya ng Bod-a-bil ay isa nang panata.

—Iniibig kita at iibigin kailan man!—wika ng Payaso, ni Renato.

—Kahit ako'y may kasintahan? —tanong ni Mercedes na waring nagpapasakit sa Payaso.

—Kahi't na!—ang sagot na pang walang ano man ng Payaso. —Sukat ang isipin kong hindi ka namamatay sa aking puso! Hindi mananakaw ang iyong alaala doon, kailan man...

At, si Mercedes ay humalakhak... pagkatapos, ay nagsabing: —Nagbibiro kang lagi sa akin, Renato. Baka sumakit na naman ang aking tiyan.

* * *

Nang lumaon, si Mercedes ay laging naanyayahan sa iba't ibang pagtitipon. Iba't ibang kasayahang panglipunan ang nada-luhan niya, sapagka't naging bahagi iyon ng kanyang kabantugan. Sa katotohanan, ay ang empresaryo pa ng dulaan ang nakapagsabing: "Huwag kang tatangi, Mercedes; lahat na iyan ay tagatangkilik nat'n at may puhunan ang ilan sa ating palabas!"

Bunga niyan, si Mercedes sa bibig din ng mga artista, ay lumilitaw na may laging kasama, diumano. Kung magkabihiro naman, ay may idinarating na balitang diumano'y minagdamag sa la ni gayon o ganito sa isang klub na panggabi.

"May tainga ang lupa't pakpak ang balita," anang kawikaan, nguni't si Renato, ang Payaso, ay nagtatawa lamang. Ayaw siyang maniwala. Hindi siya makapaniniwala! May pananalig siyang si Mercedes ay matalino. Hindi niya ipagagayon lamang at sukat ang kanyang kapurihan. Saka, sa kabila nito, ay ano kung magkagayon man si Mercedes? Hindi ba iniibig niya si Mercedes? Oo, iniibig niya si Mercedes, kahi't sa kasawian nito!

.....At siya'y patuloy, patuloy sa pagpapatawa, sa pagtupad ng kanyang tungkulin sa tanhalan. Kailangan niyang maaliw ang bayang nagdaralita, ang pusong nagdaramdam, ang kaluluwang nauulila. At, sa pangitain sa ibabaw niyan, ay dumarating sa kanya ang halakhak, hindi ng nagsisipanood, kundi ni Mercedes. Iyan ang kanyang s'gla, buhay at pag-asa.

* * *

At, ang maliit na pangkat ng mga artista sa bod-a-bil, na iyon, hindi naglaon, ay naging isang pangkat na ginamit sa pagyari ng pelikula rito. Sa madaling sabi, buhat sa dulaan, ang pangkat ng mga artistang iyon, unang-una na si Mercedes, ay naging artista na sa pinilakang tabing. Puhunang

dayuhan at Pilipino ang nagsama, nguni't nasa likuran ang mapag-imbob na hangarin sa negosyo. Mapatay ang sariling dulaan, hanggang sa kahulihul hang bod-a-bil kung maaari. Kailangang mabuhay at manatili ang mga likha ng Hollywood!

Nguni't ang Payaso, si Renato ay may ibang damdamin. May palagay siyang hindi siya dapat na sumama sa pangkat ng mga artista; sa katotohanan, ay tumanggi na siya sa pagsama, bagaman pati si Mercedes ay humikayat sa kanya at ipinarinig ang magandang kinabukasan sa pinilakang tabing.

* * *

—Hindi maaari, Mercedes, hindi maaari! Pabayaang mong ako'y maging palatandaan man lamang o mging krus ng namatay nating dulaan.

* * *

—Renato, akala ko'y iniibig mo ako. Hanggang sa huli'y nagbibiro ka pa.—ang wika ni Mercedes, na nakatiyak sa pagh'hirap na darating kay Renato, sa harap ng gayong paninindigan.

—Mercedes, magkahiwalay man tayo'y...hindi ka rin mamamata'y sa aking puso. Kailan man!—Pahayag ni Renato, bilang pahimakas.

At, sa habag at pagdaramdam ni Mercedes, ay nangilid ang luha

sa mga mata, bago hinagkan si Renato.

—Huwag kang lumuha Mercedes. Sa harap ko pa naman, isang Payaso—ang iyong Payaso!—pakiusap ni Renato.

Kaya't si Mercedes, may luha man ang mga mata'y ngumiti rin! Tumawa, humalakhak...hanggang sa mapag-isa si Renato, ang Payaso: nag-iisa sa karimlan, anang isang Makatang tumutula sa wika ni Cervantes.

* * *

Diyan na nagkahiwalay ng landas si Renato at si Mercedes. Ang una'y ayaw na magtaksil sa sariling sining, ang ikalawa'y nagsamantala sa pagkakataon, dahil sa pagpapahalaga sa kanyang katangian. at kagandahan.

* * *

Matuling nagdaan ang mga araw, buwan, at taon. Pagkatapos ay dumating ang "talaga ng Diyos". Ang Digmaan! Sino ang hindi masasaklaw ni Marte? Natigil ang hanap-buhay. Napatigil ang dulaan. Buhay, dugo, luha, paghihikahos, pagdaralita, pamumulubi... iyan ang tanawin, samantalang ang Kalansay na may Talukbong na Itim at may Kalawit ay nag-iwan ng bakas saan man.

* * *

Apat na taon halos na nasa buhay at kamatayan ang lahat.

Apat na taon, at ang Diyos ay hindi nakalimot sa bayang dating at dating ang mang-aalipin, gayong isa namang bayang bayani. Sa kanyang mapaghimalang biyaya, ay nakalipad din ang kalapati ng kapayapaan na taglay sa tuka ang dahon ng luwalhati. Nakapasok na rin, sa wakas, ang hukbong Amerikano, at nabawi ang lahat ng inagaw ng mananakop.

Nguni't, kahabag-habag ang Maynila! Kung ano ang larawan nito ay siya ring larawan ng buhay saan man.

Paano'y wasak na nga ang puso ng lunsod ng ligaya't kapalaran... Halos ay kaluluwa na lamang ang tumatangis sa kanyang kalansay, na nakalarawan sa durug-durog at wasak na mga gusaling walang nalabi kundi ang balu-baluktot at kalawanging bakal na pininsala ng dahas at lupit ng mga punlo at bombang pamatay ng magkabilang panig na nagpukasaan.

* * *

Sa lansangan ng Maynila ay mahaba ang hanay ng nagsisiasa sa rasyon ng hukbo. Lalong marami pa rin ang umaasa sa kawanggawa.. Walang tahanan, walang makain, walang mapagkaki-taan. At, sa ibabaw niyan, ay ang himutok at luha ng mga ulila! Sa kabi-kabila'y mapapansin ang larawan ng bayang nagdaralita at nagpupumiglás upang makabangon sa kapanganyayaan.

* * *

Sa simbahan—sa matandang simbahan ng purok na matao—ang simbahang kalansay na lamang ng nakalipas, nguni't sapolitang tinagpian at inayos nang bahagya upang may masilungan

(Nasa pah. 39 ang karugtong)



Sa labás ng simbahang ito'y marami ang naghanay na pulubi.



Halik SA BANDILA



Nagsilikus Ang Mga Mamamayan Sa Mga Nayon At Bukirin Upang Makaiwas Sa Kalupitan Ng Naninibasib Na Kaaway...

(Ika-40 Labás)

WALA pang kalahating oras na nakakákain silá nang mátanawán ng mga aluwagi ang unang bugso ng mga nagsisilipat buhat sa kalsada na pinangungunahan niná Victor at Dalmacio.

—Kay-daming tao nito!—ang násabi ng isá sa mga karpintero nang mátanaw ang mahabang hanay ng mga babaing may mga sunong na balutan at kilik na bata ang ibá at may akay na kani-kaniláng anak ang karamihan at mga lalaking may kani-kanyáng pasáng dalá-dalahan.

Patí si donya Mameng ay nakidungaw na rin sa nárinig sa mga nagsisipag-usap sa ibaba. Tumanaw siyá sa dakong pinagbubuhantan ng hugos nang mga taong nagsisilapit sa kaniláng kinalalag-yáng pook.

Náalaala ni donya Mameng ang ayos nilá nang nanánaog na ng bahay na lahat ay may daláng kung anu-anong balutan upáng ilulan sa awto. Nililingon pa nilá nang manaká-naka ang naglálagabláb na mga gusaling pinabagsakán ng mga bombang panunog ng mga kaaway.

—Ganyán din ang ayos namin nang tumakas sa Maynila—ang násabi ni donya Mameng sa kanyáng sarili.

—Kay-hirap nga namán ng digma!—wika namán ng iná ni Mira na nakipanood na rin sa ayos ng mga hiráp na hiráp na nagsisilipat na mga tao.

—Talagá!—sang-ayon namán ni donya Mameng.

—At hindi ko málaman ang mangyayari sa mga kabuhayan namin sa Maynila.

—Lalo na kami! Waláng naiwan kundi si tandáng Gilmo na dahilán sa katandaan ay mabuti na lamang sa waláng makátingin sa aming mga kabuhayan.

Kung sa bagay ay náilabás na lahat ni don Mateo ang kanyáng salapi sa banko noon pa mang sa pakiwari niyá'y hindi háhantong sa mabuti ang pag-uusap ni Kurusu at ng matataás na pinunong Amerikano sa Washington. Noon pa'y masama na ang kanyáng kutob. Sa takot na baka abutan ng mga panibagong utos ang kanyáng angaw-angaw na kayamanang nakalagak sa banko ay inilabás na ito at ang kanyáng mga

pangangalakal ay hinaplit niyáng matuos na lahat, kayá't ipinagbili kahit na sa murang halagá. Ang kaunting nálabi pa ay ipinamigáy niyá sa mga mámamayan. Mainam na iyon kaysa abutan ng mga kaaway at magamit sa kani-láng pakikilaban.

Kaya nang masok ang mga hapon sa Maynila, ang malaking bahay-kalakal ng mga Valdíña ay isáng gusaling linís na linís. Bago nakipaghiwaláy si don Mateo sa kanyáng mga kawani ay pinabau-nan niyá ang mga ito ng malalaking halagá nang araw na salakayin ng mga hapon ang Pearl Harbor. Alám ni don Mateo na iyon na ang simula.

At ang pagkakálikas nilá sa Katakti ay kanyáng ikinatuwa, sapagká't dahil sa may anak siyáng nasa Amerika ay maáring maging mitsá pa ang gayon ng kanyáng buhay na sa katandaá'y nais niyáng maparaán sa katiwasayan at kapanatagan.

Hayuk na hayok sa gutom si Victor nang dumating at ilapág sa may hagdanan ang kanyáng pasán. Pawisáng-pawisán din sa haba ng kaniláng nilakaran at sa gayong init ng araw.

—Magsikain na kayo!—ang wika ng iná ni Mira na inutusan si Serya na ipaghain ang dalawá. Kilalá niláng lahat si Dalmacio sapagká't sa amá nito nilá ipinamigá ang kaniláng mga daláng awto at nang hindi masamsám ng mga kaaway.

—Nguni't bakit bagá maraming nagsisilikas na pagawi rito?—ang tanong ni donya Mameng nang nagsisikain na ang dalawá.

—Nasa kalsada na po ang mga hapon!—ang sagot ni Masyong.

—Diyán sa Bustos?

—Opo!

—Naku, Santisima, diyata?

—Opo at kaya nagsisialis ang mga tao sa kani-kaniláng bahay ay...

—...ay ano?—tanong ng hindi na nakatiis na matandang babae.

—May ginahasa raw pong babae sa may patubig. Baka raw po ang mga dalaga ay gawán ng hindi mabuti ng mga kaaway kaya lahat ay nagsitakas.

—O, ay pati lalaki ay nagsisialis din, bakit?

—Mangyari po—ang paliwanag din ni Masyong,—ay may isáng matandang sinaksák ng bayoneta.



Ang mga naninirahan sa tabing kalsada ay nangagsisilikas sa malalayong nayon at nagsisiwas sa malulupit na kaaway.

Natatakot po ang lahát na baka bawát lalaki ay pagpapatayin.

—Diyos na mahabagin! Nguni't bakit namán sinaksák na lamang at sukat?—sabád ng iná ni Mira.

—Nanghihingi po ng manok o sa tuwirang sabi ay hinuhuli na nang waláng sabi-sabi ng hapon ang manok ng matanda ay tumutol ito. Sapát iyon upáng patayin ang kahabág-habág.

—Mga wala paláng puso ang mga taong iyán—ang wika ng matandang babae.

Noon ay daán at daán ang mga nagsisilikas na mga tao. May lumalampás sa kinalalagyán niná don Mateo at may mga tumitigil sa kahit aling bahay ng kaniláng kakilala.

Bago lumubog ang araw noon ay punuan na ang lahát ng bahay. Pati mga silong ay nagkaroon ng tao. Ang bisita ng nayon ay nagsikip din sa dagsa ng mga nagbubuhát sa kalsada. Hindi ang Katakti lamang ang nagsikip sa tao. Ang mga nayon man ng Lisyada, Malawak, Kamatsilihán at pati na ng Manatal, Bagungbaryo, Puláng-lupa at ibá pa ay tinakbuhán na rin ng mga gulilát na mámamayán.

Hapon na nang mápansin ni don Mateo ang mga nangyayari, sapagká't nagkawilihan silá ng pag-uusap ng amá ni Mira ukol sa ibá't ibáng bagay sa kalakal, pulitika, digmaan, kabuhayan, pag-aanak, paglalakbáy at ibá pa.

—Victor!—tawag ni don Mateo.

—Po!—sagot namán ng tsuper.

—Tawagin mo si Ninoy at ibig ko kayong mákausap na dalawá.

—Opo!—ang tugon nitong noon din ay nanaog. Hinanap niyá si Ninoy na kahit na tsuper ding naglilingkod sa mga Valdiña ay may gulang kaysa kanyá.

Nákita ni Victor na ang ipinahahanap ni don Mateo ay kaku-lupon ng mga aluwaging naghá-haplit sa pagyari ng bahay na lilipatan niná Ida.

—Ipinatátawag ka ni don Mateo—ang wika agád ni Victor.

Magkasabáy na nanhik ng bahay ang dalawáng tsuper.

—Umupo kayo rining dalawá. Ibig ko kayong mákausap ukol sa mahalagáng bagay.

Umupo namán ang dalawá sa magkalapit na silya na kaharáp ng kinaluluklukán ng matanda.

—Inibig ko kayong mákausap upáng balakin ang isáng mahalagáng bagay na may kinálaman sa ating kabuhayan at sa digmaang ito.

Nápakunot ang noo ni Victor sa nárinig.

Námamanghá namán si Ninoy sa gayong tila mahalagáng bagay na sa kanilá isinásangguni.

—Ang digmaang ito ay tila magtátagal—ang simula ni don Mateo sa paksáng siyáng sanhi ng pagkakátawag niyá sa dalawá.

—Nguni't malakás po ang Amerika—ang parang tutol ni Victor.

—Iyán nga ang sanhi kaya ito ay maáring magtagál.

—Ay ano po ang inyong binabalak?—ang náitanong ni Victor.

—Mamimili kayo ng maraming palay. Sa buwáng ito ay gágapasin na ang panlahát na ani. Ibig kong kayo'y lumibot sa paligid-ligid ng pook na ito upáng makapamilya ng palay. Matapos lamang ang bahay na iyán, ang ipasusunod kong ipagawa ay kamalig ng palay. Mainam na ang nakahanda sa lahát ng pangangailangan. Hindi natin makakain ang salapi.

—Panáy na palay na po ba lamang ang kailangang bilhin?—ang tanong ni Ninoy.

—Hindi lamang palay ang kailangan natin. Nábabalitaán kong sa lupang Bigaá na hindi kálaryuan dito ay maraming mapapamiling mga baka.

—Aalagaan po?—ang patanong na wika ni Ninoy.

—Mangyari pa, upáng kung kailán kailangan ay saka mákatay at máulam.

—Sino po kaya ang sásama sa amin sa paggala-gala sa mga nayong kalapit ay sa wala namán kaming mga kakilala sa pook na ito?—patanong na may alinlangan ni Victor.

—Pinagmagandaháng-loob na rin lamang tayo ng tatay ni Dalmacio ay pakalulubusin na marahil ng mabait na matandang pasamahin sa inyo ang kanyáng anak!—palawanag ni don Mateo.

—Nguni't kailangan din, itáy, na magkaroon tayo ng maraming manok,—sabád ni Ida na nakarinig sa usapan ng tatlong lalaki. —Mainam na ang tayo'y may manukan. Kami ni Mira ang magaalaga! —ang nagágalak pang dugtong.

Kinábukasan din ay lumakad ang tatlo. Hindi pa man gapás ang palay ay nagbigáy na ng mga paunang bayad sa maraming nakipagkásundong silá'y pagbibilihán ng mga ito sa araw na matakal ang kaniláng mga kahati. Bukod sa gayon, ang mga may-lupa man namáng pinabalitaan ng kanikaniláng kasamá ukol sa pamimili niná Victor at Ninoy ng palay ay nagsipayag ding magsipagbili ng bahagi ng kaniláng makakaparti, yamang ang ani ay hindi namán máuuwing lahát sa kabayanan.

Ang magkaibigan namáng dalaga ay tuwáng-tuwa sa pagpalaot sa initan at pakikisalamuha sa nagsisigapas ng palay sa malapit sa kaniláng táhanan, nang sumapit na ang linggo ng paggapas.

Nagkákagulo man sa mga kalsada na dináaraan ng mga kaway na nagsisirating nang bugsubugso sa ibá't ibáng bayan, ang mga nasa bukid ay patuloy sa kaniláng pagliligpit ng palay.

Ináagapan nilá ang mahalagáng biyayang itong siyáng máipagtawid buhay kapagka naging tootong maselan ang lagáy ng panahong nilikha ng digmaan.

Ang magkaibigan ay kapuwá nakapindong ng sutláng panyong

habing Baliwag at nakikihalahala sa mga nagsisigapas. Tigás na katuwaan ng mga dalagangbukid sa hindi kasanayang humawak ni Ida at ni Mira ng panggapas. Nguni't ang dalawá, lalo pa ang una, ay nakásumpang ng mainam na libangan sa gayong masiglang gawain sa bukid ng mga kabinataán at kadalagahan.

Hindi man panahon ng takbuhán, talagáng ang karamihan ng taga-kalsada ay nagsisidayo sa mga bukid na yaon ng panggapasan. Kayá't ang kaniláng paglilas sa mga kaaway ay nakabuti sapagká't nakápakigapas na tuloy siláng lahát.

Sa gitna ng bukid ay nakalatag na parang mga kawal na lulusob ang hindi mabilang na babai't la-

lakí na pawang may hawak na lik.

Ang dapat gawin sa loob ng dalawáng linggo ay natapos nang waláng anumán halos sa loob lamang ng isáng linggong singkád.

Pagkalatag ng beylita, ang mga nanulungan sa paggapas ay siyá na ring nagsipagdakot upáng isipok ang mga iyon sa malalapad na panulukan ng mga pilapil.

Bilang na rin sa nagsisipanulungan siná Ida at Mira na ang naging tungkulin ay magsipagluto ng minindál ng mga nagsisipanggapasan at nagsisipagdakot, yamang hindi silá makatagál sa mga halas at kati ng gilik ng mga palay.

Kaya nang imandala at giikin ang mga iyon, silá'y kabilang sa (Nasa pah. 36 ang karugtong)

MALAKAS ANG PAGLAKI!



Salamat sa

“LACTOGEN”

“Pinakamabuting Pagkain Ng Mga Sanggol”

ISANG
PRODUKTO NG
NESTLE





SI Maring, na dalawang buwan pa lamang nakakasal, ay nakaisip na siyang mag-anyaya naman sa ilan niyang mga dating kasamahan sa opisina, upang sila'y mahandugan ng isang munting salu-salo at tuloy maipagparangalan ang kanyang bagong tahanan at mga bagong kasangkapan na karamiha'y mga tinanggap niyang regalo sa kasal. Dati siyang takigrapa sa isang malaking kawanihan at doo'y may mga kasamahan siyang higit na napatangi sa kanya kay sa ibang mga nagsisipag-trabaho roon: sina Anding na teleponista, Rita na kahera at Tindeng na tulad din niyang takigrapa. Ang una'y isang balong may dalawang anak samantalang ang dalawa'y mga dalga pa hangga ngayon. Halos magkakasinggulang silang apat at bago siya mag-asawa, ay lagi silang magkakasabay sa pagkain ng kani-kanilang baon kung tanghali. Nang mag-asawa si Maring, ang tatlo niyang kaibigang ito ay nagsipagbigay ng mainam na alaala bukod pa sa naiabuloy nila sa ginawang ambagan ng lahat ng kawani sa kanilang pinapasukan, na ang kabuuan ay ibinili ng isang mainam na huwago ng silya at

SA ISANG PAGHAHANDA

mesita, na siya nila ngayong ginagamit sa salas ng kanilang munting tahanan ni Teo, na kanyang kabyak.

Sinabi ni Maring kay Teo ang kanyang nais at ito nama'y madalang pumayag. 'Batid ng lalaki kung gaano ang pagtitinginan ng apat na dating magkakasamang ito at nahuhulaan din niyang ngayon pa ma'y tila na hinahanap-hanap ni Maring ang dati niyang buhay-kawani at ang dati niyang pakikisama sa kanyang mga kaibigan.

—Dapat nating anyayahan dito ang pinakamalalapit nating kaibigan — ani Maring kay Teo, —lalo na yaong mga nagsipagbigay sa atin ng regalo. Nguni't uunahin ko sina Anding at sila ang higit sa lahat na malapit kong kaibigan. Saka natin isunod ang iba. Apat-apat lamang at hindi natin sila mapagsasabay-sabay. Una'y napakalaking gastos kung biglaan ang paghahanda. Ikalawa'y maliit namang totoo itong

ating bahay para sa malaking piging. Ikatlo, kulang ang ating kasangkapan.

—Ikaw ang bahala! — sangayon ni Teo, saka pa sinundan ng biro: — Nais mo lamang yatang magpasikat, eh! Gusto mo lamang patunayang mahusay kang magluto bukod sa mainam maggayak ng bahay!

Upang lalong masiyahan ang tatlong kaibigan ni Maring ay naisipan ni Teo na huwag siyang "makigulo" sa handaang idudulot ng kanyang kabyak. Batid niyang nanaisin nilang apat ang makapag-"solo" at nang makapagbalitaang mabuti. Sinabi niya kay Maring na sa takdang araw ay hindi siya uuwi ng tanghali at babayaan niyang silang apat lamang ang magkasama-sama. "Kayo ang bahalang mag-tsismes dito; ako'y sa may opisina na kakain."

Gulung-gulo si Maring sa kanyang paghahanda, kahit na tatatlo lamang naman ang kanyang magiging bisita at pawang mga ka-

palagayang-loob pa. Nais niyang makita ng tatlong ito na siya'y maligaya sa kanyang buhay-mayasawa: na mainam at maayos ang kanyang bahay at mahusay siyang mamahay.

Isang linggo pa lamang bago sumapit ang takdang araw, ay inisip n niya ang menu o kabuuan ng mga pagkaing kanyang ihahanda. Ito ang naisip niya:

Sopang Itlog
Ensaladang Upo
"Litson-litsunan"
Chuletas na Keso

Prutas at matamis na Makapuno

Ang sopas sa itlog ay madaling gawin, kaya't siya niyang pinili. Kailangan lamang ay ilang buto ng karne na karaniwang gamitin sa nilaga o singang. Pinakukulan upang kunan ng katas at ang pinagpakuluan ay hinaharuan ng tabletas na pampalasa na nabibili sa lahat ng dako, na kung tawagi'y "vechin". Ito'y upang lalong maging malasa ang sabaw. Sa bawa't tasa o pinggang malukong na pag-aahinan ng sopas ay kailangan ang isang itlog. Babatihin ng bahagya sa bawa't tasa at kapag oras na nang pagkain ay bubusan ng mainit na sabaw



Ang isang babae ay ganap na makikipag-pag-aayos ng tahanan at sa mabuting pagluluto ng mga pagkain.

nang dahan-dahan; hahaluin ng kaunti, saka bubudburan sa ibabaw ng bawang na binayong pino at tinusta sa kawali, tulad ng ginagamit sa lugaw na ginisa.

Ang "Litsun-litsunan" namá'y luto sa hurno. Sa kabutihang-palad, ang isa sa mga tinanggap na regalo sa kasal ni Maring ay isang maliit na hurno na naipapatong sa kusinilyang "de electricidad", at napaglulutuan ng mga mamon at iba pang lutuing pang-hurno.

Bumili siya ng tatlong kilong baboy na ang pinili niya'y yaong malamang bahagi ng balik. Ito'y inilagay niya sa isang kaukulang lutuang-pang-hurno at saka niya isinalang. Sinamahan niya ng kaunting tubig na sapat lamang upang huwag masunog o kaya'y manikit ang baboy sa kinalalagyan. Mayamaya ay sinagap ang katas na pumapatak sa ibabaw ng lutuan at ipinapahid iyon sa buong paligid ng baboy. Gayon din naman, pinaikit-ikit niya ang baboy sa lutuan upang magpantay ang luto.

SARUNG BANGGI...

(Nasa pah. 19 ang karugtong)

ang tanong ni Rosa pagká't noon lamang niya napag-ukulan ng pansin ang binatang yaong náda-daán-daana'y hindi man lamang alumana.

—Fernando Flores po—ang nahihiyá-hiya namáng sagot ng binata.

—Nag-aral ka ba ng pag-awit? —ang tanong pang pinalalambing ni Rosa ang kanyang tinig sa pagsasalita at sinisimulang akitin ang bagong kakilala.

—Hindi po—itinugon ni Marina pagká't ang nais niya'y máipag-hambog agád ang katangian ng kasintahan,—katutubo po ang kanyang tinig at... nábigan po ba ninyo ang kanyang inawit?

—Oo, magandá, ano ang pangalan?—ang sabád namán ng direktor.

—Si Nanding din po ang may likha—ang pagtatapat na ni Marina,—at pinanganlán namin ng Sarung Banggi.

—Sarung Banggi?—ang ulit ng direktor.—Ano namán ang kahulugán niyan?

—Isáng Gabi!—ang paliwanag ni Fernando.—Gabi po nang aking málikha. at...

Nagtinginan siná Marina at Nanding. Nápatigil sa kanyang pagsasalita si Nanding pagká't pinisil ng kasintahan ang kanyang palad. Ayaw nitong mállahad niyon ang dahilán kung bakit nálikha ang tugtuging pinag-uusapan.

Waláng nalilingid sa mga paningin ni Rosa; kitang-kita niya ang pagpipisilan ng mga kamáy ng dalawá at ang matamis na pagngingitian. Náhulaán niya agád na ang dalawá'y magsing-ibig.

Waláng kakibu-kibo si Alfonso. —Maupo kayo rito—ang alok ni Rosa at siya'y umurong upang mapalikmo sa tabi niya si Nanding.

Napilitang tumindig si Alfonso pagká't kung hindi pa siya áalis ay makapagbáastos lamang sa (Nasa pah. 39 ang karugtong)

gang sa ang kaayusan ay tila gatas kung ibuhos.

Nang matindi na ang kulo ng sabaw ng litsón ay inihalo ang arina at ang pinagsama'y hinalu nang hinalo hanggang sa maging "pantay". Tinimplahan ng asin at paminta na sapat sa panlasa. Ito ang pinakasalsa ng "litsun-litsunan".

Ang "Chuletas na Keso" nama'y mga hiniwa-hiwang keso "de bola" na tinalupan at inalisan ng pulang balot. Bawa't tahada ay binabalot na mabuti sa buong paligid ng arina saka itinutubog sa binating itlog at pinagugulong sa dinurog na biskotso, bago ipinipirito sa mantika. Kailangang maliksi ang pagpipirito nito at mádalian lamang; ni hindi dapat maging tustado. Kailangang ang malutong ay ang labas lamang at ang loob ay malambot.

Ang ensalada ay madali: upong tinalupan at hiniwa ng pinungpino saka inasnan at tinimplahan ng asin, suka, kaunting asukal at paminta. Ang kasamang sangkap ay hiniwa-hiwang kamatis at sibuyas "tagalog".


Sa madaling sabi ay naging mainam ang munting handa ni Maring at lubos na nasiyahan ang tatlo niyang kaibigan. Bakit ay panay na bago ang ginamit nilang kasangkapan: ang mga pinggan, kubyertos, baso, at pati ang mantel at mga serbilleta. Naging masayang-masaya sila at nang umuwi ang tatlo, ay pinag-usapan nila si Maring na, bukod daw pala sa mabuting kawani ay mainam ding mamahay.

—Talaga nga namang sa pamamahay napatotohanan ang ganap na pagka-babae ng isang babae—ang nawika nilá pagkatapos.—#

Ang Naiibigang Pelikula ng "Snapshot" Sa Pilipinas!



KODAK VERICHROME



NASA KILALA NANG DILAW NA KAHITA

Sapagka't kumukuha ito ng larawan sa may araw o lilim, maliwanag o kulimlim ang panahon.

Ang Pelikulang Verichrome ng Kodak ay bagay na bagay sa pagkuha ng mga larawan sa labas. Ito'y kumukuha ng mabubuting "snapshots" sa pagbubukang-liwayway sa umaga o pagtatakipisilim sa hapon, bina-bawasan ang inyong malliit na kasiraan sa pagkuha.

Makipagkita kayo sa inyong tagapagbili ng Kodak ngayon. Isang bagong pabimn ng Pelikulang Verichrome ng Kodak ang katanggap lamang.

Kodak Philippines, Ltd.
104-13th St., Port Area, Manila

PINANANAGUTANG URI... LAGI



Pinayaman ng purong Bitamina D3, ang Gatas Ebaporadang Darigold ay higit na itinatagubilin para pagkain ng sanggol. Ang gatas ukol sa inyong sanggol ay kinakailangang maging mabuting gatas—ligas, maaasahan, masustansiya. Ang Darigold ay pinananagutan sa mga katargiang i.o!

DARIGOLD Evaporated Milk.

Tanging Kinatawan: MARSMAN & CO., INC.—TRADING DIVISION
Trade & Commerce Bldg., Manila, Tel. 2-73-00. Sango: CEBU—ILOILO—DAVAO

NOONG araw ay may isang hari. Ang haring ito ay may dalawang anak na babaing kambal na pinangalang Rosa at Rosal.

Si Rosa at si Rosal ay magkamukhang-magkamukha. Kapwa sila ubod nang ganda. Nguni't sila ay magkaibang-magkaiba ng ugali. Si Rosa ay masungit at mapagmata sa mahihirap. Siya'y maramot sa kapwa bata at suwail sa magulang. Samantala naman, si Rosal ay napakabuti ng ugali. Magiliw siya sa lahat at maawain sa mahihirap. Maalalahanin siya sa kapwa bata at masunurin sa magulang. Kaya si Rosal ay mahál na mahál sa lahat ng mga tao, maging sa mga bata o sa matatanda, maging sa mahihirap o sa mayayaman. Ang lahat naman ay nagagalit kay Rosa dahil sa masamang ugali niya. Nguni't si Rosa ay pinagpapasensiyahan ng mga tao sapagka't siya'y anak ng hari nila. Siya'y isang prinsesa.

Isang hapon, si Rosa at si Rosal ay naglalaro sa kanilang malawag na halamanan. May narinig silang tumatawag. "Rosa! Rosal!" anang tinig. Tumingin ang dalawa sa may tarangkahan na pinagmumulan ng tinig. Nakita nila ang isang matandang babaing nakatungkod na gula-gulanit ang suot. Iyon pala ay isang matandang pulubi.

"Rosa," ani Rosal sa kakambal, "hayun ang matandang pulubi sa may tarangkahan natin. Tayo ang tinatawag niya. Halina, ating ita-nong kung ano ang ibig niya!"

Si Rosa ay sumimangot at su-



magot sa kapatid, "Bayaan mo nga siya! Isa lamang siyang pangit na matandang pulubi. Hindi na nahiyang tumawag-tawag sa atin. Hindi kaya niya alam na tayo'y mga anak ng hari? Hindi kaya niya alam na tayo'y mga prinsesa?"

"Huwag kang magsalita, nang ganyan, Rosa. Masama ang mang-api sa mahirap. Kaawa-awa naman ang matandang pulubi. Marahil ay ibig niyang humingi ng kaunting limos sa atin. Halina, tayo'y lumapit sa kanya," ang sabi ni Rosal.

"Ayoko nga", ang sagot ni Rosa. "Bakit ba ako lalapit sa mabahong matandang iyan. Para isang pulubi siya. Nakaaabala pa sa paglalaro natin iyan."

"Huwag kang ganyan," ang sabi ni Rosal. "Hindi ba ang sabi ng ating ama ay maging magiliw tayo sa mahihirap upang tayo ay mapamahal sa lahat ng mga tao? Halina at ating lapitan ang kaawa-awang pulubi. Kung ayaw kang sumama ay iiwan kita rito." "Huwag mo akong iwan, Rosal," ang samo ni Rosa sa kakambal. "Natatakot akong maiwang mag-lisa."

"Kung ganon ay halina. Kaawa-awa naman ang matanda. Naghihintay siya," ang sabi ni Rosal, sabay batak sa kamay ni Rosa.

Kahit na mabigat sa loob ni Rosa ay napilitan ding sumama sa kapatid niya. Lumapit ang dalawa sa matanda. Masamang-masama ang mukha ni Rosa. Si Rosal naman ay nakangiting bumati sa matandang pulubi. "Magan-dang hapon po, Impo. Ano po ba ang ibig ninyo?" ang magiliw na bati ni Rosal.

"Ay, mahal na anak! Ako'y napapagod at uhaw na uhaw dahil sa paglalakad sa matinding init ng araw. Maaari bang ako'y bigyan mo ng isang basong tubig na inumin?" ang sabi ng matandang pulubi.

Si Rosa ay nagalit. Namula ang mukha niya. Napakagat-labi siya at dumabog. Kinagalitan niya ang matandang pulubi. "Ikaw, pangit na matanda!" ang sigaw niya na galit na galit. "Hindi mo ba nalalaman na kami'y mga prinsesa? At ang akala mo ba'y mga alila mo kami na iyong mauutus-utusan? At saan ka nakakita ng isang magandang prinsesa na kamuha ng isang basong tubig na inumin para sa pangit na matandang pulubi?"

"Rosa! Rosa!" ang saway ni Rosal sa kapatid. "Huwag kang magsalita nang ganyan. Hindi mo ba nakikitang ang matanda ay talagang humihingal sa pagod at nauuhaw? Kaawa-awa naman siya. At saka... bakit ka magagalit? Ako naman ang kukuha ng tubig na inumin para sa kanya at hindi ikaw?"

Hindi na nakuhang sumagot pa ni Rosa sa kapatid sapagka't biglang nagdilim, kumidlat at kumulog. Nagyakap ang magkapatid at ipinikit ang kanilang mga mata. Ganon na lamang ang takot nila! Ganon na lamang ang pagkasindak nila! Nang lumiwanag uli at idilat nila ang mga mata ay isang ubod ng gandang dalaga ang nakita nilang nakatayo sa halip ng isang matandang pulubi. Siya'y may putong na koronang nangingislap sa taglay na mahahalong hato. Sa isang kamay ay hawak ang isang bastong may nangingislap ding bato. Ang kanyang mahaba at kulot na buhok ay nakalugay. Ang damit na suot niya ay habi sa ginto at pilak na sinulid.

Si Rosa ay natigilan at hindi nakakibo. Si Rosal ay hindi nakatiis at magalang na nagtanong, "Sino po ba kayo at saan po naroon ang matandang pulubi na kanyang lamang ay kausap namin na humihingi ng isang basong tubig?"

Ang magandang dalaga ay ngumiti at maamong sumagot kay Rosal. "Rosal," aniya. "Ako ang diwata ng Kagandahan. Marami akong nababalitaan tungkol sa iyo at sa iyong kapatid na si Rosa. Kaya ako'y nagmukhang matandang pulubi upang subukin kayong dalawa. Ibig kong malaman kung totoo nga ang mga nababalitaan ko tungkol sa inyong dalawa, na ikaw raw ay magiliw at maawain sa mahihirap, samantalang ang kapatid mong si Rosa ay masungit, mapagmataas, at mapagmata raw sa mahihirap. Ngayon ay napatunayan kong totoo nga. Kaya upang ipakilala sa ibang mga bata na masama ang maging masungit, mapagmataas, at mapagmata sa mahihirap, ay gagawin kong isang bulaklak na maganda si Rosa nguni't may tinik upang makilala ng mga tao na ang kagandahan ay para sa mga mata lamang. At ikaw, naman, mahal kong Rosal, ay gagawin ko ring isang bulaklak na puti at may gintong puso, tanda ng

Republic of the Philippines
Department of Public Works and Communications
BUREAU OF POSTS
Manila

SWORN STATEMENT
(Required by Act No. 2580)

The undersigned, A. C. FABIAN editor/managing editor/business manager/owner/publisher, of ILANG-ILANG (title of publication), published Weekly (frequency of issue), in Tagalog (language in which printed), at Manila (office of publication), after having been duly sworn in accordance with law, hereby submits the following statement of ownership, management, circulation, etc., which is required by Act No. 2580, as amended by Commonwealth Act No. 201:

Name	Post-Office Address
Editor: INIGO ED. REGALADO	1055 Soler, Manila
Managing Editor	1055 Soler, Manila
Business Manager: A. C. Fabian	1055 Soler, Manila
Owner Ilang-Ilang PUB., INC.	1055 Soler, Manila
Publisher: ILANG-ILANG PUB., INC.	1055 Soler, Manila
Printer: RAMON ROCES, INC.	1055 Soler, Manila
Office of Publication	1055 Soler, Manila

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one per cent or more of the total amount of stocks:

MAMERTO ROXAS	BENITO PRIETO
DIOSCORO SARILI	JOSE LEGARDA
LUIS J. REYES	

Bondholders, mortgagees, or other security holders owning one per cent or more of total amount of security:

NONE

In case of publication other than daily, total number of copies printed and circulated of the last issue dated September 21, 1947.

1. Sent to paid subscribers	6,503
2. Sent to others than paid subscribers	81,133
Total	87,636

A. C. FABIAN
(Signature)
Business Manager

Subscribed and sworn to before me this September 26, 1947, at Manila the affiant exhibiting his Residence Certificate No. A-8951 issued at Manila, on January 15, 1947.

D. H. SORIANO
Atty.-at-Law Notary Public

Doc. No. 185, Page 38
Book 1, Series 1947.

SARUNG BANGGI...

(Karugtong ng nasa pah. 17)

haráp ng mga yaon.

—Kung hindi ninyo mámasa-main—aniyang nakangiti pa rin bagamá't parang sásabog ang dibdib sa sama ng loob,—ay hihi-lingin ko sana sa inyong pagpau-manhinán na akong makapanhik, pagká't sumásakit lamang ang aking ulo.

—Sige na—ang matuling sagot ni Rosa,—kailangan mo ngang mápahingá.

Umalis si Alfonso nang wala namáng nahahalatang ano man siná Marina at Fernando.

—Naiibá ka sa iyong mga ka-nayon—ang ulit na papuri ni Ro-

magandang ugali at malinis na loob. Ikaw ay gagawin kong walang tinik upang ang iyong kagandahan ay hangaan ng tao hindi lamang sa tingin kundi upang mahawakan at purihin."

Pagkatapos magsalita ng Diwata ng Kagandahan ay iniwasiwas ang kanyang baston nang makaitlo sa uluhan ng dalawa at agad-agád na naging busilak. Si Rosa ay naging rosas na maraming tinik at si Rosal ay naging rosas na puti at may gintong puso.

Talasalitaan

kambal — twin

magkamukhang - magkamukha —

closely resembling each other

ubod ng ganda — most beautiful

magkaibáng-magkaibá — entirely

different

masungit — ill humored

mapagmata sa mahihirap — des-

pises the poor people

maramot — stingy

suwail — disobedient

magiliw — gracious

maálalahanin — thoughtful

pinagpapasensiyahan — given al-

lowance for her shortcomings

tarangkahan — gate

pinagmumulan — source

nakatungkod — with a walking

stick

sumimangot — pouted

limos — alms

napilitan — was forced

masama ang mukha — sour face

uhaw na uhaw — very thirsty

matinding init — severe heat

namula ang mukha — the face

turned red

napakagat-labi — bit one's lips

dumabog — showed annoyance in

an angry manner accompanied

with stamping of the feet

humihingal — gasping

kumidlat at kumulog — lightning

flashed and thunder roared

ipinikit — closed

idilat — to open

sa halip — instead of

putong — crown

nangingislap — sparkling

kulot — curled

nakalugay — let loose and hanging

habi — woven

napatunayan — proved

hangaan — to admire

iniwasiwas — waved.—#

sa,—magandá ang iyong tinig,

marunong kang lumikha ng awit, at... magandá kang lalaki. Ano ang hángarin mo sa kinábukasan?

Si Marina na namán ang sumagot:

—Ang pangarap po niyá—aniyang nápapabilis ang pagsasalita sa malabis na kasiyahán,—ay ang málimbág ang isá man lamang sa kanyáng mga likha at maringig na tinutugtog o ináawit sa pinilakang tabing... kahit na sa radyo!

—Ahá!—ani Rosa na tátangutango,—hindi mahirap na hángarin iyán, direktor!—ang baling pa sa kaniláng direktor.

—Madali iyán!—anáng direktor namán,—ang kailangan mo lamang ay isáng magpápakilala sa iyo sa madla, mápakapit ka sa isáng malakás-lakás at matutupád na ang iyong pangarap, baka lumabis pa!

Lumápit sa kanilá ang iláng panauhín at nagsipagpaalam. Malalim na ang gabi at nais namán niláng makapagpahingá ang mga panauhín. Silá na lamang ang naiwan at sinamahan lamang niná Maneng at Celia. Ang magasawang kapitán Bestre at kapitana Sepa ay sa tindahan na nagantabáy na kaumpok namán siná tata-Ibyong, tata-Terio at ang iná ni Celia.

—Mukháng pápalarin ang anak ninyo, tata-Ibyong—wika ni tata-Terio,—nápuri ng direktor at kintang-kita kong ipinatawag ni Bb. Rosál.

—Mano na nga!—anáng amá namán.— ibig kong magkaroon ng mabuti-buting kita ang batang iyán bago silá mákasál ni Marina at nang sa ganoo'y waláng masabi siná kabisang Berong.

—Nagkákabuti silá nang usapan—ang pansin namán ni Bestre,—nagkákatuwaan pa, tingnán ninyo.

Ang lahát namá'y lumingon sa pook na pinagtitipunan ng anim at nakikitango, nakikitawa gayong hindi namán nilá náririnig at nálalaman kung ano ang pinag-uusapan.

—Ako po'y nagtapos ng "high school"—ang pagtatapat ni Nanding sa pag-uusisa ni Rosa,—hindi na po ako nagpatuloy pagká't mahirap na ang mápasubo sa Maynila, hindi na po kaya ng tatang ko ang ako'y patuntungin pa sa Unibersidad; kami po'y mga marálitáng tao lamang.

—Paano kang nakagágawa ng tugtugin?—ang usisa namán ng direktor.

—Nag-aral po akong talagá ng gitara—anáng binata,—hindi ko po makayang ipaliwanag sa inyo kung paano ako nakalikha ng tugtugin... dumárating na lamang po at sukat, natutugtog ko sa aking gitara nang waláng anuano, tulad ng aking Sarung Banggi. Naghihintáy lamang ako, isáng gabi, at ang buwáng kabilugan ang tumátanláv sa akin ay nálik- (Nasa pah. 39 ang karugtong)

Pinakamabuti Sa Lahat Ng Bagay



Ang "polo" ay napakahirap na laro na nangangailangan ng higit na kasanayan at lakas—at ang isang manglalaro, upang maging mahusay ay kailangan ang maraming taong pagsasanay at paglalaro.

GENERAL

Gomang Pangpasaherong
"Silent Grip"

TIRE

Bilang naging bunga ng mahigit sa tatlong taong karanasan at pangunguna ay ang bukod-tanging Gomang ito ng General na pampasahero na may kataangiang "Silent Grip". Ito ay makapit kung pinahihinto, at may mukhang mataagal gamitin, na nangangahulugan ng maraming milya ng madulas na paglalakbay kahit na sa mga daang mababok. Igit ang Gomang General na pampasaherong "Silent Grip".



Mga Tagapamahagi:

AMERICAN FACTORS (PHIL.) INC.

ROOM 307 MYERS BUILDING · PORT AREA · TEL. 2-65-72

Ang radyong Hotpoint ang siyang dapat gamitin Nang ganap na masiyahan sa "Spell To Win"



Sa Himpilang KZRH, tuwing Linggo Ikawalo ng gabi. Pakinggan ninyo!

PHILIPINES



— XXV —

SI MAGANDA

MADALING-ARAW na. Inihudyát ng pagtitilaukan ng mga labuyo ang pagdating ng umaga,

samantalang hindi halos humihingá siná Ban at Abá sa kaniláng pagkakátayo sa magkábiláng panig na hawak kapwa ang kani-kaniláng pamatáy na pana.

—Dumating din ang mga san-

Sa Kauna-unahang Pagkakataon Ay

Nakita Ng Dalawang Magkapatid Ang

Dalagang Pinipintakasi: Si Maganda



—Nakita kita sa panaginip nang minsang nahiga ako sa kamang ginto ni Neptuno—ani Aba.

dali ng aking paghihiganti—ang bulong sa sarili ni Ban.—Uutangin ko ang iyong buhay upáng mawalan ako ng kaagaw sa balát

ng lupa.

—Dinaramdám kong pumatáy ng isáng lalaking kamukháng-kamukha ko—ang náwika namán sa sarili ni Abá.—Nguni't wala akong magagawa. Hinihingi ng pangyayari na umutang ako ng buhay.

Nang mga sandaling sisigaw na lamang sana ang hari ng mga duwende, na siyang hudyát sa pagpapasimula ng pagpapanaan, ay bigláng-bigla na lamang naká-rinig silá ng malakás na ugong ng tila malalaking ibong patungo sa lawang ang tubig ay nasásalamin. Natigilan ang dalawang duwende. At ang matandang nanihiran sa paligid-ligid ng násabing lawa'y paanas na bumulong sa isá:

—Dumárating na ang pangkat niná Magandá. Silá'y nangakadamit kalapati kung dumádalaw sa lawa upáng-maligo.

Nagbagong-akala ang hari ng mga duwende. Binulungán ang kasama:

—Lapitan mo ang iyong kapanalig at sabihing mangubli kayo sa isáng malagong puno ng kamuning.

—Hindi maári—ang tugong patutol ng matanda.—Kailangang lutasin ang kaniláng labanán. Si Magandá'y hindi maáaring ariin ng dalawá.

—Sundin mo ang aking hángarin—anáng hari,—huwág nating bulabugin ang pangkat ng mga kalapating dumárating.

—Kung ayaw mo'y ako ang sigaw upáng magpasimula silá ng pagpapanaan.

At akmáng sisigaw na sana ang matandang duwende, nguni't maliksing naagapang takpán ng hari ang bunganga ng matanda. Gayunmá'y nakapamulanggos din sa labi ng matandang duwende ang isáng naimpit na tili.

Ang dalawang binatang handang magpátayan ay bigláng nagharáp at hinigit kapwa ang bagting ng kani-kaniláng mga pana.

Nguni't...

—Hintáy!—ang gumimbál at naghari sa katahimikan.—Huwág kayong mga ulol.

Patingaláng natigilan ang dalawáng baguntau. Nasilaw ang kaniláng mga matá sa isinasabog na liwanag ng labintatlong kalapating nagpápaligid-ligid sa kaniláng ulunán.

—Ako'y si Magandá—ang wika ng kalapating puting-puti na ang tuká'y ginto.—Pagpitaganan ninyo ang kabanalan ng lawang nasasalamín na siyá kong páliguán. Hinihingi ko sa inyong dalawá na isalong ang inyong mga pana.

Lumapág sa lupa ang puting kalapati. Waláng anu-ano'y naging isáng magandang paraluman si Magandá na naghubád ng balatkayong sa-kalapati.

—Lumapit kayo sa aking harapán—ang wika ni Magandá sa dalawáng baguntau.

Siná Ban at Abá'y hindi nakatutol sa sinabi ng paraluman. Dahan-dahang binuhat ang kaniláng mga paá na papalapit kay Magandá. Nang nasa harap na silá ng bathala ng alindog ay muling nangusap ang dalaga:

—Sino kayo at ano ang inyong pakay?

—Ako'y si Ban—ang pakilala ng isáng binata,—na anak ni Lakás at ni Matimtiman.

Sinuyod ng tingin ni Magandá ang binatang nagsalita. Hinangaan niyá ng gayon na lamang ang tikas at kagandahang lalaki nito.

—At ikáw, sino ka?—ang ta-

nong namán kay Abá, sabáy sa pagpapako ng kanyáng mga matá sa baguntau.

Nagulumihanang gayon na lamang ang paraluman ng Arayat. Paano'y iisáng mukha ang kanyáng nákita sa dalawáng baguntauong kaharáp. Pinagpalipatlipat ni Magandá ang kanyáng mga paningin sa dalawáng binata: talagáng iisáng larawan lamang ang nákikita niyá sa dalawáng kaharáp—magkamukháng-magkamukha.

—Sino ka?—ang ulit na tanong ni Magandá sa binatang hindi man lamang nagbubuká ng kanyáng mga labi.

—Ako'y si Abá—ang mabana-yad na tugon ng anak-anakan ng lambana.—Ang amá ko'y si Luyong at ang iná ko'y si Halimuyak.

Sumilay sa mga labi ni Magandá ang isáng ngiting punung-puno ng katamisan.

—Ano ang sanhi ng iyong ipinarito?

—Mahalagáng-mahalagá!—tugon ni Abá na nanginginig ang tinig.—Nápanaginip ko ang iyong kagandahan, nang minsang nakahiga ako sa kamang ginto sa palasyo ni Neptuno.

Naligalig si Magandá nang marinig niyá ang pangalang Neptuno. Hindi niyá maáaring mali-mot ang matandang panginoon ng karagatan na siyáng nagligtás sa kanyá sa isáng tiyák na kamatayan, at pagkatapos ay nagpala sa kanyá sa kaharián ng mga isda.

—At ikáw namán—ang baling kay Ban ni Magandá,—ano ang dahilán ng iyong idinalaw sa lawang ang tubig ay salamin?

—Nápangarap ko ang iyong alindog—ang tugon ni Ban.—Mula noo'y hinanap-hanap ko na ang iyong mga bakás. Salamat kay Ipuipo at dinalá ako rito.

Matagál na sandaling nag-isip-isip si Magandá. Ang totoo'y naging lamán na ring minsan ng kanyáng panaginip ang mukha ng dalawáng binatang kanyáng kaharáp. Hindi lamang niyá matiyák kung sino sa dalawá ang nákita niyá sa pangarap. Sinuman sa mga kaharáp ang kanyáng balingan ay nasisira ang kanyáng matalas na pananda sa pagkilala.

Nang mga sandaling yao'y lumapág na ri't naging mga dalaga ang labindalawáng abay ni Magandá. Káuná-unahan pa lamang pangyayari sa buhay ng mga abay na makákita ng mga lalaki. Hinangaan niláng gayon na lamang ang tikas ng dalawáng baguntau.

—Nguni't... ano ang dahilán ng ibig ninyong isagawáng pagpapanaan?—ang sa di-kawasa'y náitanong ni Magandá sa dala-

wáng baguntau.

—Kailangang isá lamang sa amin ang mabuhay—ang tugong waláng kagatul-gatol ni Ban.—Nálalaman kong magiging mahigpit ko siyáng kaagáw sa babaing naging lamán ng aking mga panaginip.

Namarating waláng imik si Abá. Waláng ginawa ang baguntau kundi pagpakuan ng tingin ang magandang mukha ng paralumang kanyáng kaharáp. Naniniwala ang anak-anakan ng lambana na ito nga ang dalagang kanyáng nápanaginip nang matulog siyá sa kamang gintong nasa silid ng palasyo ni Neptuno.

—Kailangang ipagpatuloy ang kaniláng pagpananaan—anáng maliit na tinig na naghari noon, na nagmula sa mga labi ng matandang duwende.

—Sang-ayon ako—ang pagdaka'y sabád ng hari ng maliliit na nilaláng.

—Natátakot akong máparatayang isáng “duwág”—ang mabana-yad na tugon ni Abá,—lalunglalo na sa harap ng babaing mula nang aking mapangarap ay pinaglaanan ko na ng isáng pagsintáng banál at wagás.

(Nasa pah. 25 ang karugtong)

UPANG SUMARAP AT MAGING MALINAMNAM ANG ANUMANG LUTO, GUMAMIT NG

Mantikang “CENVOCO”



Mabibili sa Lahat ng Groseriya at Puwesto

sa Pamilihan

Central Vegetable Oil Mfg. Co.

Maynila

TINATAWAGAN ANG MGA NAGTITINGI

NG

SARIWANG UBAS

Tatak "SWEET SUE"

(Red Emperor Grapes)

Samantalahin Ang Pagkakataong Ito...!

Ang SS "SURPRISE" na dumaong sa Maynila noong ika-1 ng Oktubre ay nagtataglay ng mga UBAS na tatak "Sweet Sue". Ito ay tanging inempake para ipadala sa ibang bansa na tumitimbang ng 34 na Lb. bawá't kahon, na hindi katulad ng mga ibang tumitimbang lamang ng 32 Lb. Samakatuwid, kayong mga NAGTITINGI ay mayroong pasunod na 2 Lb. ng mataas na uring panindang ito na hindi kailangang magdagdag ng halagang ibabayad.

Ukol Sa Iba Pa Naming Darating

- s/s President Taft darating sa Oktubre 15
- s/s Silvercrest darating sa Oktubre 22
- s/s Pacific Transport darating sa Oktubre 29
- s/s Bataan darating sa Oktubre 30

HINGIN ANG UBAS NA TATAK "SWEET SUE"
MALALAKI * MATAMIS * LAGING SARIWA

Tanging Tagapamahagi:

PACIFIC UNION CORPORATION

Ika-7 Palapag, Gusaling Trade & Commerce
123 Juan Luna, Maynila — Tel. 2-64-48

MAHAL MO PA PIN KAYA

AKO?

Kuwento ni
P. L. SALAS

Sa Ganang Kay Tita Ay Lubhang Mapangahas At Kasuklam-suklam Si Crispin, Nguni't Nang Makilala Niya'y ...

AKO? Si Tita Rivera. Dalaga. Dalawampung taong gulang. Maganda. Kaakit-akit. Marilág. Kahali-halina.

Sinasabi nilá: Ang aking buhok ay luksa pa sa hatinggabi. Ang aking mga matá ay maniningning. Parang dalawang bituin. Bagay na bagay sa aking mga kilay at pilik-matá. Ang aking ilong ay matangos. Ang bibig ko ay maliit, mapulá, at may ngiting pinamumugaran ng matatamis na mga pangarap. Perlas ang aking mga ngipin. Kung hindi man, ay walang sukat ikapanaghili roon. Ang aking kulay ay malagatas. Ang dibdib ko'y kabán ng tipán ng isáng pag-ibig na dakila at wagás. Katamtaman ang aking tingdig. Limáng talampakan at apat na tumuro. Kung lumakad ako, asa mo'y kung sinong birhen ang nanaog sa lupa. Oh! Kabaliwán. Bakit ang mga lalaki ay nagiging makata sa aking harap? Bakit ang mga makata ay sinungaling?

Marami ang aking mga tagahanga. Marami.

Papaano'y maganda ako. Kaakit-akit. Marilág. Kahali-halina.

Anang ilán: Ibig mo bang pitasin ko sa langit ang lahat ng bituin at gawin kong kuwintás upang isabit sa iyong garing na liig? Anang ibá: Hindi ako maáring mabuhay kung ipagkait mo sa akin ang iyong paglingap, ang iyong kalinga, ang iyong kandili. Anang ibá pa: Iduruyan kita sa kandungan ng mga ulap. Oh, maawa ka sana, Tita. Kahabagan mo ako. Hawak ng aking mga kamáy ang puso kong inihahandog sa iyong paanan. Tanggapin mo't liligaya. Tanggihan mo't magdurusa, mamámanláv, mamámatáy.

Baliw! Nababaliw na ang ka-

lalakihan. Oo, nababaliw. At, isáng halakhák ang isusukli ko sa kaniláng baliw na daing. Isáng mahaba't malakás na halakhák. Hindi kaya mamumulá ang mukha ni Adán kung náki-kita niyang nakaluhod sa aking paanan ang kanyang mga apo? Sino ang may sabing ang lalaki ay panginoon at ang babae ay alipin? Sino ang panginoon? Sino ang alipin?

* * *

NGUNI'T, nang makilala ko si Crispin ay bakit nag-ibá ng tibok ang aking puso? Tila pumá-palo sa aking dibdib. Magandang lalaki si Crispin. Makisig. Alun-alon ang buhok. Sunog nang bahagya ang balát. Ang mga matáy may gayuma. Nagayuma ba ako? Matangos din ang kanyang ilong. Kung mangusap ay nanunuot sa kaliit-liitang sulok ng aking kálu-luwá. Umiibig na ba ako?

Sa sáyawan ng Peite Club ko siyá nákilala. Malakás ang loob. Hindi ko pa siyá nákita sa tanang buhay ko kundi noon lamang, nang siyá'y lumapit sa akin upang itanong kung maári niyá akong mákasayáv. Pangahás! Iyán ang isinisigáw ng aking munting daigdig na panloob. Nguni't, hindi mabigkás iyán ng aking mga labi. Isáng tango. Tango lamang ang isinagot ko sa kanyá. At, kami'y pumagitna sa bulwagan.

—Kay-luwát mong nagtago. Hindi mo ba nalalaman kung gano mo katagál pinapaghirap ang aking puso, ang aking kálu-luwá? Bakit ngayon ka lamang muling dumating sa aking buhay?—ang bulong niyá sa akin habang kami'y nagsásayáv.

Kinasusuklamán ko ang taong



ito, aniko sa aking sarili. Lubhang mapangahás. Sásabihin ko sa kanyang ihatid na ako sa aking likmuan. Oo, sásabihin ko.

—Mangyari'y kinatátakutan ko ang mga lalaking pangahás—ang aking tugon.

—Mga lalaking pangahás?—ang pamanghá niyang sagot.—Diyata? Ah! Kung sa bagay ay inis na

inis din ako sa mga taong ganyán. Marahil, nang maghulog ng kapangahasán ang Maykapál ay bakul-bakol ang pinulot nilá. Sabihin mo sa akin. Ano ang iyong pangalan? Saán ka nakatirá?

Abá, lumálabis ka na, ang ná-rinig kong bulong ng aking sarili. Hindi, hindi ko sásabihin sa iyo kung ano ang aking pangalan.

Hindi ko sásabihin sa iyo kung saán kami nakatirá.

—Tita Rivera ang aking pangalan, at nakatirá kami sa San Juan. Ngayon, ano pa ang ibig mong málaman?—ang aking tanong.

—Maáari bang makádalaw sa inyo? Mayroon na bang lalaking dumating sa buhay mo?

Náramdamán kong umakyát na lahát ang aking dugo sa mukha ko. Sásampalin ko ang lalaking ito, talagáng sásampalin ko. Subali't, nawáwalán ako ng lakás. Ang mga matáng yaon, ang mga matáng yaon...

—Kay-laki kong hungkág, ano? Isipin mo! Itátanong ko pa sa iyo kung maáari akong makádalaw, gayong alám ko namáng oo. Tungkol sa iyong katipán, kung mayroon, pagdating mo ng bahay ay sulatan mo siyá't sabihin mong wala ka nang panahon na máiukol pa sa kanyá, sapagká't ang lahát mong mga sandali'y sa akin lamang maáaring iukol mula ngayon.

Isá kang impaktong isinuka ni Satanás. Bakit pa kitá nákita? Bakit ka pa lumapit sa akin? Bakit ka pa pinakawalán sa impiyerno? Kinamumuhian kitá, kinamumuhian kitá!

—Nguni't, wala namán akong kasintahan, ah!—ang tutol ko.

—Mabuti, lalong mabuti. Bukas ay dádalawin kitá. Mágunita ko palá, ang aking pangalan ay Crispin Sanvictores, binata at waláng anak. Hanggáng bukas, mahál kong Tita!—At, ako'y inihatid na sa aking likmuan sa gitna ng nakatutulig na pálakpakan ng mga nagsipagsayáw na nasiyahán sa katátapos na tugtugin. Kung ano ang tugtuging yaon ay hindi ko masabi. Wala akong nárinig kundi ang kakaibáng pitlag ng aking puso, ang malakás na tahirip ng aking dibdib.

Hindi ako nákatulog nang gabing yaon. Ang larawan ni Crispin ang aking nákikita. Alumpihit ako sa pagkakáhiga, naáalin-sanganang-ginigínaw. Bakit ang lalaking ito'y hindi ko mahalak-hakán?

• • •

KINABUKASAN ng hapon ay dumating nga siyá. Nang buksán ko ang pintuan ng aming bahay ay nákita ko siyá roon, nakangiti, may daláng mga sariwang bulaklák.

—Makatutuloy ba?—anyá, at pumasok sa kabahayán. Sa sopá siyá naupo.

Lumapit ako. Tumingala siyá, hinanap ang aking mukha, at ang sabi,—Maupo ka, Tita. Ah! Siyanga, ang mga bulaklák. Nálalaman kong mahilig ka sa mga bulaklák. Hindi ba?

Tunmago ako, at kinuha ang iniabot niyang bulaklák. Mabango. Inilagáy ko ang mga yaon sa sisidlang nasa ibabaw ng aking piyano. Naupo ako sa isáng likmuang nakaharáp sa kanyá.

—Wala yata silá? Si donya

Rosa? Si don Ramon? At, si Oscar? Násaan silá?—ang sunud-sunod niyang usisa.

Nabigla ako. Bakit, bakit ná-lalaman niyá ang mga pangalang yaon? Ng aking iná? Ng aking amá? Ng aking kapatid? Sa ngiting nakapamilayláy sa mga labi ni Crispin ay nasisinag ko ang isáng libo't isáng hiwaga.

—Ang nanay ay nagsimbá sa Kiyapo. Biyernes ngayon. At, ang tatay ay...

—Nguni't, bakit hindi ka sumama kay donya Rosa?—ang kanyang usig.—Sabihin mo sa akin: hinihintáy mo ba ako?

Tumungo ako. Tumungo. Kagát ko ang aking labi.

—At, si don Ramon? Si Oscar?—ang tanong niyá uli.

—Ang tatay ay hindi pa dumá-

rating mula sa kanyang tanggapán. At, si Oscar ay...—Dalawang paták ng luha ang náramdamán kong gumapang sa aking mga pisngi. Nagsisikip ang aking dibdib. Tumayo si Crispin. Hinawakan ako sa balikat. Hindi ako tumutol.

—Tita, umiiyák ka. Bakit? Si Oscar ay ano?

—Si Oscar ay hindi na nagbalik. Kasama siyá sa pagtatanggol sa Bataán.

—Diyata?—At, muli siyang nápaupo.

Matagál ang mga sandali ng katahimikang namagitan sa aming dalawá. Matagál. Ako ang unang bumasag sa katahimikang yaon.

—Nguni't, Crispin, bakit mo ná-kikilala ang aking mga magulang? Ang aking kapatid? Bakit?

—Mangyari'y hindi ako nakalilimot—anyá,—mangyari'y sariwa pa sa aking gunita ang isáng nakatiklop nang kahapon. Hindi ako maáaring lumimot.

Nanggigilalás ako sa mga sinabing iyon ni Crispin. May ibig siyang sabihin. Hindi maáaring lumimot? Wala akong mátandaán...

Parang nangágarap si Crispin.

Tatlo siláng batang nagkákilala sa lalawigan. Naging magkaibigan. Si Tita. Si Oscar. Si Crispin. Si Tita at si Oscar ay magkapatid. Mayaman. Si Crispin ay anak ng isáng magsasaka. Marálita. Nguni't, niloob ng kapalarang silá'y magkákilala at magiging magkaibigan.

(Nasa pah. 29 ang karugtong)



—Wala yata sina donya Rosa, don Ramon at si Oscar? Násaan sila?—ang sunud-sunod niyang usisa.



ULAN...

Tubig na tinipon ng init at hangin
kinalong ng ulap sa may papawirin;
Tubig palibhasang sa mababa galing
mababa ring dako ang laging layunin.

* * *

Pag ang daigdiga'y darang na sa init
ang bawa't patak mo'y ligaya't pag-ibig;
Pinakakanta mo ang natuyong batis
napananariwa ang buong paligid.

* * *

Ang mga halamang nalanta't nalaing
nagsisipagbunyi sa iyong pagdating;
Ang mga dalagang kimi ang panimdim
ay nagtatampisaw sa dulot mong aliw.

* * *

Ang tigang na lupa sa payapang bukid
napalalambot mo't nagagawang putik;
Ulan kang katulong ng maraming bisig
na ang nalilikha'y buhay at pag-ibig.

* * *

Ulan kang malamig, tubig kang malambot
pag-asa ng bukid—at kamay ng lugod...
Subali't ulan ka na kapag nayamot
ay nadaragat mo ang malaking lunsod!

PEDRO ENRIQUEZ MAGPAYO



Si Bb. Edita Sumantay, taga San Manuel, San Juan del Monte, Rizal, ay mahilig sa pag-awit at nagnanais mag-artista. Siya'y nag-aaral sa Jose Rizal College.

ANG KAMBAL...

(Karugtong ng nasa pah. 21)

Humingá nang bahagya si Abá. Muling tinapunan ng panakáw na sulyáp ang paraluman ng Arayat, saka...

—Kung ipinahihintulot ng iyong karilagán ay nakahanda akong itaya ang aking buhay sa mga sandaling ito.

Tumalikod si Abá. Inihakbáng ang mga paáng patungo sa palá-tandaang dapat niyang tayuán. Kumilos na rin si Ban. Ang matandáng duwende at ang hari'y pumagitna sa isáng panig. Waláng kaimik-imik si Magandá. Wari'y namamalikmata sa mga nangyayari.

Nguni't nang handa na ang la-hát at halos pasisimulán na lamang ng hari ng mga duwende ang pagbibigáy ng kanyáng hud-yát ay bigláng tumili si Magandá:

—Mga duwág! Huwág ninyong sayangin ang inyong buhay sa isáng bagay na waláng kabulu-hán. Hindi ko pahihintulutan na ang buhangin ng dalampasigan ng salaming lawa ay malahiran ng inyong mga dugo. Parurusahan kayo ni Sinukuan sa sandaling pa-walán ninyo ang mga palaso. Igalang ninyo ang araw na ito. Ito ang aking kaarawán. Ayokong may magharing ligalig sa banál na araw na ito. Huminahon kayo... huminahon kayo...

Kinalás ni Abá ang nakabinit na palaso sa bagting ng kanyáng pana. Náramdamán ni Ban ang panlalamig ng kanyáng damda-min. Mabilis na lumapit ang anak

(Nasa pah. 41 ang karugtong)

ANG KAMAY NG...

(Karugtong ng nasa pah. 7)

ngungusap na namutawi sa mga labi ni Marta Makairog.—Sa sandaling kákailanganin kitá ay ako na ang tátawag sa iyo sa telepono o kung dili kayá'y pagsásadyain kitá sa iyong tanggapan o sa iyong táhanan. Ipinangángo ko sa iyong sa loob lamang ng da-lawáng linggo ay mahuhulog na sa mga kamáy mo ang pusakál na kriminal na pumatáy kay Estrella Madrid, na, sa talagá ng Kamáy ng Diyos, ay nabuhay na muli, upáng isigáw sa haráp ng mga alagád ng batás ang taong pumatáy sa kanyá.

Umalis na uulik-ulik si ispektor Mascardo. Hindi niyá maubus-isipin ang nákita sa táhanan ni Marta Makairog. Nahati ang kanyáng paniniwala at nagtalo ang sariling pag-iisip kung kriminal nga o hindi si Dr. Medel Magsalin: ibinubulong ng kanyáng damda-ring hindi salarin ang mangga-gamot, ang malaking bahagi ng kanyáng paniniwala ay nagsá-salitáng hindi kriminal ang asawa ni Estrella Madrid.

Luluksu-luksong lumabás sa silid ang kubang si Rosendo at nagágalak na hinaráp si Marta Makairog.

—Isá kang mahusay na artista, Marta—ang násabi ng kubang si Rosendo.—Máipagpatuloy mo kay-a at magampanáng buong linis ang papel na iyong hawak hang-gáng sa mahulog sa iyong bitag ang salaring umutang ng buhay ni Estrella Madrid?

—Ang mahalagáng gantimpa-lang kagandahan na ibinigáy sa akin ni Dr. Medel Magsalin ay sapát na upáng pag-ibayuhin ko ang aking talino sa pagganáp ng ma-selang papel na ipinatutungkol niyá sa akin.

—Mabuhay si Marta Makairog! —ang sa laki ng galák ay násabi ng kubang si Rosendo.

—Sittt!!!—ang sansala ni Marta sa kuba.—Huwág mo akong ta-wagin sa aking pangalan. Mula ngayo'y tátawagin mo akong si Estrella Madrid na asawa ni Dr. Medel Magsalin. Kagabi sa El Cairo ay muntik nang mádulás ang iyong dila. Makálawá mo akong tinawag na Marta.

Piniral sa taynga ng nagágalak na si Marta ang kinatutuwaan niyang si Rosendo, at...

—Maging sa loob at labás ng táhanan ay tátawagin mo akong senyorita Estrella, ha?

—Opo, senyorita Estrella, espasa ni senyorito, doktor, Medel Magsalin.

Natapos ang pag-uusap ng da-lawá sa matutunog na halakhák ni Marta Makairog na lilindi-lindi ang katawáng pumasok sa kanyáng silid upáng sanayin na namán at pag-aralan ang paraán ng paninigarilyo ni Estrella Madrid.

(Dúrugtungán)

ANG PUSO NG KANYANG PUSO

Nobela ni

Cirio Galvez Almario

Ito'y isang magandang kasaysayan ng buhay sa pag-ibig ng isang marilag at mabait na dalagang-bukid. Malinis siya at mapagtiwala, at ang mga unang patak ng luha'y nakilala niya nang matuto siyang magmahal at magtiwala sa isang walang pusong lalaki. Napariwara ang kanyang magandang pag-asa. Nguni't ang lahat ng kasawiang dinanas niya'y naging parang hamon lamang sa kanyang palad, na pagkatapos niyang nang buong pagtitiis at tibay ng loob, ay ginantimpalaan din siya ng magandang buhay.

ANG NOBELANG ITO'Y MALALATHALA NG BUO SA ALIWAN BLG. 113 NA LALABAS SA OKTUBRE 20, 1947.

MAGPALAAN KAYO NG INYONG MGA SIPI

Ang

ALIWAN

ay inilalathala tuwing Lunes ng

PALIMBAGANG TAGUMPAY

1055 Calero, Maynila

GRUEN
CURVEX COQUETTE
17 JEWELS



MGA ORASANG
Mataas ang Uri!

GRUEN
CURVEX LIEUTENANT
17 JEWELS



LADY HAMILTON
LADY ELGIN
HAMILTON
BULOVA
GRUEN
WALTHAM

AT IBA PANG ORASANG
YARI SA SUIZA

KATANGITANGI SA
BABA NG HALAGA!
ANG LAHAT NG
PAGLILINGKOD
AY PINANANAGUTAN!

PAKAWAN AT TINGIAN
MAYDONG DALUBHASANG
TAGAPAGKUMPUNI NG MGA ORASAN.

ROYAL JEWELRY
and
WATCH STORE
509 AVE. RIZAL, MANILA



TILAMSIK

Pitak ni MARIO GAT. SALAMAT

"ANO ang dahilan kung bakit dito sa bayan ninyo'y mga taga-ibang lupa ang nagsisiyaman at kayong mga Pilipino, karamiha'y nangakatunganga lamang?"

Nagugunita naming minsan ay iyan ang naitanong ng isang banyagang mapagmasid na napadalaw dito sa Maynila.

'Ang napapansin ko'y mga dayuhan ang dito'y nagtatamasa at kayo'y siyang nagtitiis at naghihirap"—ang dugtong pa ng nasabing banyaga.

Nakapagtataka nga!—ang tanging namutawi sa bibig ng ilan na ang mga bagang ay pinapagtitiim.

Noong araw ay nasasabi-sabi nating mga Pilipino na oras na tayo'y lumaya, ang mga taga-ibang lupang naninipsip ng ating dugo ay sapilitang magbabalot at ang lahat ay mahuhulog na sa ating kamay.

Wika natin noon ay nakapaitabaw sa Pilipinas ang mga dayuhan sapagka't sila'y ipinagsasanggalang ng isang kapangyarihang sa ati'y nakasasakop.

Kung kaya nga't umasaasa tayong pagdating ng pinakahihintay na oras ay tayo na ang makapaitabaw.

Ngunit . . .

Natutupad kaya ang pag-asa nating ito?

Isa na tayong bayang malaya.

Ang pamahalaan nati'y ganap nang nagsasarili.

Gayunman, ang karamihan ng batis ng kayamanang nakakadluan sa araw-araw na ginawa ng Diyos ay patuloy na nasa kamay ng mga dayuhan.

Sila pa rin ang nagpapasasa hangga ngayon.

Bakit?

Tayong mga pilipino ay lipi ng mga taong 100% ang pagiging makabayan.

Hibang na hibang tayo sa pangangarap ng ukol sa pag-ibig sa ating tinubuang lupa.

Sa bagay na iya'y hindi tayo maaaring pintasan.

Ang masama, ang napakasama sa atin, ay iyang pinagkahiratihang panganganino natin sa mga banyaga.

Higit na mahalaga sila kaysa atin.

Kaya . . .

Kung kapuri-puri ang pagmamahal natin sa bayang tinubuan ay kakutya-kutya naman ang pagkakilala sa atin ukol sa pagsasakit na nahihinggil sa mga bagay na pangkabuhayan.

Ang pagtatangkilikan ay waring hindi natin nakikilala.

Kung nakikilala man ay tanging sa salita, hindi natin isinasagawa.

Iyan ang sanhi kung ano't samantalang lumalago ang mga tindahan ng dayuhan, ang tindahan ng mga kababayan natin ay nanlulupaypay.

Anupa't sa kamay ng iba nahuhulog ang ating salapi!

Ngayon tayo'y isa nang bayang malaya at nagsasarili ay tila karampatang pangalagaan ang mga kapakanan natin hinggil sa ating kabuhayan.

Ang halaga ng salapi ngayon ay bumibigat.

"Mahirap na ang pera"—wika nga ng iba rian.

Kung ibibigay natin ng ibibigay sa mga taga-ibang lupa ang ating salapi, ang mangyayari'y panay na papalabas. Walang katumbas na papasok. Kapag iya'y namalagi, tayo, tayong mga pilipino at di iba ang siyang magpapasan ng hirap.

Hindi sila.

Sila'y nagpapasasa at tayo'y pinagtatawanan.

Sa aming akala ay dumating na ang panahon upang makilala



natin ang diwa ng tunay na pagtatangkilikan.

Iwaksi na natin ang ugaling tila nalawayan ng mga taga-ibang lupa. Sa tuwing may-kailangan ay sa kanila tayo nagsisiksik. Sila nang sila ang ating dinudulugan.

Ito rin marahil ang sanhi kung bakit ang mga may tindahang banyaga ay madalas pang "suplado" sa pakikitungo sa mga tagaritong nagsisipamili. Tumawad ka at sisigawan ka pa ng: "walang tawad-tawad." Ganyan sila pagka't nakikilalanila ang ating ugali. Pag nagalit ka at umalis ay nalalaman nilang mga sampu pa kundi man dalawampu ang magsisisunod sa iyo.

Iya'y tunay na nakapagdurugo ng puso.

Tayo ang nasa ating bayan ay sila ang nagsisipaghari sa mga bagay na itinitinda na kailangan natin sa araw-araw.

Hindi namin ibig sabihin na huwag bilhan ang mga banyaga. Ang sinasabi nami'y tangkilikin, habang maaari, ang ating mga kababayan.

Kung ang pagkakataon ay magkahalintulad, kababayan na muna bago sila!

Ang suliraning naging salaysayin namin ngayon sa pitak na ito ay lubos na napapanahon.

Alalahanin nating kapag naghirap ang bawa't isa sa atin, ang tunay na magpapasan ng ating paghihirap ay dili iba't ang ating bayan.

Saan man dako ng daigdig at sa alinmang panahon, kapag naghihirap ang mga tao ay lalong naghihirap ang bayang kinauukulan nila.

Upang ang salapi nga natin ay huwag lumabas, kailangang isagawa na natin ang pagtatangkilikan.

Kababayan na muna bago ang iba!

Ang masama sa ating mga pilipino, kapag tayo'y nasa isa nang katungkulan, ang dangal ng lahi'y hindi natin isinasaalang-alang. Wala tayong inaalagata kundi ang kapakanang sarili. Di iilan ang naghahangad na yumaman sa sangkisp-mata.

May-kinalaman sa bagay na ito, sa aming akala, ang nangyaring pagkakabulok ng mga gatas na dapat sana'y naipagbili sa murang halaga sa mga taong nangangailangan.

Ang mga gatas na iyan (tingnan ang aming karikatura) ay hindi pinalabas. Inimbak ng inimbak. Hanggang sa . . . mangasira.

Mangyari, ang hinihintay nila'y mga mamamakyaw na makapagpapabagsak ng malaki. Kung walang pabagsak, walang labas. At ayan! Sa pagkokaimbak ay nangabulok.

Sino ngayon ang napinsalaan?

Tayo! Ang mga mahihirap! Ang mga maliliit!

Kaya nga, mag-iba na tayo ng ugali.

Ang diwa ng pagtatangkilikan ay atin nang pairalin.

Pakisamahan nating mabuti ang mga dayuhan, nguni't kailangang tangkilikin ang atin namang mga kababayan.

26. Ernesto La Guardia

ILANG buwan pa lamang ang nakaraan buhat nang siya'y magbalik sa Pilipinas na galing sa Estados Unidos. Dalawang taong singkad siyang nanirahan doon: buhat noong Hulyo, 1945 hanggang nitong buwan din ng Hulyo ng taong kasalukuyan. Kabilang siya sa mga pilipinong nagkaroon ng pagkakataong makatungo sa Amerika pagkatapos ng digmaan.

Sa pagbabalik ni Ernesto La Guardia ay hindi kataka-takang alukin siya agad ng mga samahan sa paggawa ng pelikula upang lumabas sa puting tabing. Ang kanyang pangalan (na tunay at hindi "likha") ay dati nang kilala ng tanang magiliwin sa panood ng sine. Matatandaan pa ng sinumang mahilig sa panood ng pelikulang tagalog na bago pa magka-digma ay kabilang na si Ernesto La Guardia sa mga hinahangaang "bidang lalaki". Nasa karurukan na siya ng paghanga ng lahat nang sumiklab ang digmaan. Marami na siyang pelikulang nalabasan at nakatambal na sa kingigiliwan noong mga panahong iyon. Maningning ang kulay ng kanyang kinabukasan. Malaki ang pag-asa niya sa pag-iibayo ng kanyang tagumpay. Nguni't... bigla ngang nag-apoy ang digmaan at ang dating takbo ng kanyang buhay ay nagimbal at naiba.

Sa paglingon at pagtunghay sa pinagdaanan ni Ernesto La Guardia sa kanyang pag-aartista, ay mapupuna ang isang bagay: hindi siya nakatagpo ng mga bala-kid sa pagtunton ng kanyang landasin at mabilis ang kanyang



Si Ernesto La Guardia, ang simpatikong artistang hinahangaan na ng madla noong bago pa sumiklab ang digmaan.

PAGBABALIK SA LUPANG TINUBUAN

pagiging bantog. Pinagpala siya ng Tadhana, bagama't hindi niya sinadya ang pagiging artista.

Siya'y tubo sa Pangasinan. Ang kanyang ama'y lahing kastila na sa lalawigang iyon nagkaroon ng mabuting kapalaran, kaya't doon na namalagi at doon na rin nakapag-asawa. Ang ina ni Ernesto ay taal na taga Pangasinan. Sa paaralang sa kanilang lalawigan siya nagtapos ng high school; pagkatapos, siya'y lumuwás sa Maynila upang magpatuloy ng pag-aaral sa pamantasan ng Far East-

ern University. Commerce ang kanyang kukunin sapagka't ang balak niya'y maging isang mangangalakal.

Kasama niyang lumuwas, upang manirahan sa lunsod, ang kanyang mga kapatid na dalaga na magsisipasok naman sa isang kolehiyo rito. Ang mga dalagang iyan ay nangaging kaibigan at kapalagayang-loob ng magkakapatid na Silos, yaong tatlong binibining noon ay kilalang-kilala na sa pag-awit sa radyo at sa pelikula, sa taguring Silos Sisters.

Minsan, sa isang piging na idinaos sa tahanan ng mga Silos ay sinamahan ni Ernesto sa pagdalo ang kanyang mga kapatid. Nakilala niya ang pamilyang iyon na noo'y may malaki nang kinalaman sa paggawa ng pelikulang tagalog. Ang ama ng Silos Sisters, na si Gng. Juan Silos, Jr., mangangatha ng mga awitin at namumuno sa pagtugtog ng bantog na rondalla, ay siyang unang nakapansin sa di-pangkaraniwang tindig at ayos ng bago nilang kakilalang binata. Ang bulas ni Er-

nesto ay mataas at mainam ang pangangatawan (dalawang bagay na hinihiling ng mga gumagawang pelikula sa mga "bidang lalaki"), bukod pa sa may mukhang kung sabihin nati'y "muy simpatiko". Talagang madali syang makaakit at makatawag ng kaloo-ban.

Ipinatanong ni G. Silos sa kanyang mga anak kung si Ernesto'y walang hangaring mag-artista. Ang tugon daw ni Ernesto ay ibigin man niyang mag-artista ay (Nasa pah. 37 ang karugtong)

ANG KAGANDAHAN

Sanaysay ni GEMILIANO PINEDA

SINO ang hindi nakakakilala at humáhanga sa kagandahan? Mula pa sa kamusmusán, ang baw't isá sa atin ay nakakaunawa na kung ang isáng bagay ay magandá o pangit. Sa paningin ng isáng musmos, ang isáng laruáng may ibá't ibáng kulay ay magandá—at sinásabi niyang yaon ay magandá. Nguni't habang tumá-tanda ang tao, ang kanyáng mga sukatan ng kagandahan ay nagbábago at di namámalaging magkatulad sa lahat ng pagkakataon. Yaong mga damit na pinaháhagahán natin nang unang panahon, kapág náikita sa liwanag ng kasalukuyang mga pangyayari ay waring hubád sa dating katangiang nakaakit sa atin. At tayo'y di ang hindi nagtataká; náitátanong tuloy natin: alin kaya ang nagbago, ang ating paningin o ang tinitingnán?

Ang katanungang ito ay humáhantong sa isáng dati nang suliranin—ang suliranin kung násaán ang kagandahan. Ang kagandahan ba'y nasa tumitingin, o nasa tinitingnán? Sarisaring pangangatwiran ang maáaring banggitin upáng ipagtanggol ang baw't panig.

Ang mga tagapagtanggol ng palagáy na ang kagandahan ay nasa tumitingin o náasalalay sa panlasa at paraán ng pagtingin ng baw't isá ay waláng agád-agád na bábanggitin kundi ang katoto-

hanang hindi nagkakatulad ng kuru-kuro ang sinumang naggágawad ng pasiyá sa kagandahan ng isáng bagay at lalung-lalo na sa kagandahan ng isáng babae. Iminámatwid nilá ang madalás na nating márinig: Waláng babaing pangit sa matá ng isáng umiibig. At iháhalimbawa pa rin nilá ang katotohanang ang isáng magandá, ayon sa paningin ng isáng pilipino, ay hindi magandá sa paningin ng isáng pranses o ng sino mang banyaga. Dito na lamang sa Pilipinas, anilá, ang mga babaing pinakasásambá ng mga igorot ay tiyakang hindi háhangaan ng ibá pang mámamayan sa kapuluán.

Ang mga tagapagtanggol ng palagáy na ang kagandahan ay nasa tinitingnán bagay ay nagsasalig ng kaniláng pagmamatawid sa pangkalahatang mga tuntunin ng sining. Iminámatwid nilá na ang isáng bagay, upáng másabing magandá, ay kailangang magtagláy ng mga hugis, kulay, anyo at ibá pang katangiang bumubuo ng isáng larawang tunay na umáakit sa damdamin ng tao. Ang mga pintor, eskultor at arkitekto ay may sinusunod na mga sukatan o balangkás na bunga ng masusising pag-aaral. Hindi silá nagkákasiyá sa pagsasabing ang isáng bagay ay magandá sapagká't náibigan nilá, hindi; ipinaliliwanag nilá kung bakít ang isáng bagay ay magandá, at ang mga sanhi ay

nasa bagay na sinusuri at wala sa damdamin ng nagsusuri. Kung sa bagay, ang mga artista, sa pagpapasiyá sa isáng bagay, ay gumágamit ng di pangkaraniwang kakayahán sa pagtarok o pagsuri sa tagláy na kagandahan ng isáng bagay, nguni't masasabing ang paghanga nilá ay bunga ng mataimtim na pagpapalagáy na ang tinitingnán ay karapat-dapat sa paghanga.

Ang huling paninindigang binanggit—na ang kagandahan ay nasa tinitingnán—ay siyang higit na kapani-paniwala at ngayo'y tinátanggáp na katotohanan. Magiging isáng malaking suliranin kung ang kagandahan ay masasalig sa masalimuot at kailanmá'y di magkákaisáng palagáy ng baw't tao. Mawáwalán ng kabuluhán ang pagkakápag-aral ng mga dalubhasa hinggil sa mga katangiang nakatutulong sa pagbuo ng isáng bagay na magandá sa paningin, kung ang káhuli-hulihang pagpapasiyá sa kagandahan ng isáng bagay ay mábabatay lamang sa pagpapahalagá ng tumitingin at hindi sa angking mga katangian. Mangyari pang may mga taong sa pagnanais maging kaibá lamang ng palagáy ng nakararami ang magpápahayag ng náibíbang kuru-kuro bagamá't nálalaman niyang yao'y salungát sa dapat mangyari.

Kung ang kagandahan man ay nasa bagay na tinitingnán, ang pagtingin ay may dalawang pa-

raán. Una ay ang pagsusuri sa mga katangian at kabuuán ng tinitingnáng bagay nang kahiwalá ang kalooban o damdamin ng tumitingin; ang ikalawang paraán ay ang pagtingin sa isáng bagay na ang tinátarok ay ang pagpapakahulugán ng sariling kalooban, sa liwanag ng sariling karanasan at pagpapahalagá. Halimbawa ay sa isáng timpalák-kagandahan. Dito ay yaong unang paraán ng pagtingin ang ginágamit at hindi ang pangalawá upáng maging lubos na makatarungan sa baw't isá ang pagpapasiyá. Dátapwa, sa ating pagpapasiyá sa kagandahang tagláy ng mga kaibigan o kakilalang dalaga, ang pangalawang paraán ng pagtingin ay hindi maiwasang di gamitin. Sa ating pagpapasiyá ay mangyari pang mápapalakip ang kahalagahan ng pakikipagsamahán ng baw't isá sa atin, ang náitulong niyá halimbawa, at ibá pang mga pangyayaring maáaring makapanaig sa ating pagpapasiyá. Sa ganitong uri ng pagtingin, tulad ng pagtingin ng isáng umiibig sa kanyáng pinipintakasi, ay maáaring malimot o di lubháng pahalahán ang mga kapintasang tiyák na náikita ng ibá. Nárito ang sanhi kung bakít may mga babaing pinakamagandá sa paningin ng ibá, nguni't maáaring pangkaraniwan lamang ang tagláy na gandá, ayon sa palagáy ng ibá naman.

Dátapwa, ano nga ang kagan-

UKOL SA INYONG HAPAG...

ISANG HENERASYON NA MASARAP NA LASA!

(Tatak) **"PINEAPPLE"**

MARCA "PIÑA"



PURO, SAGANA AT MALINAMNAM
MALASANG MANTEKILYA

Pangkalahatang Tagapamahagi

GENATO COMMERCIAL CORPORATION

1075-1079 R. HIDALGO

MAYNILA

Ukol sa Makikisig na Lalaki!

KAMISADENTRONG

BUCKINGHAM

TRUBENZED COLLAR

Mga makabagong makinang panahi at mga sanay na manggagawa ang siyang yumayari sa mga kasuotang BUCKINGHAM!

SENG LU & CO.
156 ROSARIO MANILA

dahan? Ayon sa talátinigan, ito'y jagay na nakalulugod sa pandam-dám o sa isipan; isáng katangiang umáakit sa paghanga. Hindi ganáp na máilalarawan kung ano ang kagandahan, nguni't ang ibinubunga sa sandaling mámalas ay di mapag-áalinlanganan: paghanga, pagkagiliw, pagsambá, pagkalugod. Sa buong kasaysayan ng daigdig ay waláng napoot o nasuklám sa kagandahan. Mayroon na bang nagalit sa isáng babae dahil lamang sa siyá'y magandá? Wala. Ang galit sa isáng babaing magandá ay bunga marahil ng ugaling di naging kabagay ng kanyáng kagandahan, o kaya namáy ng ibá pang bagay na waláng kináalaman ang kanyáng tagláy na panghalina.

Ang kagandahan ay kayamanan. Bagamá't hindi lagi nang siyáng pinakamahalagá, ang kagandahan, kapág nákaugnáy ng isáng bagay, ay karagdagan at mahalagáng katangian ng bagay na ito.

May isáng katangian ang kagandahan: ang mga bagay na kapalit ay nababahaginan ng kagandahan, tulad ng talang nakapagsásabog ng liwanag sa kalangitáng kinaroroonan. Isáng magandáng brilyante sa daliri ng isáng dalaga ng tila nakararagdág sa gandá at lambot ng kanyáng mga kamáy. Isáng kumikisláp na hikaw ang waring nagbibigáy ng ngiti sa

MAHAL MO PA...

(Karugtong ng nasa pah. 23)

Nanlaki ang aking mga matá. Oo, nágugunita ko na ngayon.

—At, tuwing umaga—patuloy ni Crispin,—ang magkapatid ay dinádalhán ng sariwang gatas ng anak ng magsasaká. Naglilimayon silá sa mga tumana, nagháhabulan sa kabukiran, magkasama sa pamimitás ng mga ligáw na bulaklák. Mahiligin si Tita sa mga bulaklák. Nanghuhuli silá ng mga tutubi, ng mga paruparo, ng mga batu-batong-punay...

—At, silá'y lagi nang masayá—ang aking dugtong,—waláng nákilalang kalungkutan. Sa mga bata'y waláng kamatayan. Ganyán ang kaniláng akala. Waláng kamatayan.

—Gabi noon—ang agaw ni Crispin,—si Tita at si Crispin ay nagsumpa. Oh, diwang kamusmu-

mga pisngi ng sino mang babae. Ang magagandáng kasuutan, ang mapang-akit na pagkakáayos ng buhok, kahit sa isáng babaing katamtaman lamang ang gandá, ay sapát nang makalikha ng náibáng larawan ng namumukod na kagandahan.

Mapapalad ba ang nagtátagláy ng kagandahan? Mangyari pa. (Nasa pah. 31 ang karugtong)

sán. Mga bata pa nga silá. Ná-gugunita mo pa ba ang sinabi ng batang lalaki noon, Tita?

—Oo—ang aking tugon.—Ang kanyáng sabi ay: **Tita, hindi ka kaya makalimot? Kung malayo ka na, mágunita mo pa rin kaya ako? Mahalin mo pa rin kaya akong katulad ng pagmamahál ko sa iyo?**

—Ang tugon ng batang babae ay: **Oo, Crispin, habang nabubuhay ako ay hindi kitá lilimutin. Matamis na pangako. Nguni't, siyá nga kaya ay hindi nakalimot? Sampung taon na ang nakalipas mula noon.**

Nápatindig ako. Nápatindig din

si Crispin. Ang aking mga matá'y binábalungan ng masaganang luha.

—Crispin, hindi ako nakalimot. Hindi, Crispin, hindi!

—At, mahál mo pa rin kaya ako, hanggá ngayon?

Ang aking katawán ay nag-init nang maramdamán kong ang mga kamáy ng lalaking itong mula pa sa pagkabata'y nátutuhan ko nang ibigin ay nakahawak sa dalawá kong bisig.

Tumango ako. Tango lamang.

—Tita!—At, ang kanyáng mga matáng nagniningning ay ipinako sa mga matá kong hilám sa luha.—#

Bantog sa Buong Kapuluan!



LICOR ESTOMACAL
ni Dr. Luna
Mabisang lunas para sa
**KOLICO, KOLE-
RA, INDEHESTI-
YON, DIARRHEA,
DISINTERIYA,
GASTRITIS**
AT IBA PANG
MGA KARAM-
DAMAN NG
TIYAN.

Sa lahat ng BOTICA

Sumagawa at namamahagi ng mga May-uring Gamot sapul ng 1877

FARMACIA SAN FERNANDO
835 SAN FERNANDO, MANILA

FORMULA: Camphor 0.02 gm. oil of Peppermint 0.06 gms. fld. Ext. Cannabis indica 0.10 c.c. Elixir Paregoric 1.50 c.c. Glycerin 1.50 c.c. Alcohol 15:00 c.c.: Excipient q. s. AD 100.00 c.c.

Nakaaakit na Kagandahan



- *Mais Cheri*
- *Amur Parfum*

MAIS CHERI PARFUM
—kaigaigaya, nakahahalinang halimuyak

AMUR PARFUM
—nakagagayuma at nakaaakit na samyo

Ang **MAIS CHERI** at **AMUR**, dalawang kalugod-lugod na likha ng **GLO-CO**, ay tumitiyak sa mga sandaling hindi maaaring malimutan. May mababang halagang mga pabango; ang dalawang ito ay maaaring gamitin na maipagkakapuri kahit sa alin mang pagkakataon.

Kung Kagandahan At Karilagan Ang Inyong Hanap, Matatagpuan Ninyo Ito Sa Paggamit Ng...

IPINAGTINGI SA LAHAT NG DAKO
1 oz.—P0.90 isang botelya
½ oz.—P0.60 isang botelya

GLOCO HOLLYWOOD Cosmetics
UKOL SA LAHAT • SA LAHAT NG DAKO
CROMWELL COSMETIC EXPORT CO., INC.
30-32-34 Barraca—Tel. 2-94-72

Pakikipag-usap SA MGA BITUIN

PITAK NI J.S.ESGUERRA

SI Amador Santos, utak at pusing gumagalaw sa ADS Pictures, ay nákausap namin minsan at sinabing isang láyunin lamang ang kanyang paggitna sa larangan ng industriya ng pelikula.

Ayon sa kanyá, ang ADS Pictures ay magiging hagdanan ng mga artistang bukas-makalawá ay siyáng magsisisunod kiná Leopoldo Salcedo, Rogelio de la Rosa, Carmen Rosales, Mila del Sol at ibá pang bituin sa aninong gumagalaw na nasa unahang hanay ngayon.

Násabi pa sa amin ni Amador Santos, na kasalukuyan siláng nagháhanap ngayon ng isang malawak na bakuran upáng mapagtayúan ng kaniláng estudyó. Sa kasalukuyan ay nagbilin na siyá ng mga makabagong aparato sa Amerika at may pag-asang bago dumating ang mga ipinagbiling iyon ay makakatagpo na siyá ng kanyang hináhanap na pagtá-tayúan ng isang malaki at makabagong estudyó.

tures ay ang "BINATANG MAY-NILA" at ang magsisilabás ay siná Leopoldo Salcedo, Mona Lisa, Lilia Dizon, Fernando Royo at ibá pang may mga pangalan na. Si Herminia Bonus, bituing mang-aawit ng San Juan del Monte, na nakalabás na sa ibá't ibáng pelikula, ay mapapanood din sa pelikulang iyán.

Buhat sa estudyó niná donya Sisang ay tumanggáp kami ng magandang balita, na dumating na ang mga ipinagbiling makabagong aparato sa puting-tabing na siyáng lalong makapagbibigáy ng linaw sa pagsasalitaan ng mga nagsisiganáp sa aninong gumagalaw.

Ayon kay donya Sisang, malaki ang pananalig niláng lalong masisiyahán ang madla sa mga makabagong aparatong ito na masubukan na sa mga susunod na pelikula ng LVN.

"KALBARYO NG ISANG ASAWA"... iyán ang pangalang ipi-

Ang unang pelikula ng ADS Pic-

nalit sa pelikulang noong una ay may pamagát na "LA GOLONDRINA" at pinamámahalaán ng direktor Tor Villano. Noong simulán ang mga unang shooting nito ay "La Golondrina" ang unang nálaman ng madla na magiging pangalan, nguni't nitong mga huling araw ay napag-aralan ni Tor Villano na higit na magiging magandá at angkop ang pamagát na "KALBARYO NG ISANG ASAWA" sa pelikulang kasalukuyan niyáng tinátapos. Kung hindi pa halilimot, si Tor Villano rin ang namatnugot sa pelikulang "LA PALOMA" na nilabasán niná Paraluman at Fred Montilla.

Buhat sa tanggapan ni Pedro Vera, Jr., na siyáng naghandog sa madla ng "TAYUG" ay isá pang pelikula ang hindi malalao't ihandog sa madla.

Ayon sa balita, ang susunod na pelikula ng násabing estudyó ay ang "MATIMTIMAN" na malapit nang simulán ang mga unang tagpo. Kung sino ang magiging katambál ni Arsenia Francisco ay siyáng hindi pa málaman, nguni't ayon kay Pedro Vera, Jr., ay isá ring kilaláng artista na may sarili nang daigdig ng mga tagahanga.

Sa talaan ng maraming naghahangád na makatalos ng mga tinitirhán niná Leopoldo Salcedo, Rogelio de la Rosa, Fernando Poe, Rolando Liwanag, Carmen Rosales, Mila del Sol, Corazon Noble, Tita Duran, Oscar Moreno, Fred Montilla, Paraluman, Mona Lisa, at ibá pa ay kabilang itong mga sumusunod:

Bb. Josefina Ignacio ng Taytáy, Rizal; Delia Bautista, Reynante Angustia, Edna Reyes, Romulo Encarnacion, Belen Camantigue, Veronica Lantin ng Kawit High School, Roddie Concepcion Tan ng 210 Elcano, Maynila; Lolita Solis at Violeta Ilustrisimo ng Kawit Junior High School, Alice Miranda ng 1022 F. Muñoz, Maynila; Mila Delunar ng Balayán, Batangan; Lily Paglinawan, ng Jose Panganiban, Kamarines Norte; Ben Luna ng Lunsod ng Lipá, Batangan; Belen Lonida ng Boak, Marinduke; Dely Florentino, Terecita Cajulis, Delfina Torres, Marcelina Leyva at Florinda Samson ng Kawit Junior High School at Angelina Bilay ng lunsod ng Bagyo.

Ukol sa bagay na ito ay ipinakiusap namin sa mga artistang kinauukulan, na mangyari lamang



Makikita sa itaas si Mila del Sol at ang batang-batang direktor na si Luis Silos, samantalang pinaguusapan nila ang "script" ng "Maling Akala" na kanyang pinamatnugutan.

na ipadalá rito sa amin ang kaniláng mga direksiyon upáng mailathala at nang sa gayo'y mapagbigyán namán ang kaniláng nagtatanong na mga tagahanga.

Si Paraluman, bituing gumanáp sa pángunahing papel sa pelikulang "La Paloma" ay hindi lalabás sa mga pelikulang katatawanán anáng "bulong" na náparingán namin sa iláng tagahanga ng násabing hiyás sa Puting-Tabing.



Si Rudy Robles—ang tanging pilipinong nagtatagumpay ngayon sa pinilakang tabing sa Estados Unidos. May balak siyang magbalik sa Pilipinas upáng gumanap sa isang pelikulang ingles, nguni't ito'y wala pang katiyakan.

Ayon kay Paraluman, maraming alok ang tinátanggáp niyá upáng lumabás sa gayon at ganitong pelikula, nguni't marami ang tinanggihán niyá sa dahiláng ang ilán sa mga pelikulang yaon ay may uring mapagpatawá na hindi tumutugon sa kanyang damdamin.

—Pará sa akin,—sabi ni Paraluman noong siyá'y mákausap ng isá niyáng tagahanga,—ang katatawanáng nakakapagpalaglág ng luha at makabagbág-puso ay siyáng kailangan sa atin ngayon, sapagká't ang ganitong mga pelikula

KARUNUNGAN AT SIENSIYA

ang nagbibigay sa atin ng

FIVE-VITA

MALT and IRON




Ang "FIVE-VITA MALT & IRON" ay isang masarap at masustansiyang pampalusog. Napakasarap na inumin at nakatutulong sa maganang pagkain. Sa isang Kutsara nito ay makatatamo kayo ng mahalagang Bitamina A, B1, B2, (G) at E, na kailangan ng inyong katawan.

Ito ay maaaring ipainum maging sa bata o matanda.

LIMAMPUNG (P50.00) PISONG GANTIMPALA!

Magpadala ng isang sulat ukol sa kung paano kayo napabuti ng "FIVE-VITA MALT" at kung malathala ay magkakamit kayo ng P50.00 gantimpala. Lakipan ang sulat ng isang iteketa at dalawang larawan ninyo (bago gumamit at pagkagamit) ng mabisang gamot.

Mabibili Sa Lahat Ng Botika
Aprobado ng Lupon ng mga Parmaseutiko at mga Tagasiyasat.

THE VITARINE CO., INC.
Lab. No. D46-937 New York, N.Y., U.S.A.

FARMACIA OCCIDENTAL
574-578 REINA REGENTE MAYNILA
TANGING TAGAPAMAHAGI SA FILIPINAS

ang maáring makapag-akay sa mabuti sa mapupusok na damdamin ng ating mga kabataán.

Pinabubulaanan ni Mameng Rosales ang balitang diumano'y inaalok siya ng malaking halagá upáng lumabás sa isáng pelikulang gagawin sa Hawáy.

Nang tanungin namin si Mameng ukol sa bagay na ito ay wala siyang sinabi kundi lubháng pinalálaki lamang ng mga tagahanga niya ang kanyáng pangalan.

ANG KAGANDAHAN...

(Karugtong ng nasa pah. 29)

Ang katanyagán at paghanga ay mading lumapit sa kanilá; lalong malawak ang kaniláng pagkakataong makapagtagumpáy sa buhay. Dátapwa, kapalit ng katanyagán at paghanga ang maraming sandali sa pangangalaga sa kagandahang tagláy, ang pakitungo sa maraming dumadalaw sa kaniláng táhanan, ang pakikipagharáp sa lipunan. Ang kagandahan nga'y biyayang isinásabog ng Diyos sa tiláng kinapál, nguni't may kakambál ding mga pananagutan at ng kadalasa'y malaking pagkaabala sa dapat sanang maging mapayapang takbo ng kaniláng pamumuhay.

Ang kagandahan ba ay lagi nang mabuti? Ito'y malimit máitanong at dito'y waláng nátutum-pák na ragot kundi "Oo, matangikagandahang tinitingnán.

lamang kung gágamitin sa masamáng láyunin." Gaya nga ng násabi na sa unahán nito, kailán ma'y waláng nasuklám sa kagandahn. Ang kagandahan, sa kanyáng sarili, ay isáng bagay na nakapagpáhinahon sa kalooban, nakapagpápasigla sa pagsisikap, at nakapagdudulot ng aliw sa pusing humáhanga. Ang kagandahan ay hindi kailanmán humihikayat sa paggawa ng kasamaán, sapagká't ang kagandahan ay lagi nang tagapagpagunita sa kalinisan ng puso. Ang tunay na kagandahan ay nakagáganyák sa káluluwá, hindi nakatátawag sa lámán o sa makamundong hángarin.

Ang kagandahan ay siyang lagi nang tampulan ng pansin. Ang pinakamagandang pook sa isáng lupain, ang pinakamagandang babae, ang pinakamagandang bundok, ang lahat ng bagay na magandá, ay siyang una-unang ninanais mákita ng sino mang nápapagawi sa ibáng bansá. Ang kagandahan ay isáng wikang náunawaan ng lahat ng tao—hindi na kailangan ang pagpapaliwanag upáng ang isá'y humanga sa kagandahan ng isáng bulaklák o kayá'y sa kagandahan ng paglubog ng araw sa Look ng Maynila. Lahát ng bagay na magandá ay waring may mga tinig na pumupukaw sa puso; sapát na ang pagtingin upáng sa sandaling yaon ay magtining sa diwa ang

Kaipala'y palasak na ang kasabiháng ang kagandahan ay lumilipas, nagmámaliw. Katulad ng talulot ng mga bulaklak na nangungulutding sa init ng araw, ang kagandahang tagláy ng isáng dalaga'y tumátakas at naglálaho sa pagdaán ng panahon. Dárating ang yugtong mahuhumpák at mangunguiubot ang kanyáng mga pisnging dati'y sagisag ng kabataan, at maging ang kanyáng mga matáng may kisláp at tila nangungusap ay manlalabo. At sa ganito, ang kagandahan nga kaya niya'y tuluyan nang naglaho? Oo, dátapwa, ang tunay na kahulugán ng kagandahan ay di kailán man magmámaliw. Ang panlabás na anyo lamang ng kagandahan ang

siyang nawala, dátapwa, ang kagandahang nakatinag sa puso at nakipagbulungan sa káluluwá ay manánatili. Ang kagandahan ay bahagi ng daigdig—ito'y isinabog ng Maykapál upáng makapagdulot ng kaluguran at aliw sa tanán at kailanma'y di málibing na kasama ng mga katawáng lupa.

Patuloy na magkakaroon ng mga bundok na nakikipaghálikan sa ulap, ng mga paglubog ng Araw na kamamalasan ng pagkakásama-sama ng ibá't ibáng kulay, ng mga look at lawang tila bughaw na langit kung gabing kabilugan ang buwán—at sa ganito ang kagandahan ay lagi nang manánatili sa daigdig.—#

BREWED FOR THE TROPICS

URI...

... ang siyang ikinabubukod-tangi ng serbesang ito. Mga dalubhasang manggagawa ng serbesa na may karanasan nang mahigit sa dalawang henerasyon sa gawaing i'o sa isang paggawaang may hustong kasangkapan, ang tumitiyak sa inyo sa isang hindi mapapantayang uri ng kinagigiliwan ninyong inumin.

San Miguel Pale Pilsen

Tinatawagan ang mga May-ari ng Panaderia




Pangmolde Ng Sabon (Soap Press)

* Kami ay gumagawa ng "DOUGH ROLLER MACHINES" para sa mga Panaderia... maaaring palakarin sa pamamagitan ng kamay o elektrisidad.

* Kami ay gumagawa rin ng mga makinang PANGMOLDE ng SABON. (Soap Press)

* Mga Kasangkapan sa Panaderia. Kisisan, Lagarian at Iba pang Makina.



Makinang Pangmasa Ukol Sa mga Panaderiya

PHILIPPINE ELECTRIC WELDING AND MACHINERY SHOP

1656 P. Guevara, Sta. Cruz, Maynila

Kasiyasiyang paglilingkod sa Paghihinang ng mga Kaldera (Boilers) ng Kiskisan, Tangke ng Tubig, Tangke ng Langis, Pintuan at Bintanang Bakal.

Dalubhasa sa Paghihinang ng Mga Piyesa Ng Makinarya Sa Pamamagitan ng Elektrisidad

Hinggil sa Pagpapatayo ng Gusali ipagkathwala ninyo sa amin.
AGAPITO G. GONZALES, Propietaryo at Tagapamahala

N. K. GOSIM & SON

510 Elcano, Binondo, Maynila

Sa Daigdig
 NG MGA
ARTISTA



(1) Sa gitna ng mga talahib ay lalong namumukod ang likas na kagandahan ni Mila del Sol, na katabal ni Pol Salcedo sa pelikulang "Sa Ngiti Mo Lamang" ng Eduque Pictures.

(2) Sa liwanag ng buwan ang dalawang magsinglibig—sina Jaime de la Rosa at Rebecca Gonzales—ay nagtatalik, nguni't ito'y bahagi lamang ng maraming magagandang tagpong kinuha sa Mindanaw sa pag-sasapelikula ng "Waling-Waling". Ito'y likha ng LVN

(3) Pasan-pasan ni Oscar Moreno si Mameng Rosales, nguni't sa malas ay di makatutol ang kasintahang mang-aaw't. Sa "Mameng, Iniibig Kita" (Sampunguita) ay natikman ni Carmen Rosales ang iba't ibang "pagpapahirap" ni Oscar, na para-parang nakaragdag lamang sa kainaman ng kasaysayan ng pelikula. Pinamatnugutan ito ni Gerardo de Leon.

(4) Ang katutubong sayaw na "Pandanggo sa Ilaw" ay makikita sa pelikulang "Pamela" ng Palaris, na itatanghal na sa di malalaunan. Pangunahing artista sina Serafin Garcia at Pat Mijares. Pinamatnugutan ni Fernando Poe.

(5) Ano kaya ang nangyayari kay Tolindoy at siya'y nasipit ng mga paa ni Pempe? Napulikat marahil si Pempe sa pagkakahawak sa kanya ni Anita Linda (magugunita sa kanyang napakahusay a pagganap sa "Alias Sakim"). Ang tagpong ito'y sa "Ngayon at Kailan Man" ng Premiere, sa ilalim ng pamamahala ni Carlos Padilla.—G. PINEDA.

MALAPIT NANG ITANGHAL

Buong Pagmamalaking Inihahandog ng
FERNANDO POE Productions

Sina

PATRICIA

SERAFIN

PACITA

MIJARES

GARCIA

DEL RIO

DAMELLA

(Ang Mutya Ng Palengke)

kasama sina

OSCAR KEESE • TUGAK & PUGAK
SALVADOR SARAGOZA • LILY MIRAFLORES
MINDA BERNAL • ANGELINA TABUENA

ISINADULA
NI
HERNANDO R. OCAMPO
HAŅGO SA KASAYSAYANG
SINULAT NI
ADRIANO P. LAUDICO
LIKHA AT
PINAMAMAHALAAN
FERNANDO POE



Ipinalalabas sa Pamamagitan ng **PALARIS FILMS**

Ilang Araw Sa Isang Buwan

(How Many Days in a Month)

titik:
SEVERINO L. TOLENTINO

tugtugin:
FELIPE P. DE LEON

Tatlum-pong a-raw ang Setyem-bre Ab-ril, Hun-yo at

Nob-yem-bre Ang la-hat nay tat-lum-pot i-sa Li-ban sa Pebrero ng nag-

i-i-sa Bu-an ng Pebre-ro'y dalwampot siyam Kung hati sa apat ang sa taong bilang Nga-

yon kung sa-ka-lit hin-di naman husto bi-lang ng Pebre-ro'y dalwampot walo. Tatlum-pot walo.

ANG SELOSA . . .

(Karugtong ng nasa pah. 11)

na habang akó'y walá'y hindi ka nanánaog ng bahay.

—Kung gayó'y... ipinakikilala mong wala kang katiwá-tiwala sa akin—ang tila mapaghinampóng wika ni Martín.

—Hindi, hindi iyán ang ibig kong pakilala; ang talagáng nais ko'y masunód ang tunay na tibukin ng aking puso: na matiyák kong ikáw, habang nasa akin, ay akin lamang.

—Ikáw ang taong hindi ko lubós na máunawaan—ang tugón ni Martín na parang di-nálalaman ang sinásabi,—hindi mo ba batíd na ang tunay na kahalimbawa ko ngayó'y isáng munting sisiw na hawak mo sa kamáy, kung ibig mong buhay'y sukat ang bitawan at kung ibig mong patayi'y sukat ang isáng pisil?

Lugúd na lugód si Selina pagkaring sa kasásabing itó ng lalaking bilanggo ng kanyáng pag-ibig. Pará sa kanyá'y wala nang nápakatamis na bagay kundi ang marinig ang gayóng mga pangungusap na waláng ibáng kahulugán kundi ang pagtatagumpáy ng masimbuyóng paggiliw na magbuhat nang mátaním sa kanyáng puso ay buóng pag-iingat na inalalagaan. At sa malakíng kagalakan ay halos dinuhapang si Martín upáng ibilanggo sa dalawá niyáng bisig.

—Talagáng akin ka!—ang halos nanggigigitil na wika ni Selina,—O! kung maáari lamang kitáng kanin, kinain na sana kitáng buóng-buo.

—Upáng mamatáy?—ang pagu-lilát na tanóng ni Martín.

—Hindi!... kundi... upáng ganáp na masarili ko na lamang. Ang ibig ko'y maging sariling-sarili kitá, maging aking-akin na di na maáaring agawin pa ng ibá. Násabi ko na sa iyó noón pang araw na akó'y hindi iibig kailán man sa lalaking may sinumáng makákaagaw pa sa akin. Kung noóng ating kabataá'y nákuhang maagaw ka sa akin ni Segundina ay sápagkát noó'y mura pa't mahina ang aking puso. Nguni't ngayón, sa panunumbalik ng dating pag-ibig, ng datí kong pag-ibig na dalisay at tapát, ay hindi akó makapápayag na máagaw ka pa ng kahit na sino. Iisá ang tanging makaáagaw sa iyó sa akin.

—Sino?

—Si Kamátayan.

Waláng kamalay-malay ang dalawáng nag-uusap na si Dr. Arcelón ay nasa tapát pa ng bintana. sadyang nakimatáyag at nakiram-dám upáng máhiwatigan man lamang niyá kung anó ang mapag-úusapan ng dalawá sa kanyáng pag-alís. Dinig na dinig ni Dr.

Arcelón ang lahát ng sinabi ni Selina. Minsan siyang mápangiti at minsang umasim ang mukha.

Ang matandáng manggagamot ay talagá sanang papaalis na, nguni't sa dahiláng may ibig na ibulóng kay Martín ay nagbalik na muli. Sa pagbabalik na itó, nang siyá'y nasa may puno ng hagdán ay náulinigan ang magiliw na pag-uusap ng dalawá. Gumawi siyá sa dakong malapit, sa tapát ng bintana, at nagkunwáng nagtátali ng sapatos.

Nang magpatuloy na siyá sa pag-alís ay waláng násabi sa sarili kundi magiging nápakahirap na papaghiwalayín ang dalawá.

Noón niyá nápatunayan na ang lagáy ng pag-iisip ni Martín ay wala pa sa katatagán. Kapág nábabangit sa kanyá ang asawa at dalawáng anak, si Martín ay nabábagbagán ng loób at waláng nilulungati kundi ang mábalik sa piling ng wika niyá'y lalong pinakamahál sa kanyáng buhay. Dá-tapwá't sa haráp ni Selina, ang lahát ay nawáwala sa ulo at ang buo niyáng kalulwá'y halos nápapabuhos sa magandáng babaing itóng nagpápalitó sa kanyáng pag-iisip.

Gayunmá'y buóng-buo ang pag-asa ni Dr. Arcelón na si Martín ay manúnumbalik sa dati niyáng kaláganan. Akay ng pag-asang itó ay nagtúlo'y siyá sa bahay niná Gundíng upáng aliwín sa mabuting balitang kanyáng iháhatíd. Buóng pananabik siyang sinalubong ni Gundíng.

—Mabuting balita—ang wika agád ni Dr. Arcelón na ikinápangiti ng babaing kinabábakasán sa pisngí ng mga luhang doó'y naglandás.—Nákausap ko ng sarilínán si Martín. Kayóng mag-iiná lamang ang tanging nasa alaala niyá ngayón. Wala na kundi kayó! Pinagsisisihan niyá ang, ayon sa kanyá'y masamáng sandali ng pagkikita nilá ni Selina.

Humingá ng malalim si Gundíng.

Nápansín ni Dr. Arcelón na ang mabait na asawang itó ng lalaking náliligaw ng landás, bagamán nagtitiis, ay labis namáng naninimdim. Oo nga't tinika niyá ang magpakasakit, at itó'y lúbungang ipinangako sa kanyá, alangalang sa ikabúbuti ni Martín. Nguni't si Dr. Arcelón ay naniniwalang magpákatining-tining man ng puso ng isáng matiising babae ay hindi maáaring di magdamdám sa nangyáaring katulad ng nangyayari kay Gundíng, lalo pa't naririnig nitó ang malimit na pagtawag ng kanyáng mga anak sa pangalan ng nawawalay niláng amá. Siyá man ang lumagáy sa katáyuan ni Gundíng! Waláng babaing di-titimuan ng matutulis na tinik sa puso kapág nilalayaran ng ipinalalagáy na kapilas

ng dibdib! Waláng asawang dimamámahay sa luha kapág dumaráting ang gayóng pagkakataón!

Palibhasa si Dr. Arcelón ay isáng manggagamot na may mapanuring matá ay di nálingid sa kanyá ang unti-unting pagtatanan ng siglá sa kalooban ni Gundíng. Ang mapungay na mga matá nitó'y lalong pinapungay ng pamumugto. Ang sariwa niyáng katawá'y dahan-dahang nahuhulog sa ci-sásalang pakikipagpuyát sa bumábalong na luha.

Kaya...

Pinagsikapan ni Dr. Arcelón na ang mabait na iná ng dalawáng anak ay aliwín sa kanyáng paninimdim.

—Di maglilipat-buwán at siyá'y naritó na sa piling ninyóng mag-iiná—ang wika;—iyá'y tápatan at iyá'y ipinangangako ko sa iyó.

Isáng pilit, nguni't nápakatamba na ngiti ang sumilay sa mga labi ni Gundíng.

—Di lalo pong salamat!—ang tanging násabi.

—Iyán lamang—pasubali ni Dr. Arcelón,—pabayaán muna natin siyá; sa pakikipag-usap ko sa kanyá kanina ay labis kong nápatunayan na di pa gaanong mata-tág ang lagáy ng kanyáng pag-iisip.

Nagbuntúng-hiningá ang nahinimdim na si Gundíng.

—Bakit?—ang bigláng náitanóng ng manggagamot,—di ka ba nasisiyahán sa nábalita ko?

—Labis na nasisiyahán, doktor—ang malumanay na tugón ni Gundíng,—nguni't sa isáng nasa katáyuang katulad ng akin, ang isáng saglit ay isáng araw at bawát araw ay isáng taón...

(Itútulóy)

Dr. D. C. ESPIRITU

CIJUJANO-DENTISTA

Dalawangpung taong kasanayan sa paggawa ng "dentadura completa," pagbunot ng ngipin, pagtitiis sa mga sakit sa gilagid, fistula alveolaris.

Dr. C. G. LIM-ESPIRITU


Sakit ng Babae At Bata. Almuranas, Laging Nakukunan, at Hindi mag-anak, masakit na Regla o hindi ayos sa buwan. Nagpapanak—Maternity Clinic sa 1314 Felix Huertas, Requesens — Opisina, 3 Palapag, Roces Bldg., Cine Ideal, 429 Ave. Rizal. Cuarto 305—Horas 8—12 N.U. 2—6 N.H.

SAFETY and EFFICACY

Ang CASTORIA WATSONAL ay naging paksang pambahay sa lahat ng dako ng Pilipinas sa mahigit na dalawampu't limang taon. Ang paghirang na ito sa CASTORIA WATSONAL ay siyang bunga ng napatunayang mga kapakinabangang tinatamo dito—LIGTAS AT MABISA bukod sa may KAYAAYANG LASA.

Kapag nasisira ang tiyan ng Sanggol, makapagtitiwala kayo sa CASTORIA WATSONAL na madaling mapapawi ang karamdaman. Pinasisigla ng CASTORIA WATSONAL ang pantunaw at inilalagay sa KARANIWAN ang pagdumi. Nagugustuhan ng mga BATA AT SANGGOL ang CASTORIA WATSONAL pagka't masarap ang lasa nito at banayad ang bisa.

Laging iginigiti na hingin ng MATALINGNG INA ang CASTORIA WATSONAL.



IGIIT ANG

WATSONAL CASTORIA

Ang Kaibigan ng mga Bata

BOTICA BOIE

95 ESCOLTA

MAYNILA





IKA-9 NA ARALIN

ANG KAILANAN NG MGA PANGNGALAN

Si Huséng Sisiw

NOONG nakaraang linggo, ang kuwento ukol kay Lakandula ay nabasa ninyo. Ngayon namán ay inyong basahin ang kuwento ukol sa naging guro ni Francisco Baltazar, si Jose de la Cruz, na kilalá ng marami sa tawag na Huséng Sisiw.

Si Huséng Sisiw ay ipinanganák sa Tundó, Maynila noóng ika-24 ng Disyembre, 1746.

Maliit pang bata si Huséng Sisiw, nang kanyáng ipakilala ang pagkamahilig niyá sa pagtula. Ang mga kapit-bahay lamang ang mga unang nagturo kay Husé ng abakada. Una niyáng nátutuhan ang "cartilla"; pagkatapos ay "catón" ang kanyáng pinag-aralan. Nátutuhan niyáng lahat ang mga Misteryo at saka "Doctrina Cristiana." Iyán lamang ang mga tanging aklát na kanyáng pinag-aralan.

Tunay na masikap si Husé, sapagká't unti-unti niyáng binasa ang mga aklát na nápasakamáy niyá. Sa ganyáng paraán, nagkaroon siyá ng pagkakataóng matunghayán ang iláng aklát ng Pilosopya at Cánones, hanggang sa siyá'y makatula sa wikang latín, bukód pa sa wikang kastila at wikang tagalog.

Nguni't ang kanyáng mga magulang ay nangamatáy, kaya hin-

di siyá nakapagpatuloy sa gayóng gáwain. Subali't ang kanyáng pagkamahilig sa pagtula ay umunlad na rang umunlad. Mula noon, siyá'y nápabantóg sa pagtula, at bihirang paanyaya sa mga pista-han, na noon ay nasusulat sa tula, na hindi siyá ang pinagá-gawa. Ang mga sulat man sa pag-ibig ay nasusulat din sa tula kaya si Husé rin ang naging takbuhán ng mga binata. Nákilalang lalo ang kanyáng pagkamabuting makata nang siyá'y kilalaning guro ng mga noon ay tumútula. Sinásabing magalíng daw si Husé sa paghilot sa mga tuláng piláy.

Ang kabantugán ni Huséng Sisiw ay nakasapit sa kaalamán ni Francisco Baltazar, at isá na siyá sa mga pumaroon sa táhanan ni Husé upáng magpaayos ng mga tuláng sinulat niyá. Sa simula pa lamang ay natanto ni Husé ang talinong tagláy ni Balagtás, kaya itó'y kanyáng kinilala at itinangi.

Bakit siyá pinalayawan ng "Huséng Sisiw"? May palagáy na kaya raw pinamagatán siyáng "Huséng Sisiw" ay dahil sa di niyá ináayos ang tuláng ilapit sa kanyá kundi may upang isáng sisiw. Nguni't mga taong nakákilalá sa makata ang nagsisipag-sabing hindi raw totoo ang palagáy na iyán. Ang sanhi raw ng palayaw ay waláng ibá kundi ang kanyáng pagkaibig sa pagkain ng sisiw. Maging sa mga gulay man daw, ang lalong ibig ni Husé'y ang mura, sapagká't ayon sa kanyá'y iyon daw ang masaráp at lalong masustansiya. Bukod diyán, maraming taga-Tundó ang nagsabing si Husé'y mabuting tao at di gumawa ng pag-iimbót sa kápuwa.

Tunay na mahilig si Husé sa pagbabasa. Ang bawá't aklát na mapasakamáy niyá'y kanyáng pinagtiyagaang binasa upáng malaman ang láyunin ng sumulat ng aklát. Ang Bibliya ay isá na sa kanyáng pinag-aralang mabuti,

kayá't náituturo raw ni Husé ang kabanata at bersikuló ng bawá't pangyayari.

Bakit kaya nagkasira si Husé at si Balagtás? Isáng araw, si Balagtás ay nagsadya raw sa bahay ni Husé at sumangguni ukol sa isáng bagay na itinuro namán sa kanyá. Itó raw ay di tinupád ni Balagtás at nálaman namán ni Husé. Ang bagay na iyon ay siyáng ikinagalit niyá at pinagsabihan si Balagtás na huwág nang paturo pa sa kanyá at ipalagáy na di silá nagkákilala. Ang bagay na iyon ay dinamdam namán ni Balagtás at ang magguro ay di na muli pang nagbatián.

Si Huséng Sisiw ay maraming sinulat na komedya at mga kurido. Sumulat din siyá ng iláng tula.

Namatáy siyá noong ika-13 ng Marso ng taóng 1829.

Ang Kailanán ng mga Pangngalan

Náipakilala ang kailanán ng mga pangngalan sa ibá't ibáng paraán. Maáring gumamit ng mga pantukoy upáng máipakilala ang isahan at maramihán ng mga pangngalan.

1. Ang bata ay nag-áaral.
2. Ang dalaga ay masipag.
3. Ang pusa ay nanghuli ng daga.
4. Si Gil ay naglálaro.
5. Si Dora ay naglúluto ng pagkain.
6. Si Gene ay kumákain na.

Ang si at ang ay mga pantukoy na isahan at nagpápakilala na ang mga pangngalan ay nasa isahan.

1. Ang mga bata ay nag-áaral.
2. Ang mga dalaga ay masipag.
3. Ang mga pusa ay nanghuli ng daga.
4. Siná Gil ay naglálaro.
5. Siná Dora ay naglúluto.
6. Siná Gene ay kumákain na.

Ang siná ay siyáng maramihán ng si. Ang ang mga ay siyá namáng maramihán ng ang. Nasa kailanáng maramihán ang pangngalang pinangungunahan ng siná at ang mga.

Ang kailanán ng pangngalan ay náipakilala rin ng pang-uri.

Isahan	Máramihán
magandá	magagandá
mabuti	mabubuti
masaráp	masasaráp
maayos	maaayos
malakí	malalakí

1. Ang magandang dalaga ay aming nákita.
2. Ang magagandang dalaga ay aming nákita.
3. Maayos ang inyóng táhanan.

4. Maaayos ang kaniláng mga táhanan.

Ginagamit din ang pamilang sa pagpapakilala ng kailanán ng pangngalan.

1. Isáng aklát ang aking binasa.
2. Limáng aklát ang hinirám ko.
3. Sandaáng kabán ang kailanngan namin.
4. Sampúng piso ang halagá niyán.

Pagsasanay

Sabihin ang kailanán ng bawá't pangngalan sa pangungusap.

1. Si Choleng ay may mga táhanang magagandá.
2. Ang limáng mag-aarál ay pumasok na.
3. Isáng babae ang laging may-sakit.
4. Ang mga batang maliliit ay naglálaro.
5. Siná Eugenio'y mababaft.
6. Makukupad na manggagawa ang nagsigawa ng bahay.
7. Si Nena ay pinsan ko.
8. Dalawang aklát ang pinag-aralan namin.
9. Siná Ana ay masisipag.
10. Ang mga tao'y payapang umuwi.—#

HALIK SA...

(Karugtong ng nasa pah. 15)

nagsihunos nang takalin na ang mga lugás.

Galák na galák si Ida. Nakahunos siyá nang mahigit na apat na kabán at iyon ay ipinagmamalaki niyá sa sinumáng nakakausap. Noon lamang siyá nakálasáp ng kita buhat sa sariling paták ng kanyáng pawis.

Ang mga tao sa Katakti ay matagál din bago nagsibalik sa kaniláng mga táhanan sa baybáy kalsada at itó'y nang magtatag na laniang ng mga pamahalaán ang mga nanakop na Pondiyap.

Ganoon man, hindi lahat ng lalaki ay nagkaroon ng lakás ng loob na mamalagi sa kaniláng táhanan sa malapit sa kalsada, sapagká't ang mga trak ng kaaway ay malimit ding humarurot sa maalikabok na lansangan sa paghanap ng mga bisig na mapagágawa ng anumáng gáwain sa mga gárison at ibá pang himpilang hukbo ng mga hapon.

At upáng makaiwas sa kinatátakutang pangangalap ng mga lalaki, karamihan sa kanilá'y nagsisipagparaan ang araw sa mga bukid at kasukalan at saka na lamang bumabalik ng bahay paglata ng kadiliman ng gabi.

Sakit Sa Balat... Sakit Na Lihim

DR. F. C. PLANTILLA

May 13 taong naging punong manggagamot ng "Cebu Skin Dispensary," pinakamalaking pagamutan ng sakit sa balat ng Pamahalaan sa Pilipinas. Dalubhasa sa pagkilala ng ketong. Daglang paggamot sa gonorea at siphilis.

Great Eastern Hotel, Echague, Kuwarta 315
8-9 ng umaga: 3:30-5:30 ng hapon

A. CASAJE OPTICAL CO.

OPTOMETRISTS & OPTICIAN

PRESCRIPTIONS EYES SCIENTIFICALLY EXAMINED EYE GLASSES ACCURATELY FILLED 241-A CARRIEDO, MANILA PROPERLY FITTED

RAYO-X; LABORATORIO CLINICO AT VAPOR-MERCURIO

LAMPARA ULTRAVIOLETA

Completong pagsuri at Modernong Paggamot ng mga karamdaman tulad ng: sakit sa da-anan ng IHI; SIRA ang REGLA; hindi PAG-AANAK; sakit sa BALAT; TISIS sa BAGA at APENDICITIS. SUGAT o PAMAMAGA ng SIKMURA; BITUKA; ATAY; MATRIZ; PANTOG at BATO.

DR. M. G. VIRATA

Nagtapes at nag-espesyalista sa pagka manggagamot sa ibang lupain. Naging Director ng Virata's Hospital, Kuarta No. 219 S.L. Cruz Bldg. Kanto ng Escolta at Plaza Sta. Cruz.

Kahit nasa malayong pook ang mag-anak na Valdivia ay patuloy silá sa pakikinig ng balita sa radyo. Naririnig nilang buong kabayanhang naninindigan ang mga kawal na pilipino at amerikano sa paghihintáy ng mga pantulong na dárating at dárating ayon sa tagapagbalita sa himpapawid.

Umáasa si don Mateo na dáring ang pantulong na hinihintáy upang silá'y matubos na muli sa mga nakasakop. Ang pag-asa nilá, lalo na ni Ida, na magtátanggumpáy ang mga kawal na nagsásanggalang sa Tangwáy ay tuluyang napawi nang isáng gabi ay malungkot na ibalita ng radyo na tagláy ang lahat ng pagdaramdani, subali't may palátandaan ng mapalalagong kagitingan, ang Bataá'y isusuko kinabukasan ayon sa pasiyá ng mataás na pámunuáng amerikano. Noon lamang natalos ni don Mateo na si MacArthur ay lumipat na palá ng himpilan. Nagtungo sa Australya, upang buhat doon umano ay balakin ang matinding dagok sa mga kaaway hanggang sa mapalayas ang mga ito sa Kapuluán at matubos ang mga pilipino.

Nabalitang buhat sa Bataán hanggang San Fernando ng Kapampangan ay pinalakad ang mga bihag. Kay-lungkot ni Ida nang mga araw na iyon. Hindi niyá ipinalalagáy na kasama sa mga nabuhay at napabihag ang kanyang katipán. Hindi susuko ang gayong kagitingan. Hindi magpápakaaba ang gayong katapangan. Iyon ay alam niyá. Náki-kini-kinita ni Idang nakahambalang ang bangkáy ng kanyang giliw sa kasukalan ng Bataán na nababalot ng kanyang ipinabaong bandila. Wala man lamang magpala. Pagká't sino pa ang makagugunitang kasama? Sa mga sandali ng pagkalito at kaguluhan, ang nagiging unang tungkulin ng isáng tao ay ilitás at iagap ng katiyakán ang kanyang sarili.

Tumangis nang kápait-paitan si Ida nang gabing iyon na hindi magamot ng pang-aliw na salita at paghimok ng kanyang kaibigang kapiling sa pagtulog.

—Kung may magágawa lamang ako,—ang himutok ni Ida.—Páparoon ako! Háhanapin ko siyá! Ang kanyang bangkáy ay sisinupin ko. Igágawa ko siyá ng karapatang libingang akma sa kanyang kabayanihan!

—Karásal ka sa Diyos!
—Nguni't isinuko na ang Bataán! Lahát-ay nayag nang sumuko mabuhay lamang. Ang hindi lamang pápayag na mabuhay na kahiyá-hiya at sumuko ay si Renato. Kaya siyá lamang at mga kasama niyá ang maáaring namatáy, namatáy na lumalaban at ipinagtátanggol ang katapusáng sukat ng lupang kinawáwaywayán ng kanyang ipinagsásanggalang na watawat.

—Nguni't may mga kapangyarihan ang Diyos na hindi kayang limin ng tao!

Hindi natutulog ang magkaibigan. Nag-áanasan silá. At lalo na silang hindi nákatulog hanggang sa umumaga nang sa gitnang kadiliman ng madaling-araw ay may pataupong mga lalaki.

Ang unang nagbangon ay si Victor na nasa silong ng bahay.
—Magandang gabi po namán! —ang narinig ni Ida at ni Mirang tugon ni Victor.

—Huwág po kayong magágalit —anang nagsigambala sa táhanang iyon,—kami po'y mga takas buhat sa Bataán!

Parang dinagukan ang dibdib ni Ida. Ibig na niyang magbangon. Baka kabilang sa kanilá si Renato. Nguni't pinigilan siyá ni Mira.

—Huwág ka sanang mapusok. Maghintáy ka kung ano pa ang susunod na mangyayari—anas ng kaibigan.

—Ano po ang maipaglilingkod namin sa inyo?—ang narinig nilang tanong ni Victor.

—Kung di po ninyo mámasamain ay ipinagtátapat namin hindi pa kami nakatitkim ng pagkain buhat pa kahapon ng tanghali.

—Magsipasok po kayo at nang mangakapagpahingá namán. May pápag kami rine at habang ako'y nagluluto ay magsipagpahingaláy muna kayo. Hindi sásalang nápakalayo ang pook na inyong pinagbuhatan.

—Sa Apalit po kami huling ni-liwanag kahapon!—tugon ng lalaki.

Nákita ni Victor ang anyo at ayos ng kanyang kausap nang kisán niyá ang isáng gasera at magliwanag sa silong ng bahay. Kinilabutan ang tsuper nang mákita niyá ang mga riple ng magkakasama na isinandál sa mga saláng pinakadinding ng silong.

Gancon man ay napalitán ng habág sa anyo ng mga tumakas sa Bataán ang damdamin ni Victor. Hindi na nito ginising si Tisya na alam niyang maghapon ng napata sa mga gáwain.

Siyá na ang nagkusang nagsalang ng sinaing sa isáng malaking katingán.

—Marami po bang nagsitakas? —ang tanong ni Victor nang hináharáp na niyá ang nakasalang na sinaing.

—Marami rin po kami, subali't naghiwá-hiwaláy at nang hindi mápansin ng mga hapon.

—Talagá po! Bibitayin kayo oras na mahulog sa kanilang mga kamáy, bakit may mga sandata pa namán palá kayo!—himig pagunita ni Victor.

Noon ay nasa lapág na ang magkaibigan at nakasilip sa siwang ng sahi. Kinikilalang maigi ni Ida ang mga kaharáp ni Victor. Anhin na lamang niyá'y mátunayang isá sa kanilá si Renato. Nguni't mahirap mangákilala ang mga iyon sa kanilang mga anyo.

(Itutulóy)

PAGBABALIK SA...

(Karugtong ng nasa pah. 31)

natitiyak niyang hindi siya naari: hindi siya marunong magsalita ni sumulat ng tagalog. Bukod sa katutubong wika ng kanilang lalawigan, ang alam lamang niyang salitain ay ingles, castala, at ilokano!

Nguni't sinabi ni G. Silos na iyon daw ay madalag malunasan. Sa kaunting pagtilyaga at sa pamamagitan ng mahuhusay na guro ay madali siyang matututo ng sapat na tagalog upang makalabas sa pelikula. At hinimok nga upang kumuha ng tinatawag na screen test o pagsubok.

Madali siyang binigyan ng pagkakataong makalabas bagaman bagong nagsisimula pa lamang ng pag-aaral ng tagalog. Ang una niyang pelikulang ginampanan ay may pamagat na "Ang Tigre". Itoy' sinundan ng isa sa mga napabantog na musikal ng taong iyon (1937): "Madaling Araw", at napabilang na siya agad sa mga kilalang artistang sina Elsa Oria, Ely Ramos at Yolanda Marquez. Itoy' sa samahang Sampaguita Pictures. Dalawá pa ang nilabasan niyang pelikula sa samahang iyan, bago siya lumipat sa Philippine Films, nang sumunod na taon.

Ang pagkakalipat niya ay dahil

kay F. Nolasco, na noo'y nahirang na Production Manager ng pangalawang samahan. Ang ginoong ito raw ang dahilan ng kanyang madaling pagkakaunlad. Si G. Nolasco ang unang tumulong kay Ernesto upang ito'y mapabantog. Kumikilala siya ng malaking utang na loob dito. Kaya nga, nang mapalipat si G. Nolasco sa Excelsior Pictures, ay sumama na naman siyang muli, at sa samahang iyon nama'y apat na pelikula ang kanyang ginanapan.

Sapagka't nananalig siyang tao-puso ang pagmamalaskit sa kanya ni G. Nolasco, si Ernesto La Guardia ay isa sa mga unang sumapi sa samahang Nolasco Bros, nang ito'y itatag noong 1941. Ang pelikulang talaga sana nilang gagawin bilang unang handog sa madla, na kanilang nasimulan na noong taong iyon, ay may pamagat na "Patay-Gutom". Nguni't inabot ito ng digmaan at hindi na nakuhang lutasin. Ito rin daw ang pelikulang pinamagatan pagkatapos ng "Ginoong Patay-Gutom" na nilabasan ni Leopoldo Salcedo nang matapos na ang digmaan.

Noon nama'y wala si Ernesto La Guardia sa Pilipinas. Siya'y nanirahan noon sa Kaliporniya, una muna sa San Francisco at pagkatapos ay sa Los Angeles. Nakasapagkatapos ay sa Los Angeles. Nakasapagkatapos ay sa Los Angeles. Nakasapagkatapos ay sa Los Angeles. (Nasa pah. 39 ang narugtong)

DR. A. T. SAN JUAN

Sakit sa Atay, Bato at mga Sakit na Lihim
Karunungan sa Panganganak at mga Bagay-Bagay tungkol sa Mag-asawa
MADALIANG PANGGAGAMOT SA "V. D."
Rayo Infra-Red Ultra-Violeta — Mga Kagamitan sa Diathermy
10-12 ng tanghali — 3-6 ng hapon
Bb. G. M. FRANCISCO tagapaglinkod na nars
Silid 226 Samanillo Bldg., Escolta



Gunitain ang mga Yumao na "MAHAL SA ATIN"

Gayakan sa "Todos los Santos" ang libingan ng mga mahal sa atin... at magtules ng

Kandilang La Milagrosa GINAMITAN NG "GENUINE WAX"

"Genuine Wax" buhat sa Amerika ang ginagamit namin sa paggawa ng aming mga kandila, kaya MATIGAS, HINDI NABABALUKTOT O NAPUPUTOL MAY MALAKING BAWAS SA PAKYAWAN

LA MILAGROSA

PAGAWAAN NG KANDILANG GANAP NA PUHUNANG PILIPINO
522 Clavel, Kanto ng Madrid, Binundok Maynila


MAKABIBILI KAYO SA:

MAYFLOWER
435 EVANGELISTA, QUIAPO

LA FAMILIE GROCERY
116 Bustillos, Sampaloc
333 G. TUASON, SAMPALOC

EL PROGRESO
807 Felgueras

356 Libertad, tapat ng Cine Look, Pasay



PAGBABALIK SA . . .

(Karugtong ng nasa pah. 37)

ma niya roon ang ibang mga artis-tang pilipinong sina Rosa del Rosario (na ngayo'y narito na rin at kasalukuyang bantog na bantog), Amparo Karagdag, mag-asawang Billy Smith, Fred Cortes, Frankie Gordon, Eduardo de Castro, at iba pa. Sinasabi niyang naging higit silang magkakalapit noong mga panahong iyon, sa kanilang pagkakasama-sama, sa pagiging malayo sa kanilang sariling bayan, kay sa noong mga panahong sila'y nangarito sa Pilipinas. Talaga raw yatang gayon: nangasa-ibang bansa. Ang pananabik daw sa sariling bayan ay siyang tanikalang bumibigkis sa kanilang mga puso!

TALAGA bang nais mong matalos ang pinagmulan ng ating bayan at ng sangkatauhan? Makinig ka, Neneng.

Tunay ngang marami ang naniniwala na ang Pilipinas noong unang panahon ay kaugnay ng Asya. Dumanano, kaya lamang nahawalay ang Pilipinas ay dahil sa biglang-biglang pagkatunaw ng daigdig ng yelo at dahil din sa nakagimbal na paglindol at napakalalim na bahang nagpalubog sa lupang noong unang dako'y parang mga tulay na naging kawing ng Asya at ng ating lupain.

Datapuwa't mayroon ding ibang paliwanag tungkol sa pinagmulan ng magandang lupaing itong tinagurian ni Rizal na "Perlas ng Karagatan." May nagsasabing ang ang Pilipinas ay siyang labi ng isang napakalaking lupalop sa dagat ng Indiya; ang lupalop daw ay ang tinatawag na Lemuria o kung hindi man ay ang Mu.

May nagpapalagay namang ang Pilipinas ay sadyang nilalang ng Lumikha. Sang-ayon sa ating mga ninuno, ay ito ang alamat tungkol sa pagkalikha sa ating bayan!

Sa pasimula raw ay ni walang langit at ni walang lupa. Wala kahit anong bagay, maliban sa Punong Pinagmulan. Naisipan Niyang likhain ang langit at ang dagat, at sa isang kisp-mata'y nalikha ang kalangitan at karagatan. Nguni't nalungkot ang Punong Pinagmulan nang kanyang makita ang mataas na langit at malawak na karagatan. "Ayoko ng ganito," ang nawika niya, "mapanglaw ang ganito. May matamis na awit sanang umaalingawngaw sa kalawakan!"

Sa kanyang pagkalungkot ay hindi napigilan ang pagkalaglag ng dalawang patak na luha. Ang dalawang patak na luhang yaon ay naging magkasuyong ibong umawit ng matamis na awit samantalang lumilipad. Nakita ng Punong Pinagmulan na ang dalawang ibon ay matagal na kumampáy-kampáy, nguni't mayá-mayá'y napansin Niyang napalaylay ang mga pakpak sa tindi ng pagkaha-po.

"Kawawang mga ibon! Malalaglag sa karagatan. Sana'y may pulong makahoy sa gitna ng dagat upang sila'y makapagpahingá," anang Punong Pinagmulan.

Noon din ay nagkaroon ng pulong irakahoy, kaya't ang dalawang ibon ay agad nagsidapo sa isang malabay na sanga at nagpahinga. Iyon daw magandang pulong lumitaw sa gitna ng karagatan ang siya nating lupang tinubuan.

Oo nga. Noong una'y walang tao sa kapuluan. Dalawang paliwanag mayroon ang ating ninuno tungkol diyan. Sinasabing ang dalawang ibon ay tumuntong sa sanga ng buho. Ano ba't may tinig silang narinig. "Ilakas ninyo ang pagtuktok. Ilakas ninyo!" anang tinig. Pinagbuti ng dalawang ibon at kahanga-hanga ang nangyari! Nang ang isang biyas ng buho ay pumutok, ay lumabas si Silalak. Sa katabing biyas na pumutok din, ang lumabas naman ay si Sibabay. Sila raw ang kanunu-nunuan ng mga tao sa daigdig — ang pinagmulan ng apobaket nating si Lububan na naglagda ng mga kautusang panuntunan. May iba namang paliwanag tungkol sa pinagmulan ng ating

mga ninuno — ang lahing kayumanggi. Dumanano, isang araw daw ang Punong Pinagmulan at Dulong Kauwian ng Lahat ay nalungkot. Ang kanyang naisip ay ganito: "Sayang ang ganda ng kalikasan kung walang kinapal na kalarawan kong pupuri sa aking mga nilikha." Noon din ay kumuha ng dalawang dakot na lupa, kinapal at inilagay sa hurno. Binulungan at pagkatapos ng isang kisp-mata ay inalis na sa hurno. Dalawang taong maputi ang lumabas sapagka't hindi pa lutong mabuti. Nalungkot ang Lumikha. "Putlain ang mga ito!" muling dumakot ng lupa, hiningahan at inilagay sa hurno. Matagal bago inilabas, kaya't nasunog na para ng uling. Umiling ang Lumikha at muling dumakot ng lupa, hiningahan at inilagay sa hurno. "Ngayon, kailangang huwag maging hilaw at huwag ding maging supok." Binuksan ang hurno at kayumangging kalutungan ang lumitaw na dalawang bagong kinapal.

Natuwa ang Lumikha, at sa katuwaan ay tinawag ang lahat niyang kinapal — ang mga puti, ang mga itim, at ang mga kayumanggi, at ang sabi — "Humayo kayo, kayong kinapal ko sa aking larawan, punuin ninyo ang daigdig at kayo'y magmahalan.

"Ang dalawang kayumanggi raw ang ating kanunun-nunuan.

"Maganda po, Inkong, ang inyong kuwento," ang magalang at buong pasasalamat na nawika ni Neneng nang matapos ang kuwento ni Inkong Iro'.—#

PANTULONG

- I. Ang Pilipinas ay pinamagatan ni Gat Jose Rizal na "Perlas ng Karagatan." Bakit kaya?
- II. Ipaliwanag ang tatlong kuru-kuro tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas.
- III. Ano ang ating alamat tungkol sa pinagmulan ng tao? Ng lahing kayumanggi?
- IV. Bakit dapat magmahalan ang lahat ng mga tao sa buong daigdig?

Mapalad siya, si Ernesto, at hindi siya umasang mabuhay sa pamamagitan ng pag-aartista samantalang nasa ibang lupa. Kung hindi, marahil daw ay naghikahos din siyang tulad ng iba sa ating mga kalahing hangga ngayo'y nangahihirapan pa rin sa pagbabakasakali sa tanyag na siyudad ng pelikula: sa Hollywood. Bagama't siya man ay nagtungo sa mga studio roon at "tumingin-tingin" kung siya'y maaaring magkaroon ng pagkakataong makalabas sa pelikula, pinagsikapan niyang makapag-aral at magkaroon ng ibang uri ng hanap-buhay. Kumuha siya ng **Interior Decoration and Painting**, o sining sa pagguhit, pag-aayos at pagpapalamuti ng tahanan at iba pang gusali. Nagkapalad naman siya, at nang magtatag na siya ng kanyang tanggapan, ay marami siya agad na naging mga suki, karamihan ay mga pilipinong maririwasa na nangagpapatayo ng kanilang tahanan doon. Kabilang sa mga tahananang kanyang inayos ang ipinagawa nina Billy Smith.

Kung sa bagay daw ay maaari siyang magpatuloy ng pamumuhay doon. Mabuti ang kanyang kinita sa pag-aayos ng mga tahanan. Magaan ang pagdating sa kanya ng kuwalta. Nguni't...sadyang hindi maamin ng kanyang kalooban ang manirahan nang paglagian sa ibang bansa. Hindi niya maiwaksi sa kanyang guniguni ang mga alaala ng sarili niyang bayan. Kahit na gaano siya kaligaya roon at kahit na talagang mahusay ang kanyang pamumuhay, ay hinahanap-hanap ng kanyang diwa ang mga bagay-bagay na kanyang nilisan.

Kaya, siya'y nagbalik, at haba raw siyang nalalapit sa paglalakbay na pabalik, ay lalo namang sumisidhi ang kanyang pananabik na makarating na't makitang muli ang Pilipinas. Bawa't bayan daw na kanyang maraanan: Honolulu, Tokyo, Hongkong, Sanghay, ay lalo niyang nababatid ang kaibhan sa lahat ng sarili niyang Maynila! Talaga raw maganda sa lahat at mahal sa lahat

TUBERKULOSIS

"Ang Maagang Pagkatuklas ay Maagang Paggaling"

Dalubhasang pagsusuri ng bage sa pamamagitan ng Rayo-X. Kung kayo ay may ubo, lagnat, sakit ng dibdib, hindi makatulog o makakain ay magsadya sa

TREPP MEMORIAL CLINIC

2ND FLOOR, ROOM 224 DE LEON BLDG., RIZAL AVE.

DR. B. M. VILLAPANDO

Espesyalista sa mga sakit sa Mata, Ilong, Tainga at Lalamunan, Tumitistis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi na kailangang matira sa Ospital.

Mga Bagong Kagamitan sa Pagsukat ng Salamin sa Mata — Rayos X
Oras: 9:00-12:00 A.M.—2:00-4:00 P.M. Araw ng Linggo: 9:00-12:00 A.M.
Bagong Tanggapan: 423 Evangelista Tagliran ng Simbahan ng Quiapo



Hinahanap ng marami niyang tagahanga ang muling pagganap sa puting-tabing ng magandang si Linda Estrella, na nakangiting buong kasiyahan sa larawang ito.

ang perlas ng dagat Silangan!

—Talagang Paraiso itong ating bayan — anya, na sa mukha ay nababanaag ang isang di-pangkaraniwang damdamin ng pagpapahalagá.—Kung mákikita lamang ng ating mga kababayan ang ibang mga siyudad sa Silangan . . . ang marurumi at wasak-wasak na daan, ang mga pulubing gula-gulanit ang damit, ang mga bangkay sa kalsada na nangamamatay ng gutom . . . isip mo ba panahon pa ng hapon dito sa atin, noong talagang napakahirap ng buhay! Nakapangingilabot. Kung makikita ng iba sa atin, marahil ay mababawahan ang kanilang pagrereklamo at panunuligsa sa ating pamahalaan at maisip nilang higit naman pala tayong mapalad.

Gayon na raw ang ligaya niya nang siya'y dumating. Hindi niya akalaing napakamahal pala niya ang kanyang bayan, kundi nang halos maluha siya pagbabalik buhat sa dalawang taong pananahanan sa ibang lupa.

Ang isa sa mga unang bumati sa kanya'y ang dati niyang kaibigang si Luis F. Nolasco. Ibinalita nitong naitatag na niyang muli ang sarili niyang samahang Nolasco Bros. Itinanong kay Ernesto kung nais niyang lumabas sa mga pelikula ng kanyang samahan.

ISINULAT NG . . .

(Karugtong ng nasa pah. 13)

pa rin sa pagtawag sa Diyos ang lahat. Sa labes nito, sa pintuang may tama ng mga punlo, ay lalong marami ang naghanay na pulubi, palibhasa'y may mga kawal-Amerikanong nagsisipasok doon, kundi man magdudulot ng limos na bagol ay nagkakaloob naman ng rasyon.

Hindi kalayuan sa hanay na ito, ay may isang babaing umaawit—ang áwit ay nakapagpapagunita ng maraming bagay sa lumipas na panahon.

Isang lalaking putol ang kaliwang paa ang biglang kumilos nang marinig ang awit. Kinuha ang kanyang muleta at lumapit na parang humahangos sa pulubing kumakantá sa dako roon upang matawag ang pansin ng sino mang maáaring maglimos.

Ang lalaking walang isang paa'y pumiling sa pagkakaupo sa pulubing umaawit, bago minasid ito, mulang ulo hanggang paa.

Napatigil ang pag-awit ng baba.

—Bakit mo ako tinitignan ng ganyan?—ang payamot niyang usisa sa pangahas na lumapit sa kanya't nagmamasid.

Lalong sumasal ang tibok ng

Nayag ako kapagkaraka — ang pagtatapat ni Ernesto. — Sinabi ko sa kanyang hindi ko nalilimutan ang aking mga utang na loob. Saka, napag-alaman kong sa kanyang samahan ay muli kong makakasama ang mga dati kong kaibigan, tulad halimbawa ni G. Joaquin Gabino, Si Gabino ang nagturo sa akin ng pagsasalita ng tagalog. Utang na loob ko sa kanya ang madali kong pagkakatuto ng wikang iyan, na, siya ko nang ginagamit sa pakikipag-usap sa lahat ng pagkakataon. Lalo pa nang ako'y nasa Amerika. Alam mo ba: ang mga pilipino sa Amerika na kapag narito'y inglisang nang inglisang, ay walang sinasalita doon kundi pawang tagalog!

At napangiti siya. Muling nanariwa sa kanyang alaala ang kanyang mga karanasan sa Amerika.

—Talagang totoo ang sinabi ko sa iyo — ang ulit niya. —Talagang nag-iibayo ang damdaming-makabayan kapag ikaw ay malayo sa sariling lupa!—#

puso ng lalaking iyon. Hindi siya nagkakamali.

—Mercedes! Diyos ko! Ikaw nga ba?—at namasid ng lalaki ang sunog na mukha at marak na pisngi ng babaing iyon. Sunog sanhi sa pagkakasabog, marahil, ng pulbura at ang kamarakan ay bunga ng gutom at kapanganya-yaan!

Hindi nakapagsalita ang tinawag sa kanyang pangalan, at ang tumawag naman ang minasid na mabuti.

—Renato! Ikaw ba? Diyos ko! Ano't nagkaganyan ka?—at napa-hagulgol ang babaing iyon, bago napayapos sa kanyang kapiling, nang di sinasadya.

—Ang Digma, Mercedes! Ang Digma! Patawarip tayo ng Diyos!

—Nguni't huwag, huwag kang lumuha, Mercedes! Ayokong lumuha ka!—at si Renato,—ang dating Payaso,—laban man sa loob niya'y naglabas ng kanyang dila, kumindat-kindat at kumanta ng isang kantahing mapanudyo.

At, si Mercedes, ang pulubi na ngayon, ay ngumiti... humalak-hak...kahit may luha ang mga mata.

* * *

Ilang saglit pa at ang dalawa'y bigla nang nawala sa hanay na iyon ng mga labi ng Sangkatauhan.

Ang kamay ng Tadhana'y sumulat:

Isinulat Niya ang ganito sa kanyang Aklat na Di Naluluma:

“Dalawang artista: ang inyong Tanghalan ay ang daigdig...Sa tunay na buhay, kayo'y talagang artista.”

Saka, bumaba ang tabing ng Karimlan—ang abuhing pakpak ng Dapit-hapo'y lumaganap na sa buong purok.

(WAKAS)

SARUNG BANGGI . . .

(Karugtong ng nasa pah. 19)


ha ko na ang tugtuging iyon. Iyon po ang pinakamaganda sa aking mga nálikha na, palibhasa'y ibá rin namán ang aking naging ispirasyon.

Sinulyapan at nginitian pa si Marina.

—Nanding—ang wika ni Rosa, —máibigan mo kaya kung pamanhikan ko si direktor na bilhin ang iyong Sarung Banggi, ipalimbág, gamitin sa pelikula at ikaw pa rin ang áawit?

Hindi nakasagot ang dalawa! Makailang ulit na lumunok si Nanding pagká't parang nanunuyo ang kanyang lalamunan, samantalang pinangiliran namán ng luha ang mga mata ni Marina, sa malabis na kagalakan at kabiglaanan.

(Itítuloy)



MASAKIT? MAKIROT?

ASPIRINA

BAYER

FORMULA: ASPIRINUM - CAFFEINUM & DE GUMMIFERUM

NAYARI din ang tirador ko," ang sabi ni Berto sa kaniyang sarili. Dumanipot siya ng isang bato at sinubok ang kaniyang tirador. Malayo ang inabot ng bato — lampas pa sa mataas na puno ng akasya nila.

"Maari na ito," ang sabi na naman ni Berto sa sarili, at itinago sa kaniyang bulsa ang tirador.

Pagkakain ng tanghalian, ay sinabi ng kaniyang ina "Ibilad mo sa araw ang mga kahoy na panggatong at pagkatapos ay matulog ka. Napakainit pa para maglaro."

"Opo," ang sagot ni Berto, nguni't ang naaalaala niya ay ang kaniyang tirador.

Pagkatapos na maibilad niya ang mga kahoy na panggatong ay sumilip siya sa silid ng kaniyang ina.

"Natutulog pala ang nanay ko. Maaari na akong maglaro," ang wika ni Berto sa sarili.

Dahan-dahan siyang nanaog at tuloy-tuloy sa may tabi ng ilog. Doon ay maraming ibong naglipad-lipad at nagdapu-dapo sa punungkahoy. Kinuha niya sa bulsa ang kaniyang tirador. Namulot siya ng mga batong maliliit. Naghanap siya ng mga ibong nakadapo sa mga sanga at ang mga ito'y tinirador niya. Nguni't wala siyang matamaan. Nagliparan ang mga ibon. Sila'y lubhang maillap. Tinirador niya ang mga ibong nagliparan. Lalo

Alagaan Ang Mga Ibon

Sinulat ni

JOSEFINA L. SANTOS

niyang hindi matamaan ang mga ito.

Lumakad nang lumakad si Berto. Sinundan niya ang mga ibon at tinirador niya sa tuwing sila'y dadapo. Hindi niya tamaan ang isa man lamang sa mga ibon. Pagud na pagod na siya at basang-basa ng pawis. Bumalik na siya sa kaniyang pinanggagalingan at naupo sa ilalim ng isang punungkahoy upang magpahingá. Walang anu-ano ay nakarinig siya ng iyakan ng mga inakay ng ibon. Naisip niyang ang mga iyon ay inakay ng isa sa mga ibong nila-bugaw niya. Hinanap niya ang pinagmumulan ng iyak.

"Hindi mawawalan ng pugad sa lugal na ito," ang sabi ni Berto sa sarili.

Tumayo siya at hinanap ang pugad. Naroroon nga sa isang sanga at nakakanlungan ng mga dahon. Si Berto ay umakyat sa punungkahoy at kinuha ang pu-

gad. Apat na inakay ang laman ng pugad. Tuwang-tuwang umuwi si Berto na dala-dala ang pugad, nguni't sa hagdan pa ay sinalubong na siya ng kaniyang ina na galit na galit.

"Saan ka nanggaling?" ang tanong ng ina.

"Tingnan ninyo ang uwi kong paglalaruan ni Totoy," ang isinagot ni Berto sa pag-asang matutuwa ang kaniyang ina.

"Saan ka nanggaling?" ang ulit ng ina.

"Doon po sa may tabi ng ilog at nanirador ng ibon," ang mahinang sagot ni Berto.

"Ah! At may tirador ka palá! Akin na ang tirador mo," ang galit na wika ng ina. "At kinuha mo ang mga inakay na ito? Ibalik mo iyan sa kinunan mo. Hanapin ng ina iyan. Mamamatay rito iyan. Lakad! Ngayon din ay ibalik mo ang pugad."

Sa tinig lamang ng kaniyang

ina ay nalaman ni Berto na dapat siyang sumunod agad nang walang tanung-tanong at walang tutol. Bumalik siyang malungkot na malungkot sa tabi ng ilog, umakyat sa punungkahoy, at inilagáy sa dating sangá ang pugad. Hindi pa siya halos nakalalayo ay may isang malaking ibong pali-gid-ligid sa pugad at tila masayang-masaya.

"Iyon marahil ang iná ng mga inakay," ang sabi ni Berto sa sarili.

Umuwi na si Berto at sinabi sa kaniyang ina ang nangyari.

"Huwag ka nang kukuha uli ng pugad ng ibon, ha?" ang sabi ng ina.


"Opo," ang pangako ni Berto.

Kinagabihang bagó matulog ay nagkuwento ang ina ni Berto. Heto ang kaniyang kuwento.

"Sa isang bayang maliit ay masagana ang pamumuhay ng mga tao. Marami silang punong-kahoy, halaman, at pananim na pinagkukunan ng pagkain, at marami rin silang mga alagang hayop na katulong nila sa hanap-buhay.

"Sa bayang iyon ay napakarami ang ibon. Sarisari ang kulay at iba't iba ang laki. Dumárapo silá sa mga punong-kahoy, sa mga halaman at sa mga pananim. Sa buong maghapon, sila'y nagliparan, nag-áawitan, at tumutuka ng mga uod sa mga halamanan.

"Isang araw ay naisipan ng mga



Ang bagong Embahador sa Pilipinas, ang Kgg. Emmet O'Neal at ang kanyang maybahay ay naghandog ng isang kasayahan sa mga batang nákasama sa paglalakbáy sa bapor "President Monroe," na ginanáp sa táhanan ng sugong amerikano sa Dewey Boulevard noong Setyembre 19. Makikita ang mga bata samantalang naglalaro at nagsisipsaad ang Embahador O'Neal, ang kanyang maybahay, at ang dalawang anak na dalaga. (Larawan ng "Pagsilang")

LIMANG KALULUWA . . .

(Karugtong ng nasa pah. 5)

ibayo, tukod pa ang naiuuwi niyang mga pagkain at mga lumang kasuutan.

Ang paglilingkod ni Diosdado sa Hukbo ay tumagal hanggang ika-4 ng Hulyo ng 1946, araw ng pagpapasinaya sa Bagong Republika ng Pilipinas. Ang hindi matingkalang katuwaan niya sa pagsasarili ng mga pilipino ay nabahiran ng kalungkutan. Sapagka't kinabukasan din noon, ang karamihan sa kanilang magkakasama sa "Base X" ay binawas, at ilan lamang ang inilabi. Sa gayo'y napabilang siya sa hukbo ng mga walang hanap-buhay sa Maynila, na araw-araw halos ay nagbibilang ng hakbang sa mga daang tinatahak at nag-aaliw-aliw pasanda-sandali sa panood ng sarisaring panindá na hindi namán mabili, sapagka't wala siyang salapi.

Isang mapalad na umaga, sa kanyang paglalakad sa liwasang Goiti, ay natapawan siya ng isang datihang kaibigan na kabilang sa mga katiwala sa daungan bilang "7". Nang mabatid na siya'y naghahanap ng mapapasukan, kahit maging isang tagabuhay sa Pier, noon di'y inalok siyang sumama upang sumapi sa "Kapisanan ng mga Estibador".

Si Diosdado ay hindi nainip sa paghihintay ng pagkakataon. Sa tulong ng kaibigang maawain, siya'y napabilang na manggagawa sa Pier, sa ilalim ng pangangasiwa ng kanyang kaibigang katiwala. Pinasahod siya ng sapat na pambuhay sa kanyang mag-iina, nang hindi kinailangan ang kanyang pinag-aralan kungdi... ang lakas ng bisig at tibay ng pangangatawan sa mabibigat na gawain. Datapwa...

Isang hapon... Sabado noon... Pagkatanggap ng kanyang sahod sa buong sanlinggo, at pagkatapos mapagbayaran sa Kapisanan ang mga dapat niyang itulong, bilang isang kasaping nakatutupad sa mga tungkulin, ang unang tinungo ni Diosdado ay ang pamilihang Dibisorya. Namili siya ng mga pang-unang kailangan sa bahay upang hindi na mapagod ang maybahay niyang hindi rin naman natitigil sa iba't-ibang gawain. Pagkatapos ay nagpalipas ng uhaw sa isang tindahan, na dahil sa pagtitipid ay nagkasiya na lang siya sa isang maliit na tinapay at saka isang basong tubig.

Huminga pa nang malalim si Diosdado, pagkatapos mabayaran ang kinaing tinapay, at... nagpatuloy nang umuwi ng bahay. Sa loob ng sasakyan ay ni hindi man tinapunan ng tingin ang mga kaharap sa upuan. Sapagka't ang

totoo'y walang laman ang kanyang pag-iisip maliban sa iba't-ibang pinamili na kailangang isulit sa kanyang asawa bilang kapupunan ng uwi niyang salapi. At nang mapagsama-sama ang halaga ng baw't isa at matiyak ang kabuuan ng lahat ng pinagbayaran at mga binili, ay saka pa lamang tumangu-tango. Nilingap ang mga kapiling sa upuan at minukhaan ang mga kaharap. Nang wala siyang makilalang sinuman, ang ginawa'y dumukot ng isang sigarilyo sa lukbutan ng suot na kamisa-dentrong kaki upang magpausok. Datapwa... biglang-bigla na lamang nabitiwan ang mga hawak na balutan at nagkansasabog ang mga laman.

—Wala! — malakas na wika na ipinagkatanawan ng kanyang mga kasakay. — Nawala ang kartera ko! Dito nakalagay... May lamang tatlumpong piso!

Ang ibang mga kasakay ni Diosdado ay nagkilalanan, sa pagnais marahil ng isa't-isa na huwag mapaghinalaan ng nadukutan. Sapagka't ang totoo naman... sila'y para-parang mabubuting tao. At kaya lamang sila nagtanawan at nagkilalanan ay sa pagbabaka-sakaling sa pagmumukha ng sinuma'y nakalarawan ang kasalanan, o sa kilos at anyo... halimbawa'y ang pagkabalisa... ay sumisigaw ang sariiling budhi sa pagkakasalang ginawa.

Ang kabilisan ng pag-iisip ni Diosdado ay muntik nang magpahamak sa kanya, sapagka't ang matuling takbo ng sasakyan ay ni hindi na pinangambahan... at talaga sanang tatalon na upang magbalik sa tindahan ng insik na kinanan ng isang tinapay at ininuman ng sambasong tubig, kung di siya napigilan ng tiktik na kasakay at napagpaalalahanan.

—Hintay ka muna, kaibigan!— anang tiktik, na pinigilan sa isang b'sig ang nadukutan.—Hindi mo ba minámahál ang buhay mo?

—Hindi ko inaalaala ang aking buhay kundi... ang limang kaluluwang naghihintay sa akin sa bahay, kaya bitiwán mo ako at kilala ko ang pagmumukha ng lalaking dumagil sa akin sa tindahan ng insik...

—Ako'y isang alagad ng batas na nakalaang tumulong sa iyo!— pagpapakilala ng tiktik.—Datapwa... kung ngayon mo pa pagbabalikan ang sinasabi mong lalak, na dumagil sa iyo sa tindahan ng insik, ni ang anino niya'y hindi mo na maaanag-agan.

—Ano ang ibig ninyong sabihin, ginoo?—tanong ni Diosdado, na umupong muli.

—Sa paniwalaan mo't hindi, ang nangyari sa iyo ay isang pangkaraniwang kapabayaang mga katulad mong hindi maingat sa pagtatago ng salapi. Kaya't mula ngayon ay tandaan mo ang aking tagubilin: una-una'y huwag kang maglalagay ng salapi sa

lukbutan ng kamisa-dentro, ni sa alinmang lukbutang panlikod ng iyong pantalon, sapagka't ang mga panig na iya'y madaling nadurukutan ng mga bihasang mandurukot nang hindi man nararamdaman ng may-lukbutan. Gaya ng sinabi mo, dinagil ka ng isang taong dumaiti sa iyo sa tindahan ng insik... Ano ang inanyo ng nasabing tao nang mapatabi na sa iyo?

—May-hawak pong salapi na iniaabot sa insik at bumibili ng... ewan ko ba... hindi ko na matandaan!

—Nahulog ang hawak na salaping pilak, hindi ba?—tanong ng tiktik.

—Gayon nga po! Narinig ko pa ang kalansing sa semento...—tugon ng nadukutan.

—Naggalit-galitan, hindi ba?

—Opo. Nagalit at ako'y pinagwikaang... tila raw kung sino akong may-magagawa. Nang yumuko ako upang damputin ang nahulog na manalapi, sa hangad na iabot sa kanya at humingi ng pagpapaumanhin, siya'y nak'yuko rin at paagaw pang dinampot ang kanyang salapi, kasabay ng pagalit na wikang: "Talaga bang malakas ang loob mo?" At... siyanga pala!...—patuloy ni Diosdado, na waring nanariwa sa alaala ang isang bahagi ng pangyayari.—Sa pagkakayuko namin, isang kung sino naman ang dumat ng na padarag na lumapit sa tindahan, at walang pasintabing tinuhod ako. Sa pagpapanting ng aking taynga, ang halos nayapos kong katungo sa pagdampot ng manalapi ay nalimutan ko nang hingan ng pagpapaumanhin. sapagka't bigla akong naetindig at hinarap ang bagong dating na tumuhod sa akin.

—Kaunt ng lamig, amo! Hindi kita sinasadya...—may pakumbabang wika ng nasabing lalaki.

—Ang gayong ginawi ng hinarap kong lalaki ay nagpalubag sa aking kalooban!—patuloy ni Diosdado.—Nguni, nang lingapin ko ang unang kausap na nahulugan ng manalapi, anino ma'y hindi ko na naanag-agan. Sa gayo'y nagmadali akong lumayo sa tindahan ng insik, na halos magkampuputot sa mga balutang kipkip at bitbit naman ang ibang nakasilid sa dalawang bayumbayungang buli. Hindi ko na po naalaalang kapkapin ang ak ng kartera, sapagka't ako'y hindi datihan sa gayong pangyayari at walang karanasan sa mga kabilisan ng mga mandurukot....

—Pasalamat ka, kaibigan, at kahit paano'y nakabahagi ng pagkain ang iyong mag-iina!—nakangiting wika ng tiktik.—Kung hindi ka na nagbibili ng kung ano sa palengke, at tuluyang umuwi ng bahay, marahil ay napakinabangang lahat ang sinahod mo. Datapwa, ang walang ingat na katulad mo, at wala ring ka-



Bakahin ang kanyang ubo...

sa pamamagitan ng

TREPTUZIL

Nasubek at inihahatol ng bantog na espestyalista sa para noong bago pa man magkadigma, ang Treptuzil ay mabisa laban sa ubong buhat sa sipon, hika, brongkitis, laringitis at T. B. Napatunayan ng libulibo ang buting idinudulot nito. Hingin sa inyong botika.

FORMULA: Tincture of Belladonna, Tincture of Aconite, Tincture of Ipecac, 5 drops each; Ammonium Chloride, 2 grains; Sodium Benzoate, 15 grains; Bromoform, 4 drops; Tincture of Camphorated opium, 15 mins.; Syrup of Tolu, 5 cc.; Chloroform water q.s. ad. 1 fld. oz.

LEXAL LABORATORIES

1121-1123 RIZAL AVE • MANILA

• PHILPROM

ANG KAMBAL...

(Karugtong ng nasa pah. 25)

ni Lakás at ni Matimtiman kay Magandá, at...

—Isásalong ko ang aking palaso—ang wika ni Ban,—kung máririnig ko sa iyong mga labi na ako'y iyong iniibig.

Lumapit din si Abá sa harap ng bathala ng Arayat, at...

—Binibini—ang wika ni Abá at inilapag ang kanyang pana sa panan ng paraluman,—iginagalang ko ang bawa't katagang mamulas sa iyong mga labi. Nasa ilalim ng iyong kapasyahan ang aking káluluwá. Aalis ako kung siyá mong nais, nguni't bago ako tumalikod ay sásabihin ko muna sa iyo ang dinárasál ng aking puso: iniibig kitá.

batang lalaking magparamihan ng matitirador na ibon. Pagdating ng hapon ay naghahabaan ang tuhog nila ng mga ibon. Masasayang-masasaya sila. Magmula noon ay ginawa nilang libangan ang araw-araw na páramihán ng matitirador na ibon.

“Dumating ang araw na naubos ang ibon sa bayan. Ang karamihan ay nápatáy ng mga batang lalaki. Ang iba naman ay lumayo at humanap ng ibang tahanan. Nang maubos ang mga ibon ay dumami nang dumami ang mga uod at kulisap na kumakain ng mga halaman. Unti-unting naubos ang mga dahon at bulaklak at panay na sanga lamang ang natira. Ang mga tao ay wala nang makain. Naubos ang kanilang mga gulay. Ang mga punong-kahoy ay hindi na nagbunga. Ang mga alaga nilang hayop ay wala na ring makain. Silang lahat ay magugutom. Tangi sa rito'y ang mga uod ay nakakikilabot tingnan. Lumálagpak sila sa bahay, sa lupa, at sa kanilang katawan. Upang makaligtas sa ganitong mga kalagayan, ang mga tao ay umalis at lumipat sa ibang bayan.

“May ilang ibon namang itina-boy ng hangin sa bayang nilisan nila at doon ay nakita nilang magsasawa sila sa matatabang uod. Pag-uwi nila ay ibinalita ang bagay na ito sa kanilang mga kasamahán. Dumami nang dumami ang pumaparoong ibon araw-araw upang kumain ng mga uod, hanggang sa maubos ang mga uod at magkadahon uli ang mga halaman at punong-kahoy.

“Nang malaman ng mga taong nagsialis na sa kanilang bayan ay wala nang uod at buhay na uli ang mga halaman, sila ay nagsibalik at tinandaan na nilang huwag papatay ng ibon.”

Nang matapos ang pagkukuwento ng kaniyang nanay, ay sinabi ni Berto, “Malaki po pala ang naitutulong sa atin ng mga ibon.”

“Abá, oo, kaya't tatandaan mo nang uli-uli ay huwag kang papatay ng ibon,” ang wika ng ina.

“Opo,” ang pangako ni Berto. #

Náramdamán ni Ban na may gumapang na panibugho sa buo niyang katawán. Tinapunan ng nagbábantáng titig ang katauhan ng binatang kanyang kaagáw.

Ang puso ni Magandá'y nahati sa dalawang binata. Wala siyang malamang kilingan sa dalawá. Isang paraán ang kanyang násisip: subukin sa tatlong páligsahan ang dalawang baguntao.

—Kapwa kayo may pitak sa aking puso—ang wika ni Magandá matapos kuruin sa isip ang tatlong páligsahan kanyang imumungkahi sa dalawang binata.—Nais kong subukin kayo sa tatlong uri ng páligsahan: Una, sa pag-iangoy. Kailangang talunin ako ng sinuman sa inyo sa gágawin kong pagbátás sa lawang ang tubig ay salamin. Pangalawá, kailangang magharáp kayo sa akin ng isang kahanga-hangang alipin. Pangatlo, páligsahan sa pamamamana.

—Tinátanggáp ko ang iyong mungkahi—ang pasang-ayong sagot ni Ban.

Tumangu-tango lamang si Abá, na siyang naging tanda ng kanyang pagsang-ayon.

—Pátakarán—ang patuloy pang wika ni Magandá.—Sa tatlong páligsahan ay kailangang matamo ng sinuman sa inyo ang dalawang panalo. Kailangang maging dakila at máginoo ang sinuman sa inyo. Ang tagumpáy na malahiran ng kataksilán ay mawáwalán ng kabuluhán.

Lumingap-lingap si Magandá. Nátanaw niya ang isang paltok sa may dako roon ng lawang nasasalamín ang tubig. Minasdán ang dalawang binata, at...

—Pasimulan natin ang páligsahan. Sumunod kayo sa akin. Mula sa paltok na yaon—itinuro ni Magandá ang paltok na kanyang nátanaw,—ay tátayo tayo upang pagkatapos, sa pamamagitan ng hudyát ng hari ng mga duwende, ay tumalon tayo sa tubig ng lawa. Kung hindi ninyo ako talunin ay mawáwalán na kayo ng karapatan sa dalawang páligsahan, sapagká't hindi ko maáaring ipagkátiwala ang aking puso sa isang lalaking gahis ko sa lánguyan.

Inihakbáng na ni Magandá ang kanyang mga paá. Sumunod naman sa kanyá ang dalawang binata. Patakbong tumugaygáy ang hari ng mga duwende.

Nang dumating sa paltok ay inalis ni Magandá ang balabal na puting-puti. Nábilád na lalo ang kanyang kagandahan; hinangaang gayon na lamang ng dalawang baguntao ang hubog ng pangangatawán ng paraluman.

Tumayo siyá sa pagitan niná Ban at Abá. Pinuno ng hangin ng tatlong maglalaban ang kanilang mga dibdib, samantalang hinihintáy ang sigáw ng duwende na siyang maghuhudyát ng pagpapasimula ng páligsahan.

(Dúrugtungán)

MALAKING Timpalak Edukasyonal Ng SAMPAGUITA PICTURES, INC.

(Sa Hangaring Matawag Ang Pansin Ng Madla Hinggil Sa Mga Pelikulang May-Uri)

P5,750 Na Mga GANTIMPALA

Lahat na dapat gawin upang magtagumpay:

1. Matapos na mapanood ang aming mga pelikula sa unang pagtatanghal sa Dalisay, Center, Boulevard, o sa kahit alin mang dulaan na mahirang namin, ipadala ang inyong mga kasagutan sa mga sumusunod na mga tanong:

- (a) Naibigan ba ninyo o hindi ang tinig? Ipaliwanag ninyo.
- (b) Naibigan ba ninyo o hindi ang potograpiya? Bakit?
- (c) Naibigan ba ninyo o hindi ang mga kilos ng mga artistang lalaki at babai, Bakit?
- (d) Naibigan ba ninyo o hindi ang mga tagpo. Bakit?
- (e) Naibigan ba ninyo o hindi ang kasaysayan, bakit?
- (f) Naibigan ba ninyo o hindi ang pagkakapamatnugot, bakit?
- (g) Sino ang higit ninyong naiibigang artistang lalaki at babai na inyong huling napanood, bakit?
- (h) Ipadala ang inyong liham sa SAMPAGUITA PICTURES Inc., Consolidated Investments Bldg., Plaza Goiti, Maynila.

2. Ang timpalak na ito ay nagsimula noong Setyembre 26, 1947, at magtatapos sa Marso 31, 1948. Sa loob ng panahong ito, ang SAMPAGUITA PICTURES, Inc. ay magtatanghal ng maraming pelikula sa mga nabanggit na dulaan, o sa alin mang mga unang uring sine, na aming mapili. Ang mga sasali ay magkakaroon ng 15 araw upang maihanda nila ang kanilang mga huling kasagutan sa SAMPAGUITA PICTURES, Inc., hinggil sa mga naitanghal na pelikula ng nasabing samahan na tumutukoy sa mabuti o hindi ng tinig, tagpo, potograpiya, kilos, kasaysayan, pamamataugot at mabubuting artistang lalaki at babai. Ang mga huling kasagutang ito ay hahatulan ng Inampalan na kasama ng mga nauna na ninyong kasagutan na iniingatan ng SAMPAGUITA PICTURES, Inc. sa pagkakaloob ng mga gantimpala.

3. Upang kayo ay nmagkaroon ng karapatan sa pagtatamo ng mga gantimpala, kinakailangang makapagpadala kayo ng humigit kumulang sa anim (6) na unang sagot sa aming pelikulang naitanghal, na tuwirang napanood ng kasali. Ang mga unang sagot, tulad ng nabanggit sa unahan, ay kinakailangang ipadala sa loob ng dalawang araw, matapos na mapanood ang pelikula.

4. Ang timpalak na ito ay nagsimula noong Setyembre 26, 1947 kasabay ng pagtatanghal ng aming pelikulang “ANG KAPILYA SA MAY DAANG BAKAL” sa Dulaang Center

5. Upang ang lahat ay magkaroon ng pagkakataong makapagtamo ng mga gantimpala, ang mabuting pananalita ay hindi isasaalangalang, hangga't ang mga katwiran ay mahuhusay at nasusulat sa wikang Ingles o Tagalog. Ang huling kasagutan ay kinakailangang ipadala sa loob ng panahong nasasaklaw ng Abril 1 hanggang Abril 15, 1948, at hindi hihigit sa 500 kataga.

6. Lahat ng kawani ng SAMPAGUITA PICTURES, Inc., o sino mang ibang tao na may kaugnayan sa Samahan, ay hindi maaaring makalahok sa timpalak na ito.

7. Ang mga gantimpalang SALAPI ay binubuo ng mga sumusunod na halaga:

Unang Gantimpala	P1,000.00
Ika-2 Gantimpala	500.00
Ika-3 Gantimpala	250.00
10 Ika-4 na Gantimpala P100 bawa't isa	P1,000.00
20 Ika-5 Gantimpala P50.00 bawa't isa	P1,000.00
50 Ika-6 na Gantimpala P20 bawa't isa	P1,000.00
100 Ika-7 Gantimpala P10.00 bawa't isa	P1,000.00

8. Ang mga gantimpalang ito ay maaaring paabutin sa P10,000 sang-ayon sa mga gagawing pagtugon ng media sa Timpalak Edukasyonal na ito.

Panawá: Huwag kayong makatilibang. PANOORIN ang pagtatanghal ng “ANG KAPILYA SA MAY DAANG BAKAL” ng Sampaguita Pictures, Inc., sa Dulaang Center Nilalabasan nina Tita Duran, Oscar Moreno, Guia Imperial, Jose Cris Seto, Paco Zamora, Vicente Liwanag, at marami pang iba.



Si Bb. Rosario Gatmaitan, isá sa masusugid na alagád ng Wika at isáng modista sa purok ng Singalong, Maynila.

ranasan sa mga dukutan, o sa pinagsasanayang mga kaparaanan ng mga mandurukot, ay hindi dapat magbubuklat ng kartera sa karamihan ng tao, laluna sa isang pamilihang-bayan na karaniwang ginagalaan ng mabibilis ang kamay. Kaya, sa hinaharap na mga araw, kailangang gumamit ka ng kaunting katalinuhan at kaunting katusuhan. Ang ibig kong sabihin, ang salapí mo'y pagbubukudbukurin sa iba't-ibang lukbutan, upang kung madukot man ang isang bahagi ay matirhan ka pa sa iyong pag-uwi...

—Salamat po, ginoo, sa inyong paalaala!—ang tugon ni Diosdado, na minukhaang masusi ang kausap na tiktik.

Ang pinasalamatang tiktik ay dumukot sa isáng lukbutan, at nang paibis na sa sasakyán si Diosdado ay iniabot ang dinukot.

—Iuwi mo sa iyong mag-iina ang kaunting tulong na iyan, na hindi mo dapat alalahaning pagbabayaran pa. Ang huling payo ko lamang sa iyo, alang-alang din sa iyong mga anak at sa iyong asawa, ay limutin mo na ang mga nangyari. Sapagka't kahit saan mo paghanapin ang magkasabwat na nandukot sa iyo ay hindi mo na makikita. Ang katusuhan at katalinuhan ng mga taong yaon ay hindi mo kayang isipin upang mapaghigantihan. Ang pag-iingat mo mula ngayon upang hindi ka na madukutang muli ay magiging katumbas ng pagkabawi mo sa halagang nawala...

Ang huling pasasalamat ni Diosdado sa maawaing tiktik ay bahagya nang nabigkas. Sapagka't sa pag-uumapaw ng malabis na kagalakan sa kanyang puso ay kasabay rin namang namuno sa kanyang pag-iisip ang mga pangaral at pagpapayo ng nagma-

gandang-loob sa kanya at nag-abot ng lilimahin. Sa gayo'y hindi niya matutuhan kung ano pa ang dapat sabihin sa kausap na inihatid na lamang ng tanaw, habang palayu nang palayo sa kanyang kinatatayuan ang sasakyang inibisan. At kung hindi pa sinunud-sunod ang pagbusina ng isáng trak na dumarating ay hindi natauhaang muli ang tila nangangarap nang gising.

II.

Nang sumunod na mga araw, si Diosdado ay hindi lamang nagpakaingat sa kanyang pakikihalubilo sa maraming tao, maging sa paglalakad sa mga lansangang tila ginagawang pulungan ng magkakaibig't magkakakilalang nagkakatatagpo nang hindi sinasadya. Ang mga payo ng tiktik na nagpamata sa kanya kung paano makaiwas sa mga mandurukot na nagsisigala sa mga pook na matao ay hindi niya nalilimot kahit sandali. At bilang paghahanda pa rin sa anumang pangyayaring maaring kasuungan nang di-inaasahan, siya'y bumili ng isang balisong.

—Aanhin mo ang balisong na iyan?—tanong ng kanyang maybahay nang mapuná na pinagpagurang patalimin.—Ibinili mo pa iyan ng pagka'n natin, nabusog pa ang iyong mga anak...

—Ang isang babaing katulad mo ay walang kamuwangan sa suliranin ng isang lalaking may pinagdanasan!—tugong tila paghamak sa isipan ng babae.

—Ibig mong sabihin ay may pinaghahandaan ka niyan?—usisa

pa ng asawa.

—Wala akong tiyak na pinag-hahandaan, nguni't mabuti nang nakalaan sa di-hinihintay na pagkagipit kaysa wala!

Ang huling palwanag ni Diosdado ay tinugon lamang ng asawa ng pag-iling, na waring ang ibig sabihí'y hindi niya minamabuti ang gayong paghahanda sa isang panganib na hindi natitiyak na darating. Gayunpama'y ipinagkibit na lang ng balikat, sapagka't kailanma'y hindi niya naging ugali ang ipaggitan ang sariling mga palagay sa baw't maibigan at balakin ni Diosdado.

Datapwa...kinasabaduhan noon, ang pananabik ng mag-iina sa pagdating ng kanilang tagapaghanap-buhay ay nauwi sa pagkainip. Nang dumilim na ang mamlam na hapon at lumatag ang luksang balabal ng gabi, ang pananabik at pagkainip ng limang kaluluwang naiwan ni Diosdado ay naging pangamba. Sapagka't ang unang nabuhay sa alaala ni Nati ay ang mga banta ng kanyang asawa, na siyang dahilán kung kaya bumili ng isang balisong na pinatalim na mabuti.

—Ano kaya ang nangyari sa kanya?—ang tanong sa sarili ng nag-aalalang babae.—Napahamak kaya, o...?—At hindi na dinugtungan ang ibig sabihin, pagkalaala sa inihasang balisong.

Sa buong magdamag halos ay hindi nagpikit ng mga mata si Nati. Sarisaring hinuha ang naghaliling gumulo sa kanyang isipan. Naroong ipalagay na si Diosdado ay hinarang marahil ng mga mangungulimat, dahil sa sa-

laping sinahod. Pagkatapos ay siya na rin ang pumapatay sa gayong paniwala, at ang hahalili naman ay ang palagay na... baka hindi nakatanggi sa mga dating kasamahan, at sa pakikipaginuma'y nalasing at... napalaban ng away. Nguni, kung bakit naman hindi makatkat sa kanyang alaala ang pinangingilabutang "balisong"... at sa pag-iisip sa buong magdamag ay iyu't-iyon din ang gumigising sa kanyang panimdim...

Si Nati ay inumaga sa gayong paginilay. Ang antok ay hindi man naramdaman, kahit nanghahapdi na halos ang kanyang mga mata. At sa pagkapatigagal nang umagang yaon, dahil sa pagqalaala sa asawang hindi rin sumisipot ng bahay, siya'y waring alimpungat na ginitla ng isang patau-po. Nang buksan ang pintuan at sinuhin ang tumatawag ay isang di namumukhaang lalaki ang napakilala.

—Ako po ay isang kaibigan ng inyong asawa, na pinakiusapang dumalaw sa inyo upang ibalita na siya'y huwag hintayin... at huwag din namang alalahanin...

—Saan po siya naroon?—ang tanong ng asawang kinakabahan, na hindi na nakaalaalang anyayahan ang panauhin.

—Patuluyin muna ninyo ako at saka tayo magbalitaan!—paalaala ng nagbabalita sa babaing naguguluhan ng pag-iisip.

—Aba!... Nakalimutan ko nga pala!—anang maybahay, kasunod ang paghingi ng pagpapaumanhin sa kanyang pagkukulang.

(Nasa pah. 45 ang karugton)



TIKI-TIKI Boie

Enriched with Vitamin B₁



Hindi Nasisira — LIGTAS!

Makaulit na Dinalisay — WAGAS!

GINAGAWANG MASASAYA, MALULUSOG ANG MGA BATA

Made by BOTICA BOIE

95 ESCOLTA, MAYNILA


Ganyan Lang

ni ROMEO TABUENA

PARA-PARA!
MAGBABAYAD
AKO KAHIT NA
PISO

KAHIT NA HO
TATLONG PISO

HINDI NA HO
KAYA NG MUWELYE
NG JEEP KO!



DAHAN-DAHAN
LANG PADRE!

MABUTI PA IYANG
MANOK MO -
NAKAPALIGO -
IKAW AY HINDI



SUWALAY - TALAGA
BANG HINOG NA
ITONG KAMATIS
MO?




UY, MONANG -
SIYA YAONG
BAGONG KASAL
KAHAPON, AH!



PAGKA HINDI KA
TUMAHAN AY IYAK
NA RIN AKO!



BIM BAM
BOM



LIMANG KALULUWA...

(Karugtong ng nasa pah. 43)

—Wala kayong dapat alalahanin. Alam kong kayo'y nagugulumihan, at sinuman ang lumagay sa inyong katayuan ay magkukulang sa isang panauhin, dahil sa kasabikang malaman karakarka ang balitang inaasam...

Nang mapaupo na ang tiktik na dumalaw ay saka isinalaysay ang buong pangyayari. Ibinalita na rin pati ang pagkakasakay nila sa isang sasakyan, na kung hindi sa maagap niyang pagkakapigil sa bisig at mga pangaral, marahil noon pa'y nasawi na si Diosdado.

—Huwag ninyong alalahanin ang inyong asawa!—ang pagpapayo pa ng tiktik.—S'ya'y ikinulong naming pansamantala, habang hindi natatapos ang pagsisiyasat at napagpapasyahan ng Hukuman ang usaping kriminal na iharap ng maginoong Piskal. Sapagka't ang pangungutang ng buhay, o ang pagpatay ng kapwa ay isang kasalanang pinag-uusig. Gayunpama'y naniniwala akong... siya'y pawawalang kasalanan sa kanyang pagkapatay sa isang salarin. Sapagka't wala siyang ginawa kundi... ang dapat gawin ng sinumang napalagay sa kanyang katayuan, sa harap ng malubhang panganib na kanyang kinasuungan...

—Ibig ninyong sabihing... siya'y makalalaya rin at makabalik sa aming piling?—ang tanong ng naninimdim na asawa.

—Gayon po ang aking pag-asa at paniniwala!—ang tugon ng tiktik.—Ang pagsasadya ko rito sa inyo ay upang ibalita ang nangyari sa kanya, at saka... upang ipagkaloob sa inyo ang salap'ng kanyang sinahod, na siyang ipinakiusap sa akin na isakamay ninyo upang magugol sa inyong mga kailangan habang siya'y nakapiit.

—Maaari po namang kami'y makadalaw sa kanya, hindi po ba?—usisa pa ni Nati.

—Opo, kung ako'y naroon. Datapwa, upang hindi kayo pagkaiitan ay mabuti nang magsama kayo ng isang manananggol na mapakikiusapan; sapagka't ang mga manananggol ay may-malaking kaparayaan at karapatang makadalaw sa sinumang nakapiit, kahit gaano kalubha ang kasalanang ipinararatang.

At sa gayon natapos ang kanilang pag-uusap. Ang tiktik ay nagpaalam, pagkatapos makapagpasalamat uli ang asawa ni Diosdado sa kagandahang-loob na ipinakita sa kanilang mag-iina. Datapwa, ang pinag-aalinlanganan ni Nati, pagkaalis ng tiktik, ay kung paanong maligtasan ng kanyang asawa ang kasalanang pagpatay at pangungutang ng isang buhay? Siya nama'y nag-aral din, at sa pagbabasang lagi ng mga pahayagang pang-araw-araw at ng mga

nobela, o ng mga kasaysayang ukol sa pagpapatayan, ang isang nakamatay na katulad ni Diosdado ay tinatawag na kriminal. At ang sinumang kriminal ay pinarurusahan ng mga Hukuman...

Ang malabis na pag-aalaala ni Nati ay siyang naghatid sa kanya sa tanggapan o bupete ni Don Salvador L. Mariño, sa Villonco Bldg., Quezon Boulevard. Taglay ang maikling liham ng manunulat na si Prudencio Noble, bilang pagpapakilala sa kanya. At noon din, pagkabasa sa liham na kanyang iniabot sa batang-batang manananggol, si Nati ay sinamahan sa piitang kinakukulungan ni Diosdado.

Nang umuwi ng bahay ang naninimdim na asawa, pagkatapos mapasalamat si abogado Mariño sa pagpapagod nitong siya'y samahang makadalaw sa piitan, ang gumulo naman sa kanyang pag-iisip ay kung hanggang kailan siya maghihintay sa pagbabalik o pag-uwi ng bahay ni Diosdado. Sapagka't ano ang malay niya kung ang lahat ng mga sinabi ng tiktik ay pawang pampatabangpuso lamang, o pagbibigay sa kanya ng pag-asa; samantalang... dahil sa kanilang kawalan ng salaping pambayad sa mga tanyag at dalubhasang abogado sa mga usaping kriminal, gaya ng naging Pangulong Jose P. Laurel, o ng naging Senador at Mahistrado Claro Ma. Recto, o ng nangaging Hukom Mariano H. de Joya at Guillermo Guevara, sa halip makaligtas sa pananagutan ay lalo pang mapabaon at tuloy mamahay ng bilanguan nang mahabang panahon? Ang alalahaning iya'y siyang hindi magpatahimik sa kulooban at gumugulo sa pag-iisip ni Nati...

III.

Nang sumunod na mga araw, ang usaping kriminal na iniharap ng maginoong Piskal ng Siyudad, bilang pagtupad sa kanyang tungkulin, ay pinag-abalahán ding ibalita ng mga pahayagang pang-araw-araw sa Maynila. Sa sariiling tudling ng dalawang pahayagang pang-umaga sa wikang ingles ay tinurol d'n at pinagukulan ng ilang pangungusap ang ginawi ni Diosdado. Sa halip masama'n ay pinuri pa ang kanyang ginawa; sapagka't... "kung walang kaya ang mga alagad ng batas sa pagliligpit sa mga layak sa lansangan..." ang wika pa ng isang Patnugot... "ay dapat maglakas-loob ang mga mamamayang tahimik sa paglipol sa mga mangungulimbát sa lansangan, sa mapagsamantalang mga mandurukot at sa naglisaw na mga kriminal na hindi nagpapatawad sa pangungutang ng buhay ng kapwa upang makapagnakaw lamang ng pinaghanap-buhayan ng masisipag na tao! Kailangan ng Bayan ang maraming Diosdado Bayani,

na bukod sa pagtatanggol sa sariiling buhay ay may-lakas pa ng loob sa pagpatay sa mga manghaharang sa loob ng Siyudad na katulad ng Maynila, at sa mga lansangang-pambansa, upang sa ganya'y magkaroon ng kadalaan ang maraming nagsisipaghanapbuhay sa mga lukbutan ng mga mamamayang tahimik..."

Bilang katugon ng dalawang pangulong-tudling na násabi, ang mga pagtatapat ni Diosdado Bayani sa harap ng Hukumang lumitis ay pinag-ukulan din ng pitak ng iba't ibang pahayagan, pagkatapos mailagda ng Hukom na humatol ang pagpapawalang-sala kay Diosdado. Ang násabing mga pahayag, na tinukoy rin ni abogado Mariño sa kanyang maliwanag at makatwirang pagtatanggol sa pinag-uusig, at siyang pinagbatayan ng Hukuman sa pagpapawalang-sala kay Diosdado,

ay nabubuo sa mga sumusunod na salaysay:

"Ang pinag-uusig na si Diosdado Bayani ay isang manggagawang namamasukan at naglilingkod sa "Pier 7." Siya'y isang maringal at tapat na kawani noong bago magkadigmaan, sa isang palingkurang ng Pamahalaan ng Komonwels. Noo'y dadalawa pa lamang ang anak nilang mag-asawa; kaya't ang walumpong pisong sinasahod ay nakasasapat sa kanilang mag-aanak, dahil sa kamurahan ng mga b'lihing paninda. Pagkatapos ng digmaan, sa halip ng dalawang anak na dapat nilang buhay... ay apat na kaluluwa na ang ipinagkatiwala sa kanilang mag-asawa ng tadhana. Dahil diyá'y hindi naging sapat, kahit maglugaw na palagi, ang walumpong pisong sahod na siyang tinatanggap sa Pamahalaan.

(Nasa pah. 47 ang karugtong)



Ang mga babai at lalaki ay kasalukuyan ngayon ng nahuhumaling sa paggamit ng pomadang ROBIN HOOD dahil sa kataasan ng uri at bango.

Sa lahat ng Basar

BEAUTY CHEMICAL

Laboratory

950-958 BENAVIDES—MANILA

HIWAGA

ng PAG-IBIG

Kathambuhay ni... PANIMDIM Isinalarawan ni... RIC. COLLADO

IKA-30-LABAS


DIYAN KA HANGGANG SA MATUTONG UMIBIG...



KUNG SABAGAY AY HINAHANGAAN KO ANG ISANG LALAKING TAPAT KUNG UMIBIG.



TAPAT SIYA SA KANYANG KASINTAHAN, NGUNI'T...



DEREMOFF!



NAKAYUKONG HUMARAP SA DIWATA ANG DALAWANG ALIPING IBIG NIYANG UTUSAN.

KUNIN NINYO MAMAYANG GABI ANG KASINTAHAN NG LALAKING IYAN.



ITUTULUY.

LIMANG KALULUWA...

(Karugtong ng nasa pah. 45)

Sa gayo'y tinalikdan niya ang walumpung piso at namasukan naman sa isang sangay na palingkura ng Hukbong Amerikano dito sa Maynila. Sa kabutihang palad ay pinasahod siya ng ibayong halaga, bukod ang iba't ibang kapakinabangang tinatamo.

"Nang ipahayag ang Republika ng Pilipinas, ang Hukbong Amerikano ay nagbawas ng mga kawani at mga manggagawa sa iba-ibang sangay niya. Sa kasamaang-palad, si Diosdado Bayani ay napabilang sa maraming nangapalis o binawas. At mula noon, siya'y naging taung-lansangan, dahil sa paghahanap ng mapapasukan na makapagpapasahod sa kanya ng sapat na pambuhay sa kanyang mag-iina... sa limang kaluluwang hindi niya mapababayaang mangagutom.

"Nang tila nagtatampo na sa kanya ang kapalaran at ang pag-asa niya'y unti-unting lumalabo, dahil sa abut-abot na pagkabigo sa paghanap ng mapapasukan, sa wari'y himalang dumulog sa kanya ang pagkakataon nang makatagpo ang isang dating kaibigan sa isang liwasan sa Siyudad. Sapagkat nabatid nito na siya'y naghahanap ng mapapasukan, noon di'y inalok siyang sumapi muna sa "Unyon ng mga Estibador" upang mabigyan ng pagkakataong siya'y makapagbuhay ng mga kalakal na inilulunsad ng mga sasakyang nagbubuhay sa Estados Unidos at sa iba pang mga bansa. Mula noon, o pagkalipas ng ilang araw na pag-aantabay, si Diosdado ay nakapagsimula nang maglingkod sa "Pier 7".

"Noong ika-23 ng lumipas na buwan, si Diosdado Bayani ay sumahod ng ilanpung piso sa sanlinggo niyang paggawa o paglingkod. Pagkatanggap ng salaping sinahod, siya'y nagdaan sa pamilihang-bayan ng Dibisorya at ibinili ng mga pagkain ang kanyang asawa at apat na anak, na may sambuwan ding nagtiis ng unti-unting pagkain at kung makailang n'lipasan ng oras sa dipagtikim ng pagkain. Galak na galak ang kanyang puso at nasisiyahan ang kalooban sa biyaya ng kapalaran, salamat sa pagmamagandang-loob ng isang dating kaibigan at ng "Unyon ng mga Estibador". Datapwa... nang siya'y pauwi na ng bahay, sakay ng isang "jitney" na nagyayau't dito sa Dibisorya at Kalookan, mandiy alimpungat na nagising nang dumukot sa kanyang lukbutan at hindi makapkap ang kanyang kartera na may lamang tatlung piso. Ang gayong karanasan ay muntik nang sumawi ng kanyang buhay kundi... naagapan ng isang tiktik na kasakay na siya'y pigilan sa kamay at pagpayuhang magnilay-nilay muna bago tumalon sa sasakyan, dahil lamang sa

hangad na paghahabulin pa sa dalawang mandurukot ang karterang nawala na p nagsidlan ng buong kayamanan nilang mag-anak. Ang magandang payo ng tiktik na kasakay at nagmagandang-loob pang magbigay sa kanya ng tulong na limang piso nang siya'y bumaba o umibis sa sasakyan, ay siyang nagpalamig sa nagpupuyos niyang kalooban nang mga sandaling yaon...

"Datapwa... nang sumunod na mga araw, dahil sa di-pagkalimot sa pangyayaring nagpadugo sa kanyang puso at nagturo upang matutuhan niyang sumpain ang mga "layak sa lansangan" na hindi lamang nakasusukal kundi... lumilikha pa ng ligalig sa mga tahimik na mamamayan... si Diosdado ay naghanda at naglaan ng isang "balisong", bilang pananggol sa sariling buhay at pumatay sa sinumang mangangahas na muli na siya'y dukutan, o agawan ng salaping pinagpawisan niya sa sanlinggong pagpapakahirap.

"Ang pumatay ng kapwa ay isang pangungutang ng buhay... At ang pangungutang ng buhay ay dapat pagbayaran ng buhay rin, o ng pagkabilanggong habang-buhay naman. Nguni't ang pumatay sa isang mangungulimbat o mangha-

harang, na naghahanap-buhay sa sari-sariling lukbutan ng mga mamamayang mararangal at nagsis pagpatulo ng pawis upang kumita ng pambuhay sa mga kaanak, ay hindi isang kasalanang pinarurusahan ng alinmang batas sa sandaigdig. Manapa'y isang paglilingkod iyan sa Bayan at sa Lipunan, at pagtulong sa mga alagad ng Batas o sa Pamahalan, upang malipol ang masasamang-loob na siyang mga "layak sa lansangan", hindi lamang sa Siyudad ng Maynila kundi... sa mga bayan-baya't mga lalawigan man na pinamamayanihan ng mga kriminal na iyan.

"Ang napatay ni Diosdado Bayani ay isang lalaking may mahabang talaan na sa tanggapan ng Pulisiya sa Maynila, bilang isang mamamatay-tao, magnanakaw, manghaharag, manggagahasa ng babae, at kung anu-ano pang kasalanan. Sa apat na lalawigan sa Kalagitnaan ng Luzon ay pinangilabutan ang kanyang mga kalupitan at karahasan. At dahil sa kanyang mga kasalanang ginawa, siya'y malaon nang pinaghahanap ng mga Hukuman sa Maynila at sa mga lalawigan man upang papanagutin sa iba't-ibang kasalanang dapat niyang pagba-

waran ng buhay, o pagdusahan nang habang panahon. Salamat kay Diosdado Bayani, na sa isang pagkakatao'y kanyang nakatagpo sa isang sasakyán, at sa katalinuhang ginamit ng lalaking nagpakabayani sa pagtatanggol sa sariling buhay at sa pakikipagsapalaran sa harap ng panganib, ang kriminal na hindi matapaw-tapan ng mga alagad ng Batas ay nakatagpo rin ng kasukat hanggang sa... maligo siya sa sarili rin niyang dugo...."

May kasalanan o wala si Diosdado Bayani?—anang mga paha-yagan.

Ang katanungang iya'y tinugon ng Hukumang lumitis, at inilagda ang hatol na pagpapawalang-sala sa pumatay sa isang taong walang halaga sa bayan. Ang ginawa ni Diosdado Bayani ay siyang biglaang tugon sa sarili rin niyang katanungan na, "O bayaan kong mamatay sa gutom ang limang kaluluwang para-parang mahal sa aking puso, o utangin ko ang buhay ng kriminal na itong ibig na umagaw ng tangi naming kayamanan?" Sapagkat nang siya'y tutukan ng rebolber sa loob ng sasakyang pinatigil na bigla ng kriminal, sa pagdadahi- (Nasa pah. 49 ang karugtong)

HINDI KAILANGANG MAGING DALUBHASANG UPANG MAKAPAGHANDA NG MASASARAP NA PAGKAIN!

Gumamit lamang ng ...

R-P SEASONING

Wala nang iba pang bubuti dito

Ang R-P Seasoning ay nilikha na taglay ang mga proteing ng gulay sa ilalim ng maingat, malinis at makabagong mga pamamaraan. Hindi katulad ng ibang mga pampalasa, ito ay walang taglay na asin, kaya't hindi ito humuhulas kahi't sa ano mang panahon. May mataas na uri subali't napakatipid gamitin.

Ang Kaunti ay Matagal Gamitin... at ang R-P Seasoning ay 99% puro. Maputing tulad ng kristal at kumakalat agad ang natumaw na lasa sa lahat ng paggamitang pagkain.

Mabibili sa mga botelyang 1½ oz., 3½ oz., 6 oz., 12 oz., 20 oz., at 26 oz. sa lahat ng puwesto sa pamilihan at grocery.

Ang R-P Seasoning ay isang pangangailangan ng baw't tahanan.

Gawa ng Republic Products, Inc.
Cleveland, Ohio, Estados Unidos

TANGING TAGAPAMAHI

CHOA THIAN SIU

427-429 STO. CRISTO, MANILA • TEL. 2-72-20




1 SA ISANG LIBIS, AY NARORON SI BUHAWI. KALUNG-KALONG SIYA NG ISANG MUSMOS NA PANIBUGHO...

2 SA KANYANG PANGITAIN, AY PARANG NAKIKITA ANG PAG-UULAYAW NINA MAHINHIN AT HABAGAT...

MAHINHIN

ANG MAILAP NA BATHALA NG KABUNDUKAN...
nina JESUS S. ESGUERRA at DEO-C. GONZALES

SAMANTALA, SA ISANG GAWI AY NARORON NAMAN SI HABAGAT. GAYA RIN NI BUHAWI, SIYA AY NANGANGARAP NANG GISING...




3 NASAMBIT SA SARILI NI HABAGAT:
 "-MAPALAD SI BUHAWI, SAPAGKA'T MALAPIT SIYA SA PUSO NI MAHINHIN..."



4 AT SA DAMPA, AY NARORON SI MAHINHIN... NAGLALARO ANG KANYANG DILI-DILI. PARANG NAKIKITA SA PANGITAIN ANG MUKHA NG DALAWANG BAYANI.



SA SUSUNOD.
 "LUNAS SA DAMDAMIN"



LIMANG KALULUWA...
(Karugtong ng nasa pah. 47)

lang siya'y isang alagad ng batas at si Diosdado Bayani ay isang kriminal na kanyang pinaghahanap na malaon na, pagkaibis nila sa sasakyan ay nagsumamo pa siya, si Diosdado, na magbakasakali na sa ibang masalapi ang manghaharang. Sapagka't ang salapi niyang dala na hindi naman lubhang malaking halaga ay pambuhay lamang sa limang kaluluwang marahil ay pinamumutian na ng mga mata sa paghihintay sa kanyang pagdating. Datapwa't nagpumilit din ang kriminal, at si Diosdado ay binalaang... kapag hindi niya inilabas ang karterang may-lamang salapi ay utangin ang kanyang buhay at kukunin pa ang salaping kanyang pinagpawisan sa sanlinggong paggawa. Sa gayo'y madali siyang nagpasiya, at sa pagkukunuwang d'nurukot ang karterang hinihingi, sa loob pa ng lukbutan ng pantalon ay kinalas na ang pagkakalapat ng balisong, bilang paghahanda sa dimaiwasang pakikipagsapalaran sa kamatayan...

Ang utos ng nanghaharang na nagtuon ng rebolber sa kanya ay sinunod naman ni Diosdado. Inilabas ang kartera na may lamang sampung piso at iniabot sa uma-

angkin sa kanyang pinaghanap-buhayan. Habang nagbuklat ang pusakal na manghaharang at binibilang ang ilang pisong ibinukod sa kanyang kartera, ang balisong naman niya'y nailabas sa lukbutan na nakabalot sa panyolito; at sa pagkukunuwang magpapaahid ng butil-butit na pawis na noo'y waring humuhulas na sa buo niyang katawaan dahil sa pagkahalo ng takot at pagngingitngit, ang patalim ay unti-unting nabuksan. Kahit nababalot ng panyolito ang hawak na patalim, pagkadakot nang mahigpit sa puluhan ay hindi na nag-ukol pa ng anumang pagtatanong at biglaan na lang dinaluhong ang manghaharang, kasabay ang abut-abot na saksak sa dibdib at sa iba pang panig ng katawan na madaling ikinahandusay sa tabing-daán. Ang ilang babaing nakamasid sa kanyang ginawa ay nangapatili. Ang mga sakay ng iba't ibang sasakyang nagsasalimbayan sa lansangan ay madaling naglagda ng hatol, at sa halip bigyang katwiran si Diosdado, siya pa ang ipinalagay na nanghaharang sa kanyang pinatay, pagka't napataon sa kanyang pag-agaw sa sarili rin niyang kartera....

Datapwa't si Diosdado ay hindi man tumakas, gaya ng maaasahan sa mga karaniwang kriminal.




Siya pa rin ang nagpatawag ng pulis at hindi nalayuan ang kanyang pinatay na di-makilala kung sino... Pagdating ng pulis na unang dumalo ay iniabot niya ang "balisong" na dugu-duguan, na ang puluha'y nababalot ng panyolito nababahiran din ng dugo. Pagkaabot ng patalim ay itinuro naman sa pulis ang rebolber ng manghaharang na nabitiwan at hindi na naiputok, kasabay ang paunang-sabi na balutin sa isang ring panyolito upang hindi mapawi ang mga bakas ng daliri ng kamay ng kriminal. At pagkatapos ipagtapat sa pulis na nagtatanong na siya ang pumatay ay siya pa rin, si Diosdado, ang nagkuşang napadala sa himpilan upang doon tapusin ang pagsisiyasat.

Kataon namang nang mga sandaling yao'y nagdaraan ang isang sasakyan ng Kagawaran ng mga Tiktik, at sa mga sakay ay kabilang ang tiktik na naging kaibigan na ni Diosdado. Kaya.. pagkakita sa kanya, karakaraka'y siniyasat ang nakamatáy. Ipinagtapat naman ang buong pangyayari, at pagkatapos ay ibinulong ang pakiusap na ibalita lamang sa kanyang mag-iina ang kapahamakang nangyari sa kanya at ipagkaloob ang bahagi ng kanyang sinahod na pinagbukud-bukod sa

tatlong lukbutan, bilang pagtalima sa mga payo rin ng nasabing tiktik nang siya'y unang madukutan. Nangako naman ang kaibigan, at sila'y nagpatuloy sa himpilang pinagdalan sa kanya. Ipiniit siya upang papanagutin sa kasalanang pagpatáy, gaya ng iniharap na sakdal ng Máginoong Piskal...

Nguni, kinabukasan din noon, ang lalaking pinatay ni Diosdado ay nakilala ng Kagawaran ng mga Tiktik na isang kriminal na malaon nang pinaghahanap dahil sa di-mabilang na kasalanang dapat panagutan sa harap ng Lipunan at ng mga Hukuman. Sa gayong pangyayari, ang Puno ng Pulisya sa Siyudad at ang Punong Tagasiyasat ng Kagawaran ng mga Tiktik ay nagpasalamat pa kay Diosdado Bayani sa malaking tulong at paglilingkod na kanyang nagawa sa pagkakapatay sa malupit, halimaw at walang kaluluwang kriminal na lalong kilala sa taguring "Dodong Bigatin".

Kung isang kasalanang walang kapatawaran ang pangungutang ng buhay ng kapwa, hindi kaya isang kabanalan naman o isang daklang paglilingkod sa Bayan at sa Lipunan ang pumatay sa mga katulad ni "Dodong Biga-



9-24-47

tin"? Sa mga lansangan sa Maynila ay naglisaw ang maraming "Dodong Bigatin", at upang maglalipol, o mangaligpit ang mga sukal na iyan, ay hindi lamang ang mga alagad ng katahimikan ang may-tungkuling mag-usig sa kanila kundi... ang lahat ng mamamayang may-damdaming makatarungan. Sapagka't sila ang una-unang napipinsalaan sa mga kalikutan ng mabibilis ang kamay, pandarahas ng mga walang kaluluwa sa kapurihan ng kababaihan, panlalapastangan sa kapayapaan ng mga táhanan, at pangungutang ng buhay ng kapwa na walang ibang dahilan kundi ang hangaring makapagnakaw...

Mga Huling Pangyayari

Ang mga papuring iniukol ng mga pahayagan kay Diosdado Bayani ay siyang nagpalipat-lipat sa maraming bibig. Datapwa, ang mga papuring yao'y ni hindi man tinango ng ilong ng may-katawan, bagkus naging laman ng kanyang panimdim sa araw at gabi. Sapagka't sa halip matahimik ang kanyang kalooban ay lalo pang naguguluhan ang sariling pag-iisip, dahil sa paninisi ng budhi n'yang tuwina'y gumigising

sa isang alalahanin...

Ang pagkakapatay niya sa balitang kriminal na si "Dodong Bigatin" ay siyang nagbigay sa kanya ng bagong pangalan. Sapagka't sa pinaglilingkuran niyang "Per" ay hindi na siya makilala ngayon kundi sa bansag na "Mr. Bigatin." At kahit niya daanin sa galit ang pagtutol sa gayong taguri, ang mga kasamaha'y patuloy ring tumatawag sa kanya ng gayon.

Hindi lamang iyan ang dimagpatahimik sa kalooban ni Diosdado. Sa sarili man niyang tahanan, pati ng kanyang maybahay ay hindi nakalilimot sa kanyang ginawa, na pangungutang ng buhay dahil lamang sa munting halagang inaagaw sa kanya, na kung tutuusi'y hindi katimbang marahil ng isang buhay na kanyang kin'til. At ang wika pa ng kanyang asawa:

—Ang salapi'y nakikita, nguni't ang isang buhay na makitil ay hindi na mababayaran ng salapi upang magbalik sa katawáng pinanawan na ng hininga!

Ang makatuwirang palagay ni Nati ay nagpakunot lamang sa noo ni Diosdado. Sinadya niyang

huwag tugunin upang pangatwiran, sapagka't anhin man niyang isipin ay nananaig din ang s'gaw ng budhi na... kung siya ma'y pinawalang-kasalahan ng Hukuman sa pagkakapatay sa isang kriminal, at pinag-ukulan ng nakalalasing na mga papuri ng mga pahayagang nagbigay-katwiran sa kanyang ginawa... ang batik ng kasalahan na nakatatak sa kanyang noo ay hindi mahugasan ng pagsisisi. At sa halip na malimutan ay naguguniguning parati at waring tumatanghal sa kanyang paningin ang larawan ng kriminal na kanyang napatay nang sandaling naliligo sa sariling dugo, sa tab'ng-daang kinatagpuan sa kanila ng pulis na unang nagsiyasat. Ang pangyayaring yao'y naging sugat na pinaglamnan sa kanyang panimdim, at tuwinang maaalaala ay nangingilabot ang kanyang katawan.

Subali, ang alalahanin ding iyan ang siyang nagpapasilakbo sa kanyang dugo ka'lanma't nananariwa ang pangyayari... Sapagka't siya'y pinalad lamang na makauna, sa halip na siya ang mapatáy. At kung siya ang sinamang-palad, hindi lamang ang buhay niya ang sana'y nawala

kundi... may lima pang kaluluwang sa pagkaulila sa kanya ay... sino ang nakaaalam at makahuhula sa mangyayari?

O ang LIMANG KALULUWA... o ang ISANG BUHAY?

Ang katanungang iya'y tinugon ni Diosdado Bayani sa isang pagkakataong hindi niya hinihintay, nguni't malaon na ring pinangangambahang hahatulan ng kanyang "balisong". Sapagka't sa harap ng ganyang panganib, o sa harap ng mga kalupitan at panggagah's sa kapwa ng mga lalaking naghahari-harian sa mga lansangan, na hindi kumikilala sa mga maykapangyarihan bagkus mga kalaban ng katahimikan, si Diosdado Bayani ay walang lunas na maidudulot kundi ang kanyang "balisong" na pananggal sa sariling buhay at siyang pananggalang upang ang ilang pisong panligtas sa kagutuman ng limang kaluluwang para-parang mahal sa kanyang puso ay huwag mahamig ng isang tamad na ayaw maghanap-buhay at nagpapakabuhay lamang sa banat ng buto ng kanilang kapwa na siyang may karapatang matira sa daigdig...

WAKAS